



Ang Aklat ni Samuel na ngayo'y nahahati sa dalawa ang simula ng ikatlong bahagi ng banal na kasaysayan pagkatapos ng Genesis at Exodo. Dito inilalahad sa atin ANG GAWA NG DIYOS SA PUSO NG MGA TAO at ang paraan ng pakikipagtulungan nila sa paghahari ng Diyos.

Dito buong kasimplehang isinasalaysay sa atin ang mga halimbawa at mga pagkakamali ni DAVID: ang buhay niya, na kasingkaraniwan ng sa sinuman sa atin, ay waring may taglay na hiwaga. Pero sa dakong huli'y makikita nating ang Diyos pala ay nasa lahat ng nangyari sa kanya at sa kanya'y nagtayo ang Diyos sa mga Israelita ng isang bagay na di mapapawi.

Mahalaga ang librong ito hindi dahil sa mahahalagang pangyayari ng kasaysayang nakapaloob dito. Mas binibigyang-pansin ng Biblia ang PERSONAL NA KASAYSAYAN ni David kaysa kanyang mga tagumpay. Ang unang haring ito ng Israel ang modelo ng isang sumasampalataya dahil sa kabila ng kanyang malakas na personalidad at di pangkaraniwang talino, nagpapatnubay pa rin siya at NAGPAINSPIRASYON SA DIYOS, at pinakaimportante sa kanya ang maglingkod sa Diyos sa lahat ng bagay.

Sa librong ito'y para bang NAGTATAGO ANG DIYOS. Walang anumang pagbubunyag o mariringal na pagpapakita ng Diyos. Isang salita lamang kay Propeta Natan na magbibigay-direksyon sa hinaharap: ang paghahari ni David sa Jerusalem at sa Palestina ay mauuwi sa Kaharian ng Diyos sa sanlibutan. Si Kristo Jesus ang magiging ANAK NI DAVID.

Dalawang tao ang nauuna kay David:

– si SAMUEL, ang pinakahuli sa mga Hukom at isa ring propeta. Ito ang panahon na watak-watak ang mga Israelita at nadarama nilang kailangan nila ng isang permanenteng pamunuan: "Gusto naming magka-hari gaya ng meron ang ibang mga bansa," sa halip na umasa lamang sa mga inspirado ng Espiritu, sa mga "hukom" na laging naroon kapag kinakailangan sila ng bayan.

– si SAUL, ang pinakaunang hari na pinili ng Diyos, pero tinanggihan naman pagkatapos.

Sa simula ng libro, hindi pa ang Israel ang may-ari sa lupain ng Kanaan, pero naging magbubukid na sa permanenteng lugar ang mga tribu mula sa dati nilang pagpapagala-gala bilang mga pastol. Namayan sila sa kabundukan, at kadalasa'y wala silang magawa sa pagsalakay ng mga Pilisteong nakatira sa matabang kapatagan ng dalampasigan sa mga siyudad ng Gat, Gaza, Asdod, Askalon at Ekron.

**Si Ana**

**1** • 1 May isang lalaking taga-Rama na nagngangalang Elkana sa kaburulan ng Efraim. Anak siya ni Yeroham na anak ni Elihu na anak ni Tohu ng angkan ng Suf. 2 Dalawa ang kanyang asawa: sina Ana at Penina. May mga anak si Penina pero wala si Ana.

3 Umaahon taun-taon si Elkana sa Silo para sumamba at mag-alay kay Yawe ng mga Hukbo; ang dalawang anak na lalaki ni Eli na sina Yofni at Finjas ang mga pari ni Yawe roon.

4 Tuwing maghahandog ng alay si Elkana, binabahaginan niya ang kanyang asawang si Penina at lahat ng anak nito. 5 Ngunit doble ang ibinibigay niya kay Ana sapagkat mas mahal niya ito bagamat ginawa siyang baog ni Yawe. 6 Laging iniinis si Ana ng kanyang kaagaw sa pagiging baog para galitin 7 sa pagpunta nila sa Bahay ni Yawe taun-taon. Kaya umiiyak si Ana at tumatangging kumain. 8 At tinanong siya ng kanyang asawang si Elkana: "Ana, ba't ka umiiyak? Bakit ayaw mong kumain? Ba't ka malungkot? Hindi ba ako mas mahalaga sa iyo kaysa sampung anak na lalaki?"

9 Minsan pagkatapos nilang kumain at uminom sa Silo, tumindig si Ana sa may di kalayuan kay Eli, ang paring nakaupo sa upuang nasa tabing pintuan ng Bahay ni Yawe. 10 Puno ng dalamhati, buong kapaitan siyang tumangis at dumalangin kay Yawe, 11 at gumawa siya ng isang panata, at sinabing "O Yawe ng mga Hukbo, kung titingnan mo lamang ang dalamhati ng iyong lingkod at ako'y aalalahanin at di kalilimutan, kundi bigyan ako ng isang anak na lalaki, ibibigay ko siya kay Yawe sa lahat ng araw ng kanyang buhay at walang labahang lalapat sa kanyang ulo."

12 Habang nananalangin siya sa harap ni Yawe, pinagmasdan ni Eli ang kibot ng kanyang mga labi. 13 Nananalangin si Ana sa kanyang puso, kumikibot ang kanyang mga labi ngunit hindi naririnig ang kanyang tinig. Kaya inakala ni Eling lasing si Ana. 14 At sinabi ni Eli sa kanya: "Hanggang kailan ka ba magiging lasing? Kailan ka mahihimasmasan?" 15 Ngunit sumagot si Ana: "Hindi, aking panginoon. Ako'y isang babaeng lubhang naninimdim. Hindi ako lasing. Hindi ako uminom ng alak o serbesa; inihihinga ko lamang ang laman ng aking kaluluwa kay Yawe. 16 Huwag ninyong ipalagay na ako'y isang babaeng masama. Labis ang aking hinagpis kayat tuluy-tuloy ang aking panalangin." 17 At sinabi ni Eli: "Humayo kang mapayapa at ipagkaloob nawa ng Diyos ng Israel ang iyong hinihingi." 18 Sumagot si Ana: "Maging karapat-dapat nawa sa inyong kagandahang-loob ang inyong alipin." At umalis na siya at kumain. At wala nang nabakas na lungkot sa kanyang mukha.

---

• **1.1** Nagsisimula ang lahat sa isang simpleng mag-asawa na isinasabuhay ang dula ng kanilang buhay-mag-anak sa isang nayon sa kabundukan.

Mas mababa ang katayuan ng babae, at palaging magiging ganito sa Israel. Kasinghalaga lamang siya ng mga anak na isisilang niya. Ang bilang ng asawa ng isang lalaki ay batay sa kanyang kakayahang magtustos. Mahal ni Elkana si Ana, pero gaya ng pagmamahal niya sa kanyang mga anak.

Sa mga pamilya mismong ito na wala nang pag-asang magkaanak gusto ng Diyos na pumili ng kanyang mga lingkod. Ang Diyos ang nagbibigay-buhay sa mga patay at ng pag-asa sa mga walang pag-asa. Tingnan ang mga katulad na pangyayari sa kapanganakan ni Isaac at ni Juan Bautista (Lucas 1:5). Mababasa natin sa libro ni Isaias ang tula na nagsisimula sa ganitong mga salita: "Sumigaw sa galak, ikaw na dating baog." (Is 54:1).

Ipinapakita sa atin ng salaysay na ito ang buhay-relihiyoso nang panahong iyon. Nasa Silo ang toldang kinalalagyan ng Kaban. Wala pang templo noon, kaya dinadala ng mga namamanata ang mga hayop na kanilang ihahandog. Ang ama ng tahanan ang namumuno bilang pari ng pamilya sa pag-aalay ng mga hayop na handog. Mula lamang sa panahon ni David saka magiging tanging karapatan ng mga pari ng tribu ng Levi ang maging mga tagapamagitan ni Yawe at ng kanyang bayan.

Lumilitaw rin dito ang mas mababang kalagayan ng mga babae. Mahal ni Elkana si Ana gaya ng pagmamahal niya sa kanyang mga anak; pero hangga't ang mga lalaki ay puwedeng magkaroon ng maraming asawa, hindi magkakaroon ng mag-asawa ayon sa niloloob ng Diyos (tingnan ang Gen 2:24).

[19] Kinabukasan, maagang gumising si Elkana at sumamba sa harap ni Yawe, kasama ang kanyang mga asawa. At pagkatapos, umuwi na sila sa Rama. Nang sumiping si Elkana kay Ana na kanyang asawa, nahabag si Yawe kay Ana. [20] At nagdalantao si Ana at nagsilang ng isang lalaki na pinangalanan niyang Samuel sapagkat sinabi niyang "Hiningi ko siya kay Yawe."

[21] Muling nagpunta si Elkana sa templo, kasama ang buo niyang pamilya upang ihandog ang kanyang taunang alay at tupdin ang kanyang panata kay Yawe. [22] Hindi sumama si Ana at sinabi niya sa kanyang asawa: "Dadalhin ko roon ang bata pagkaawat na pagkaawat niya para iharap kay Yawe, at doon na siya maninirahan habambuhay. [23] Sinabi naman ni Elkana: "Gawin mo ang pinakamabuti sa palagay mo. Dumito ka hanggang maawat ang bata. Patatagin nawa ni Yawe ang iyong sinabi." Kaya naiwan nga si Ana at pinasuso ang kanyang anak hanggang maawat.

[24] Nang maawat na ang bata, isinama siya ni Ana gayundin ang isang torong tatlong taong gulang, ilang takal na harina at isang bote ng alak. Dinala niya ang bata sa Bahay ni Yawe sa Silo. Napakabata pa ng bata.

[25] Pagkakatay sa toro, dinala niya ang bata kay Eli. [26] Sinabi ni Ana: "Tingnan ninyo, aking panginoon! Ako ang babaeng nakatayo rito noon sa inyong tabi, at nananalangin kay Yawe. [27] Hiniling ko sa kanya ang batang ito at ipinagkaloob naman ni Yawe ang aking kahilingan. [28] Kaya itinuturing ko ngayon na hinihingi siya ni Yawe. Para kay Yawe na siya sa buong buhay niya."

At sinamba nila roon si Yawe.

**Dasal ni Ana**

**2** • [1] At nanalangin si Ana at sinabi:

"Kay Yawe puso ko'y nagagalak,
kay Yawe lakas ko'y nag-iibayo.
Bibig ko'y magmamalaki sa aking mga kaaway,
oo, nalulugod nga ako sa iyong pagliligtas.

[2] Si Yawe lamang ang Banal, wala kang katulad,
walang ibang Batong tulad ng ating Diyos.

---

• **2.**1 Sa kanyang awit ng pasasalamat, inaako ni Ana ang pagiging tagapagsalita ng lahat ng hamak sa kanyang bayan at sa daigdig.

Si Yawe ang Diyos na nagliligtas sa mga pinabayaan. Tinatanggihan niya ang mga nananalig *sa kanilang bisig, sa kanilang pana,* sa pagkaing tiyak na nakalaan para sa kanilang tahanan, ibig sabihi'y sa kanilang sarili at sa meron sila. Ipinamamalas niya ang kanyang luwalhati sa pagbaligtad sa pagkakaiba ng mga tao (tulad sa talinhaga ng mayaman at ni Lazaro, Lucas 16:25). *Si Yawe ang nagdadala sa libingan at bumubuhay.*

Maihahambing din ang awit na ito sa Awit ni Maria (Lucas 1:45). May propetikong pananaw ang awit ni Ana. At tulad ni Ana, kailangan din nating ipagmalaki ang ating Diyos, higit pa sa mga materyal na pag-unlad ng ating lipunan na naghahatid ng ligaya sa mayayaman at malalakas.

Sinasabi ng tekstong ito na mali ang mga naghahangad ng pag-unlad ng lipunan at sariling kapakanan, na ang tanging layunin lamang ay matiyak ang kinabukasan ng kanilang mga pamilya. Ang nasa panig ng mahihina ang siyang maliligtas. Samantalang ikinahihiya ng iba ang kanilang pagkahamak, pagiging trabahador o magbubukid, o ang paurong na kalagayan ng kanilang bayan, alam naman ng sumasampalataya na ang mga dukha at mga nagugutom ay tumutulong sa pagliligtas sa daigdig. Sapagkat kung saan salat sa lahat ng bagay, doon mas madaling madiskubre ang tunay na halaga ng tao, at maunawaan na wala nang daigdig na karapat-dapat sa tao liban sa daigdig na may pagkain at dangal para sa lahat.

[3] Tama na ang pagsasalita ng kapalaluan,
husto na ang kahambugan ng iyong mga labi
pagkat si Yawe ay Diyos – alam ito ng lahat –
siya ang tumitimbang sa gawa n g lahat.

[4] Bali na ang pana ng malalakas,
ngunit puspos naman ng lakas ang mahihina.
[5] Kailangang magpaupa ang mga busog para makakain,
ngunit hindi na kailangang magtrabaho pa ang mga gutom.
Ang baog ay pitong beses na nanganak,
ngunit naiwang walang pag-asa ang may maraming anak.
[6] Si Yawe ang nagbibigay ng kamatayan at buhay,
siya ang nagdadala sa libingan at bumubuhay.

[7] Si Yawe ang nagpapadukha at nagpapayaman,
siya ang nagbababa at nagtataas.
[8] Itinataas niya ang dukha mula sa alabok
at itinatampok ang naghihikahos mula sa abuhan;
pinauupo niya silang kasama ng mga prinsipe
at ipinamamamana sa kanila ang luklukan ng karangalan.

Kay Yawe ang mga pundasyon ng daigdig
at sa mga ito naman itinayo ang mundo.

[9] Binabantayan niya ang hakbang ng mga nagmamahal sa kanya
ngunit namamatay sa dilim ang mga masasama,
walang nagtatagumpay dahil sa sariling lakas!

[10] Nadurog ang mga kaaway ni Yawe,
kumukulog siya sa langit laban sa kanila.
Naghahari si Yawe sa buong daigdig,
binibigyang-lakas niya ang kanyang hari
at pinag-iibayo ang lakas ng kanyang pinahiran."

---

[11] At umuwi na si Elkana sa Rama, at naglingkod naman kay Yawe ang bata sa pangangasiwa ng paring si Eli.

**Si Eli**

[12] Masama at walang pakundangan kay Yawe ang mga anak na lalaki ni Eli.
[13] Kapag may nag-aalay ng handog, darating ang isang alipin ng pari habang inilalaga pa ang karne. [14] Itutusok nito ang isang tinidor sa kaserola o kaldero o kawa o palayok, at para sa pari ang anumang matusok ng tinidor. Ganito ang pakikitungo ng mga paring ito sa lahat ng Israelitang pumupunta sa Silo. [15] At kahit na bago pa masunog ang taba, darating na ang alipin ng pari at sasabihin sa lalaking naghahandog: "Bigyan mo ang pari ng karneng maiiihaw dahil hindi siya tatanggap ng nilagang karne galing sa iyo kundi hilaw lamang." [16] At kung sabihin naman ng lalaking "Pabayaan mo munang masunog ang taba, at saka ka kumuha ng anumang gusto mo," sasagot ang alipin:

"Hindi! Ibigay mo na ito sa akin ngayon,
kung hindi'y sapilitan ko itong kukunin."
17 Kayat napakalaki ng kasalanan ng mga
anak ni Eli sa paningin ni Yawe sapagkat
nilapastangan nila ang handog kay Yawe.

18 Samantala, naglilingkod si Samuel sa
harap ni Yawe – isang batang suot ang
lineng damit ng mga pari. 19 Taun-taon
lagi siyang itinatahi ng kanyang ina ng
maliit na damit-pari at dinadala ito sa
kanya tuwing aahon siya, kasama ang
kanyang asawa, para mag-alay ng tau-
nang handog.

20 Binasbasan ni Eli si Elkana at ang
kanyang maybahay, at sinabi: "Bigyan ka
nawa ni Yawe ng marami pang anak sa
babaeng ito bilang kapalit ng batang lala-
king ibinigay niya kay Yawe." 21 Pagkauwi
nila, biniyayaan ni Yawe si Ana ng tatlong
anak na lalaki at dalawang anak na babae
samantalang lumalaki naman sa piling ni
Yawe ang batang si Samuel.

22 Matandang-matanda na ngayon si Eli.
Nabalitaan niya ang lahat ng ginagawa sa
Israel ng kanyang mga anak. Nakipagtalik
pa sila sa mga babaeng naglilingkod sa
pintuan ng Toldang Tagpuan. 23 Kaya tina-
nong niya sila: "Pinag-uusapan ng mga tao
ang inyong mga masamang gawain. Bakit
ganito ang ginagawa ninyo? 24 Hindi, hindi
mabuting balita ang naririnig kong kuma-
kalat sa bayan ni Yawe, mga anak. 25 Kung
magkasala ang isang tao sa kanyang
kapwa, mamamagitan ang Diyos para sa
kanya. Ngunit kung kay Yawe siya mag-
kasala, sino pa ang mamamagitan para sa
kanya?" Ngunit hindi nakinig ang dalawa sa
sinabi ng kanilang ama sapagkat nakapag-
pasya na si Yawe na dapat silang mamatay.

26 At nagpatuloy naman sa paglaki ang
batang si Samuel, lumaki at bumuti sa
paningin ni Yawe at ng mga tao.

27 Isang araw, isang propeta ng Diyos ang
pumunta kay Eli at sinabi sa kanya: "Ito ang
sinasabi ni Yawe – Ipinakilala ko ang aking sarili
sa sambahayan ng iyong ama nang nasa Ehipto
sila, sa bahay ni Paraon. 28 Pinili ko siya mula sa
lahat ng tribu ng Israel upang maging pari ko,
para pumunta sa aking altar, magsunog ng
insenso at magsuot ng efod sa harap ko. At
ibinigay ko sa sambahayan ng iyong ama ang
lahat ng haing pinaraan sa apoy ng mga
Israelita. 29 Bakit ninyo ngayon binabastos ang
aking hain at mga handog na ako mismo ang
nag-utos na panghabampanahon? Ba't higit
mong pinahahalagahan ang iyong mga anak
kaysa akin at pinatataba ang inyong mga sarili
sa pinakamainam na bahagi ng bawat handog
ng aking bayang Israel? 30 Kaya ipinahahayag ni
Yaweng Diyos ng Israel – Ipinangako ko nga na
magpapatuloy sa paglilingkod sa akin habam-
panahon ang iyong sambahayan at ang samba-
hayan ng iyong ama, pero tapos na! Parara-
ngalan ko ang mga nagpaparangal sa akin,
ngunit hahamakin ko ang humahamak sa akin.
31 Malapit na ang araw na igugupo ko ang iyong
lakas at ang lakas ng sambahayan ng iyong
ama. 32 (At hindi magkakaroon ng matanda sa
iyong sambahayan.) 33 Ang sinuman sa iyong
sambahayan na hindi ko ititiwalag sa pagliling-
kod sa akin ay maliligtas para lamang lumuha
nang buong pait at mabuhay sa dalamhati. At
mamamatay ang lahat sa tabak sa kanilang
kabataan. 34 Magiging tanda para sa iyo ang
mangyayari sa dalawa mong anak na sina Yofni
at Finjas: kapwa sila mamamatay sa iisang araw
lamang. 35 Makakatagpo ako ng isang paring
tapat para sa akin, gagawin niya ang ayon sa
aking puso at isipan. Itatayo kong matatag ang
kanyang sambahayan at maglilingkod siya sa
akin at sa aking pinahiran sa lahat ng araw. 36 At
lalapit at yuyuko sa harap niya ang sinumang
malabi sa iyong sambahayan para sa isang
pirasong pilak o kapirasong tinapay, at
sasabihing – Sige na naman, italaga mo ako sa
gawaing-pari para may makain ako."

**Tinawag ng Diyos si Samuel**

**3** • 1 Naglingkod kay Yawe ang batang
si Samuel sa ilalim ng pamamahala
ni Eli. Bihira pa nang mga araw na iyon

---

• **3.1** Deretsahan at personal na tinatawag ng Diyos si Samuel. Ang pagtugon ng batang Samuel ang siyang naghahanda sa kanya para sa mas dakilang mga bagay.

Sa kabila ng edad at tungkulin nito, mapapansin ang pagpapahalaga ni Eli kay Samuel. Alam niya na wala sa edad ang kahustuhan sa buhay-espirituwal. Tinatanggap niya ang mga paninising pinararating ng Diyos sa pamamagitan ng batang ito.

Binibigyang-diin din ng Biblia ang pananagutan ng

ang salita ni Yawe at walang mga pangi-
tain.
2 Isang gabi, nakahiga sa kanyang silid si
Eli – malabo na ang kanyang mga mata at
di na makakita. 3 May sindi pa ang ilawan
ng Diyos at nakahiga naman si Samuel sa
Bahay ni Yawe na kinalalagyan ng Kaban ng
Diyos.
4 At tumawag si Yawe: "Samuel,
Samuel!" Sumagot si Samuel: "Narito
ako!" 5 at tumakbo siya kay Eli at sinabing
"Narito ako sapagkat tinawag ninyo ako."
Ngunit sinabi ni Eli: "Hindi ako tumawag.
Sige, mahiga ka na." Kaya umalis siya at
nahiga.
6 Muling tumawag si Yawe: "Samuel!" At
bumangon si Samuel at pumunta kay Eli at
sinabi: "Narito ako sapagkat tinawag ninyo
ako." Ngunit sinabi ni Eli: "Hindi kita
tinawag, anak. Bumalik ka na at mahiga
uli."
7 Hindi pa nakikilala ni Samuel si Yawe
at hindi pa naihahayag sa kanya ang
salita ni Yawe. 8 Ngunit tinawag ni Yawe si
Samuel sa ikatlong pagkakataon. Buma-
ngon si Samuel at pumunta kay Eli at
sinabi: "Narito ako sapagkat tinawag
ninyo ako." At naunawaan ni Eli na si
Yawe ang tumatawag sa bata, 9 at sinabi ni
Eli kay Samuel: "Sige na, mahiga ka at
kung may tumawag sa iyo, sabihin mo –
Magsalita ka, Yawe, sapagkat nakikinig
ang iyong lingkod." At umalis si Samuel at
nahiga sa kanyang lugar.
10 Dumating si Yawe at tumayo roon, at
tumawag tulad nang dati: "Samuel,
Samuel!" At sumagot si Samuel: "Mag-
salita ka sapagkat nakikinig ang iyong
lingkod." 11 At sinabi ni Yawe kay Samuel:
"Tingnan mo, may gagawin ako sa Israel
na magpapanginig sa mga tainga ng
sinumang makababalita nito. 12 Sa araw
na iyon, tutuparin ko laban kay Eli ang
lahat ng sinabi ko laban sa kanyang sam-
bahayan mula sa simula hanggang kata-
pusan. 13 Sinabi ko na sa kanya na malapit
ko nang hukuman ang kanyang angkan
sa habampanahon sapagkat alam niyang
nilalapastangan ng kanyang mga anak
ang Diyos pero hindi niya sila sinaway.
14 Kaya isinumpa kong hinding-hindi ma-
babayaran ng hain o handog ang pagka-
kasala ng sambahayan ni Eli magpa-
kailanman."
15 Nahiga si Samuel hanggang umaga.
At binuksan niya ang mga pinto ng Bahay
ni Yawe. Natatakot si Samuel na sabihin
kay Eli ang pangitain. 16 Ngunit tinawag
siya ni Eli at sinabi: "Samuel, anak." Su-
magot si Samuel: "Narito ako." 17 Nagta-
nong si Eli: "Ano ang sinabi niya sa iyo?
Huwag mo sana itong ilihim sa akin. Paru-
sahan ka nawa ng Diyos kung may ililihim
kang anuman sa akin." 18 Kaya sinabi ni
Samuel kay Eli ang lahat. At sinabi ni Eli:
"Siya nga si Yawe! Gawin niya ang mabuti
sa kanyang paningin."
19 Lumaki si Samuel, sumasakanya si
Yawe at pinapagkakatotoo niya ang mga
salita nito. 20 At alam ng buong Israel mula

---

mga hindi dumidisiplina sa kanilang mga anak. Itinuturo sa Israel na tungkulin ng mga ama ang turuan at disiplinahin, kahit na parusahan, ang kanilang mga anak, sa halip na kun-sintihin ang mga ito. Hindi dapat magkulang ang mga magulang sa kanilang responsabilidad na maging mga tagapagturo nang dahil lamang sa maling dahilan na kapag naging mahigpit sila sa kanilang mga anak ay mawawala ang pagmamahal ng mga ito sa kanila. Habang di pa ganap na mulat ang konsiyensya ng bata, ang hinaharap na kalayaan ng isang kabataan at ng may husto nang gulang ay naihahanda sa pamamagitan ng disiplina ng isang "Batas": tingnan ang Sir 30 at Gal 4, at ang paliwanag sa Mga Hukom 8:22.

Ang pagtawag kay Samuel ay tulong sa atin para alalahanin na bawat isa sa atin ay may *bokasyon,* na ibig sabihi'y tinatawag ng Diyos ang bawat isa at inilalaan sa pagganap ng isang gawaing para lamang sa kanya at di mapapalitan. Sa kasalukuyang panahon, napakarami sa atin ang bale mga tagagawa lamang at di gaanong pinahahalagahan. At dahil wala silang anumang tungkulin o responsabilidad na kanilang naipagmamalaki, tama lamang na makadama sila ng kabiguan. Hindi nila nararamdamang "tinatawag" o kinakailangan para sa kung anong dakilang gawain. Kaya wala sa kanila ang isa sa pinakaimportanteng puwersa na magbubunsod sa kanila na itayo ang kanilang kinabukasan. Para magkaroon ng direksyon ang buhay, kailangang itanong ng bawat isa sa kanyang sarili: Ano ba ang gusto ng Diyos sa akin?

sa Dan hanggang sa Berseba na tunay na
propeta nga ni Yawe si Samuel. 21 Patuloy
na napakita si Yawe sa Silo. Ipinahayag
niya ang kanyang sarili kay Samuel sa
Silo sa pamamagitan ng kanyang salita.

**Nakuha ng mga Pilisteo ang Kaban**

**4** • 1 Nagtipon noon ang mga Pilisteo
para salakayin ang Israel, at luma-
bas din ang Israel para harapin ang mga
Pilisteo sa labanan. Nagkampo sila sa
Ebena-Ezer samantalang sa Afek naman
nagkampo ang mga Pilisteo. 2 Pumusis-
yon ang mga Pilisteo para harapin ang
Israel at nagsimula ang labanan. Natalo
ng mga Pilisteo ang Israel, at halos apat
na libo sa kanila ang namatay sa labanan.
3 Nang umurong sa kanilang kampo
ang mga tao, nagtanong ang matatanda
ng Israel: "Bakit pinabayaan tayo ni Yawe
na matalo sa harap ng mga Pilisteo?
Kunin natin sa Silo ang Kaban ng Diyos at
dalhin iyon dito upang makapiling natin at
nang maligtas tayo sa ating mga kaaway."
4 Nagpadala ng mga sugo sa Silo ang
bayan at kinuha ng mga ito mula roon ang
Kaban ni Yawe ng mga Hukbo na naka-
luklok sa gitna ng mga kerubin. Kasama
ng Kaban ng Diyos ang dalawang anak na
lalaki ni Eli na sina Yofni at Finjas.
5 Nang dumating sa kampo ang Kaban
ni Yawe, sumigaw nang napakalakas ang
buong Israel at nayanig ang lupa. 6 Narinig
ng mga Pilisteo ang hiyawan at nagta-
nungan: "Ano ang napakalakas na siga-
wang iyon sa kampo ng mga Hebreo?" At
nalaman nila na dumating sa kampo ang
Kaban ni Yawe.
7 Natakot ang mga Pilisteo at kanilang
sinabi: "Isang diyos ang dumating sa
kampo! Kawawa tayo! Wala pang nang-
yayaring ganito noon. 8 Kawawa tayo!
Sino ang magliligtas sa atin mula sa ka-
may ng mga makapangyarihang diyos na
ito? Ito ang mga diyos na humampas sa
mga Ehipsiyo sa pamamagitan ng lahat
ng uri ng salot, at sa disyerto. 9 Lakasan
ninyo ang inyong loob at magpakalalaki,
O mga Pilisteo, kung hindi'y magiging
alipin kayo ng mga Hebreo kung paanong
naging alipin natin sila. Magpakalalaki
kayo at lumaban!"
10 Lumaban nga ang mga Pilisteo at
nagapi ang Israel. Tumakas pauwi ang
bawat isa. Nakalulunos na pagkatalo; tat-
lumpung libong lalaki ng Israel ang na-
patay. 11 Naagaw ang Kaban ng Diyos at
namatay ang dalawang anak ni Eli na sina
Yofni at Finjas.

12 Isang lalaki mula sa tribu ng Benjamin ang
nakatakas mula sa labanan at dumating sa Silo
nang araw ding iyon. Warak ang kanyang damit
at may alikabok ang kanyang ulo. 13 Nang du-
mating siya, naroon si Eli na nakaupo sa upuan
sa tabi ng daan at nagmamasid sapagkat pus-
pos ng pangamba ang kanyang puso para sa
Kaban ng Diyos. Pagkarating ng lalaki sa bayan,
ibinalita niya ang nangyari at sumigaw ang
buong bayan. 14 Narinig ni Eli ang sigawan at
nagtanong: "Ano ang ingay na ito?" Agad na
lumapit kay Eli ang lalaki at sinabi ang nangyari.
15 Siyamnapu't walong taon na noon si Eli at
hindi na siya makakita. 16 Sinabi ng lalaki kay
Eli: "Galing ako sa labanan, nakatakas ako
ngayon." At tinanong siya ni Eli: "Ano ang
nangyari, anak ko?"
17 Sumagot ang maydala ng balita: "Tuma-
kas ang Israel sa harap ng mga Pilisteo. Isa
ngang malaking pagkalupig ng bayan! At na-
matay rin ang dalawa ninyong anak na sina
Yofni at Finjas, at naagaw ang Kaban ng Diyos."
18 Nang mabanggit nito ang Kaban ng Diyos,
bumulagta si Eli mula sa kanyang upuang nasa
tabi ng pintuan. Nabali ang kanyang leeg at
namatay sapagkat matanda na siya at mabigat.
Apatnapung taong naghukom si Eli sa Israel.
19 Buntis noon ang manugang ni Eli, ang

---

• **4.**1 Sa pakikipagdigma nila sa mga Pilisteo, hangad ng mga Israelita ang proteksyon ni Yawe. Hinanap nila ang Kaban, sa pag-aakalang sa pamamagitan nito'y obligado si Yawe na papagtagumpayin sila. At sapagkat kalimita'y pinagdudùdahan ng tao ang kanyang Diyos, nagtitiwala siya sa kanyang mga anting-anting.

Pero hindi mahalaga sa Diyos ang Kaban, at wala rin siya sa paninilbihan sa isang bayang iresponsable. Sa halip ay gusto niya silang turuan: pagbabayarin niya sila sa kanilang kataksilan. Kaya hindi sila tinutugon ng Diyos, at nawala ang Kaban.

maybahay ni Finjas, at malapit nang manganak.
Nang mabalitaan niyang naagaw ang Kaban ng
Diyos at patay na ang kanyang asawa at biye-
nang lalaki, napaanak siya nang wala sa pana-
hon. 20 Samantalang naghihingalo siya, sinabi
ng mga babaeng tumitingin sa kanya: "Huwag
kang matakot sapagkat lalaki ang anak mo."
Ngunit hindi siya sumagot ni hindi niya ito
namalayan. 21 Pinangalanan niyang Ikabod ang
bata at sinabing "Naglaho na ang Luwalhati sa
Israel!" dahil sa pagkaagaw sa Kaban ng Diyos
at sa pagkamatay ng kanyang biyenang lalaki at
ng kanyang asawa. 22 Nang sabihin niyang
"Luwalhati sa Israel!" ang naagaw na Kaban ng
Diyos ang tinutukoy niya.

5 1 Pagkaagaw ng mga Pilisteo sa Kaban ng
Diyos, dinala nila ito sa Asdod mula sa
Ebena-Ezer. 2 Binuhat nila ang Kaban at ipi-
nasok sa templo ni Dagon at itinabi ito sa kanya.
3 Maagang gumising kinabukasan ang mga
taga-Asdod, at hayun! nakabuwal si Dagon at
nakasubsob sa lupa sa harap ng Kaban ni Yawe.
Kinuha nila si Dagon at ibinalik sa kinalalagyan
nito. 4 Ngunit paggising nila nang sumunod na
araw, naroon si Dagon – nakabuwal at nakasub-
sob sa lupa sa harap ng Kaban ni Yawe. Tanggal
ang ulo at mga kamay nito at nasa may bungad
ng pintuan; ang katawan lamang nito ang
naiwang buo. 5 Kaya hanggang sa araw na ito,
hindi tumutuntong sa bungad ng pintuan ng
templo ni Dagon sa Asdod ang mga pari ni
Dagon at lahat ng pumapasok sa kanyang
templo.

6 Naging mabigat ang kamay ni Yawe sa mga
taga-Asdod. Sinalanta niya at tinadtad ng almo-
ranas ang mga taga-Asdod at mga taga-karatig-
pook. 7 Nang makita ito ng mga taga-Asdod,
kanilang sinabi: "Hindi dapat manatili dito sa
atin ang Kaban ng Diyos ng Israel. Mabigat ang
kamay niya sa atin at sa ating diyos na si
Dagon." 8 Tinipon nila ang lahat ng pinuno ng
mga lunsod ng mga Pilisteo at tinanong ang mga
ito: "Ano ang gagawin natin sa Kaban ng Diyos
ng Israel?"

Sumagot ang mga ito: "Ipadala ninyo sa Gat
ang Kaban ng Diyos ng Israel." Kaya inilipat nga
nila ang Kaban ng Diyos ng Israel. 9 Ngunit nang
madala nila iyon sa Gat, naging laban sa lunsod
ang kamay ni Yawe – napakalaking gulo! Pina-
hirapan niya ang mga tagaroon sa lunsod, bata
man o matanda, at nilitawan sila ng almoranas.
10 Kaya ipinadala nila ang Kaban ng Diyos sa
Ekron. At habang ipinapasok nila sa Ekron ang
Kaban ng Diyos, sumigaw ang mga taga-Ekron:
"Dinala nila sa atin ang Kaban ng Diyos ng Israel
para patayin tayong lahat." 11 Kaya tinipon nila
ang lahat ng pinuno ng mga lunsod ng mga
Pilisteo at sinabi: "Alisin ninyo rito ang Kaban ng
Diyos ng Israel nang makabalik ito sa sarili
nitong lugar para hindi niya tayo patayìng
lahat." Nagkaroon nga ng napakalaking gulo sa
buong lunsod dahil napakabigat ng kamay ng
Diyos dito. 12 Nilabasan ng almoranas ang mga
hindi namatay at abot hanggang langit ang
sigaw ng lunsod.

6 1 Pitong buwan sa lupain ng mga Pilisteo
ang Kaban ni Yawe. 2 Tinawag ng mga
Pilisteo ang kanilang mga pari at mga mang-
huhula at tinanong: "Ano ang dapat nating
gawin sa Kaban ni Yawe? Sabihin ninyo sa amin
kung paano namin iyon ibabalik sa lugar nito."
3 Sumagot ang mga ito: "Kung ibabalik ninyo
ang Kaban ng Diyos ng Israel, huwag ninyo itong
ibabalik nang walang laman. Magpadala rin
kayo ng hain para sa pagkakautang. At gagaling
kayo at malalaman ninyo kung bakit hindi
lumalayo sa inyo ang kanyang kamay." 4 At
sinabi naman nila: "Anong hain para sa pagka-
kautang ang dapat naming ipadala sa kanya?"
Sumagot ang mga ito: "Gumawa kayo ng li-
mang gintong almoranas at limang gintong
daga ayon sa bilang ng mga lunsod ng mga
Pilisteo sapagkat iisang salot lamang ang du-
mapo sa inyong lahat at sa inyong mga pinuno.
5 Gumawa kayo ng mga imahen ng inyong mga
almoranas at ng mga dagang sumalanta sa
lupain, at luwalhatiin ninyo ang Diyos ng Israel.
At baka iangat na niya ang kanyang kamay sa
inyo, sa inyong mga diyos at sa inyong lupain.
6 Ngunit huwag kayong magmatigas sa inyong
mga puso, tulad ng ginawa ng mga Ehipsiyo at
ni Paraon. Hindi ba't pagkatapos silang paru-
sahan ni Yawe ay pinaalis na rin nila ang mga
Israelita para lumakad?

7 Gumawa kayo ngayon ng bagong kariton at
kumuha ng dalawang bakang may pasusuhin at
hindi pa nalalagyan ng pamatok. Isingkaw ang
mga baka sa kariton pero ibalik sa kural ang
kanilang mga guya. 8 At kunin ang Kaban ni
Yawe at ilagay sa kariton. At ilagay naman sa
tabi ng Kaban ang kahong may gintong pigurin
na ipinadadala ninyo sa kanya bilang hain para
sa pagkakautang. At palakarin itong mag-isa,
9 ngunit bantayan ito. Kung magtuloy ito sa
daang nasa sarili nitong lupain, patungong Bet-
Semes, si Yawe nga kung gayon ang maygawa
ng napakalaking kapahamakang ito sa atin. At
kung hindi naman, malalaman natin na hindi
niya kamay ang humampas sa atin, kundi nag-
kataon lamang."

10 Ginawa nga nila iyon. Kumuha sila ng
dalawang bakang may pasusuhin at isiningkaw
sa kariton, at ikinulong naman sa kural ang mga
guya ng mga ito. 11 At inilagay nila ang Kaban ni
Yawe sa kariton, kasama ang kahong may gin-
tong mga daga at mga imahen ng kanilang
almoranas. 12 At nagtuluy-tuloy ang mga baka
papuntang Bet-Semes, nanatili ang mga ito sa
daan at patuloy na umuunga – hindi lumiko sa
kanan o sa kaliwa. Samantala, sinundan naman
ng mga pinuno ng mga lunsod ng mga Pilisteo
ang mga ito hanggang sa may hangganan ng
Bet-Semes.

13 Nag-aani noon ng trigo sa lambak ang mga
taga-Bet-Semes nang matanaw nilang papala-
pit ang Kaban, at natuwa sila sa pagkakita nito.
14 Dumating ang kariton sa bukid ni Josueng
taga-Bet-Semes, at doon tumigil sa tabi ng isang
malaking bato. Sinibak nila ang kahoy ng ka-
riton at inialay sa ibabaw ng mga ito ang mga
baka bilang sinunog na handog kay Yawe.
15 Ibinaba naman ng mga Levita ang Kaban ni
Yawe at ang kahong may mga gintong pigurin at
ipinatong sa malaking bato.

Nang araw na iyon, nag-alay ng mga sinunog
na handog at mga hain kay Yawe ang mga taga-
Bet-Semes. 16 Nasaksihan ito ng limang pinuno
ng mga lunsod ng mga Pilisteo, at umuwi sila sa
Ekron nang araw ding iyon. 17 Ito ang mga
lunsod ng mga Pilisteo na naghandog ng gintong
almoranas bilang hain para sa pagkakautang
kay Yawe: Asdod, Gaza, Askalon, Gat at Ekron.
18 Mayroon ding mga gintong dagang sindami ng
mga nayon ng mga Pilisteo na nasa ilalim ng
limang pinuno pati ang napapaderang mga
bayan at mga nayon nito. Naroon pa rin hang-
gang sa araw na ito sa bukid ni Josueng taga-
Bet-Semes ang malaking batong pinagpatu-
ngan nila ng Kaban ni Yawe. 19 Pitumpung taga-
Bet-Semes ang pinatay ni Yawe sapagkat tu-
mingin sila sa Kaban ni Yawe. Nagluksa ang
bayan dahil sa matinding dagok sa kanila ni
Yawe.

20 At sinabi ng mga taga-Bet-Semes: "Sino
ang makatatayo sa harap ni Yawe, ang Banal na
Diyos na ito? At kanino siya pupunta mula sa
atin?" 21 At nagpadala sila ng mga sugo sa mga
taga-Kiryat-yearim at nagpasabi: "Ibinalik na ng
mga Pilisteo ang Kaban ni Yawe. Lumusong
kayo at iahon ito sa inyo."

**7** 1 Dumating ang mga taga-Kiryat-yearim
para kunin ang Kaban ni Yawe. At dinala
niya iyon sa bahay ni Abinadab sa burol, at
pinabanal nila ang anak nitong si Eleazar para
pangalagaan ang Kaban ni Yawe.

### Ginising ni Samuel ang Israel

• 2 Mahabang panahon ang lumipas
mula sa araw na manatili sa Kiryat-
yearim ang Kaban. Mga dalawampung
taong nanabik at dumaing kay Yawe ang
buong bayan ng Israel.

3 At sinabi ni Samuel sa buong samba-
hayan ng Israel: "Kung magbabalik kayo
kay Yawe nang buo ninyong puso, alisin
ninyo ang mga banyagang diyos pati na
ang mga Astarteng nasa inyong piling. At
kung itutuon ninyo ang inyong puso kay
Yawe at siya lamang ang paglilingkuran,
ililigtas niya kayo sa kamay ng mga
Pilisteo." 4 At inalis nga ng mga Israelita
ang mga Baal at mga Astarte, at si Yawe
lamang ang pinaglingkuran.

5 At sinabi ni Samuel: "Magtipon ang
buong Israel sa Mizpa at ipagdarasal ko
kayo kay Yawe."

6 Nagtipon nga sila sa Mizpa. Umigib
sila ng tubig at ibinuhos ito sa harap ni
Yawe. Nag-ayuno sila sa araw na iyon at
sinabi nila roon: "Nagkasala kami kay
Yawe." Pinamunuan ni Samuel ang pagti-
tipong ito ng Israel sa Mizpa. 7 Nang ma-
balitaan ng mga Pilisteo na nagtipon ang
mga Israelita sa Mizpa, umahon sa lupain
ng Israel ang mga pinuno ng mga lunsod
ng mga Pilisteo para lusubin sila. Nang
malaman ito ng mga Israelita, natakot sila
8 at sinabi nila kay Samuel: "Walang-tigil
kang manalangin para sa amin kay
Yaweng ating Diyos upang iligtas niya
tayo sa kamay ng mga Pilisteo."

9 At kumuha si Samuel ng pasusuhing
kordero at inialay iyon kay Yawe bilang
buong sinunog na handog, at nanikluhod
sa kanya alang-alang sa Israel. At tinugon
siya ni Yawe.

10 Habang iniaalay ni Samuel ang sinu-

---

• **7**.2 Nauulit dito ang parehong karanasan ng Mga Hukom. Kinukumbinsi ni Samuel ang Israel na magbalik kay Yawe. At pinapagtagumpay naman sila ni Yawe na tapat sa kanyang Pakikipagtipan.

nog na handog, sumalakay na ang mga
Pilisteo para lumaban sa Israel. Ngunit
nang araw na iyon, malakas na dumagun-
dong ang kulog ni Yawe sa gitna ng mga
Pilisteo. Kayat bigla silang nalito at nag-
takbuhan sa harap ng Israel. 11 Sumugod
ang kalalakihan ng Israel mula sa Mizpa,
at hinabol ng taga ang mga Pilisteo hang-
gang sa ibaba pa ng Betkar.

12 At kumuha pagkatapos si Samuel ng isang
bato at inilagay sa pagitan ng Mizpa at Jesana,
at pinangalanan iyong Ebena-Ezer sa pagsa-
sabing "Hanggang dito'y sinaklolohan tayo ni
Yawe." 13 Kayat nalupig ang mga Pilisteo at hindi
na muling lumusob sa nasasakupan ng Israel.
Sa buong buhay ni Samuel, laban sa mga
Pilisteo ang kamay ni Yawe. 14 Nabawi ng Israel
ang mga lunsod mula Ekron hanggang Gat na
inagaw ng mga Pilisteo sa Israel, at pinalaya ng
Israel ang mga lupaing ito. Nagkaroon ng ka-
payapaan sa Israel at mga Amorreo.

15 Naging hukom si Samuel sa Israel sa lahat
ng araw ng kanyang buhay. 16 Nililibot niya taun-
taon ang Betel, Gilgal at Mizpa, at hinuhukuman
ang Israel sa lahat ng lugar na ito. 17 At pagka-
tapos, umuuwi siya sa Rama sapagkat naroon
ang kanyang tahanan. Hinuhukuman din niya
roon ang Israel at nagtayo siya roon ng altar kay
Yawe.

**Humingi ng hari ang bayan**

8 • 1 Nang matanda na si Samuel,
itinalaga niya ang kanyang mga
anak na lalaki bilang mga hukom sa Is-
rael. 2 Joel ang pangalan ng kanyang pa-
nganay at Abias naman ang ikalawa, at
kapwa sila naging mga hukom sa Ber-
seba. 3 Ngunit hindi sumunod sa kanyang
mga yapak ang kanyang mga anak: mga
mukhampera sila, tumatanggap ng lagay
at binabaluktot ang katarungan.

4 Kayat nagtipon ang lahat ng mata-
tanda ng Israel at pinuntahan si Samuel sa
Rama. 5 Sinabi nila sa kanya: "Matanda ka
na at hindi sumusunod sa iyong mga
yapak ang iyong mga anak. Kaya bigyan
mo kami ngayon ng isang hari na ma-
kapamumuno sa amin gaya sa lahat ng
bansa."

6 Hindi nagustuhan ni Samuel ang
sinabi nilang "Bigyan mo kami ng isang
haring mamumuno sa amin," at nana-
langin siya kay Yawe. 7 Sinabi naman sa
kanya ni Yawe: "Pakinggan mo ang tinig
ng bayan, ang lahat ng sinasabi nila sa
iyo. Hindi ikaw ang tinatanggihan nila

---

• **8.**1 Nagkaroon ng malalim na pagbabago sa pamumuhay ng mga sinaunang lagalag na nakatira ngayon sa mga nayon at bayan gaya ng iba. Hindi na akma ang mga dating istrukturang panlipunan na bagay lamang sa pamumuhay sa disyerto; malimit itong masaksihan sa mga kasaysayan ng mga bansa, gayundin sa iglesya. Palaging nagbabago ang sangkatauhan na ibinubunsod ng mga pangyayari at ebolusyong teknikal; lumilitaw ang mga pagkakaiba ng mga kaisipan, at nabubunyag kung gaano kaalangan ang mga sinaunang istruktura sa mga bagong kalagayan.

Bukod dito, kinakailangan ang mga institusyon sa buhay ng mga komunidad para bigyan ng direksyon at kaayusan ang laging magulong buhay na ito; kung walang permanenteng institusyon, babaling ang lipunan sa anarkiya. Kung may palagiang tensiyon sa pagitan ng buhay at ng institusyon, mas nakikita ito kapag may krisis ang lipunan. Samantalang iniisip ng mga konserbatibo na ang muling pagtatatag ng kaayusan ay isang pagbabalik sa nakaraan, naghahanap naman ang mga nagtataguyod ng pagbabago, ng mga sariwang istruktura para tugunan ang pangkasalukuyang kalagayan, at madali nilang kinalilimutan ang aral ng kahapon.

Sa Mga Kabanata 8-12 ng 1 Samuel, ipinakikita sa atin ang ganitong krisis at ang mga salungatang ibinubunga nito. Nakikita ng mga tao na nagmumula ang kanilang kahinaan sa hidwaan at anarkiya. Hindi sapat ang panandaliang awtoridad ng "Mga Hukom"; kinakailangang magkaisa ang labindalawang tribu sa ilalim ng isang hari.

Si Samuel ay tagapagtanggol ng nakaraan, at ang kanyang mga babala ay ibinubunsod ng personal na kawalang-tiwala. Hindi siya naniniwalang mas mabuti ang mas makapangyarihan at mas sentralisadong gobyerno. Sa halip, naging makatotohanan siya at tinutuligsa niya ang walang-takdang kapangyarihan.

Pinagsasabihan ni Samuel ang bayan dahil sa kanilang kawalang-tiwala kay Yawe. Nahaharap sila sa panganib ng mga Pilisteo, at mas mapapanatag ang kanilang kalooban kung maipapasa sa iba, sa isang makapangyarihang lider, ang pag-iisip, ang pagkasi ng Diyos, ang pagpapasya para sa kanila: takot silang gumawa ng sariling pagkilos. Pero kung iaasa na lamang ng isang tao ang lahat sa mga namumuno sa bansa o sa iglesya, mauuwi ito sa pagbagsak o pagdanas ng paniniil na pulitikal.

Para kay Samuel, ang hari ang pinakakinatawan ng Diyos at lingkod ng bayan. Pero ang nangyayari'y sariling mga ambisyon nito ang kanyang paglilingkuran at siya pa ang mang-aapi sa bansa. Noon pa mang panahong iyon, may sapat nang kaalaman ang mga diktador sa pagpopropaganda para kumbinsihin ang bayan na kailangang-kailangan sila (Lc 22:25).

kundi ako sa paghahari sa kanila. 8 Gina-
gawa nila ngayon sa iyo ang lahat ng
ginawa nila sa akin mula sa araw na ilabas
ko sila mula sa Ehipto hanggang sa araw
na ito nang talikuran nila ako at nagling-
kod sa ibang mga diyos. 9 At ngayon, pa-
kinggan mo ang kanilang tinig ngunit big-
yan sila ng mahigpit na babala at sabihin
sa kanila ang klase ng pamumunong ga-
gawin ng kanilang hari."
10 At sinabi ni Samuel ang lahat ng sa-
lita ni Yawe sa sambayanang humihingi sa
kanya ng isang hari: 11 "Ito ang klase ng
pamumunong gagawin sa inyo ng inyong
hari! Kukunin niya ang inyong mga anak
na lalaki at itatalaga sa kanyang karwahe
at mga kabayo, at patatakbuhin sila sa
unahan ng kanyang karwahe. 12 Ang iba'y
gagawin niyang mga pinuno ng tigsasan-
libo o pinuno ng tiglilimampu. At ang iba
naman para bungkalin ang kanyang lupa
at gapasin ang kanyang ani, at para gu-
mawa ng kanyang mga sandatang pan-
digma at mga kagamitan para sa kanyang
mga karwahe. 13 Kukunin din niya ang
inyong mga anak na babae para mag-
handa ng pabango at maging mga kusi-
nera at mga panadera. 14 Kukunin niya
ang pinakamainam sa inyong mga buki-
rin, mga ubasan at mga taniman ng olibo
para ibigay sa kanyang mga opisyal.
15 Kukunin niya ang ikapu ng inyong mga
binhi at ng inyong mga ubasan para
naman ibigay sa kanyang mga tagapa-
mahala at mga tagapaglingkod. 16 Ku-
kunin niya ang inyong mga aliping lalaki
at babae, ang pinakamaganda sa inyong
mga baka at mga asno, at papagtatraba-
huhin sa kanya. 17 Kukunin niya ang ikapu
sa inyong mga kawan at kayo mismo ay
magiging mga alipin niya. 18 Sa araw na
iyon, daraing kayo dahil sa haring inyong
pinili at hindi kayo sasagutin ni Yawe."
19 Ngunit ayaw makinig kay Samuel ng
sambayanan, at sinabing: "Hindi! Isang
hari ang mamumuno sa amin at matutu-
lad kami sa iba pang mga bansa. 20 Pamu-
munuan kami ng aming haring mangu-
nguna sa amin at siyang lalaban sa aming
mga pakikipagdigma."
21 Pagkarinig ni Samuel sa lahat ng
sinabi ng sambayanan, inulit niya iyon
kay Yawe. 22 Ngunit sinabi ni Yawe kay
Samuel: "Pakinggan mo ang kanilang
tinig at bigyan sila ng hari." At sinabi ni
Samuel sa kalalakihan ng Israel: "Umuwi
na ang bawat isa sa kanya-kanyang
siyudad."

**Ang istorya ni Saul**

9 • 1 May isang lalaki sa tribu ng
Benjamin na Kish ang pangalan.
Anak siya ni Abiel na anak ni Zeror na
anak naman ni Bekorat na anak ni Afia,
isang magiting na Benjaminitang lala-
king-lalaki. 2 May anak na lalaki si Kish na
nagngangalang Saul, isang binatang wa-
lang kasingkisig sa mga Israelita, higit na
matangkad mula balikat hanggang ulo sa
lahat ng tao.
3 Nawawala noon ang mga asno ni Kish
na ama ni Saul. At sinabi ni Kish sa
kanyang anak na si Saul: "Isama mo ang
isa sa mga utusan at umalis kayo at hana-
pin ang mga asno." 4 Nilibot niya ang bu-
ong kaburulan ng Efraim pati ang lupain
ng Salisa pero hindi nila nakita ang mga
iyon. Nagpunta sila sa lupain ng Saalim
pero wala pa rin. At naglibot siya sa lupain
ng Benjamin pero hindi pa rin nila nakita
ang mga iyon. 5 Dumating sila sa lupain
ng Suf at sinabi ni Saul sa utusang ka-
sama niya: "Tayo na, umuwi na tayo,
kung hindi'y mas aalalahanin tayo kaysa
mga asno ng aking ama."
6 Ngunit sinabi ng kanyang utusan:
"May tao ng Diyos sa lunsod na ito. Lubos
siyang iginagalang dito. At nagkakatotoo

• **9.1** Nasa 10:17 ang karugtong ng kabanata 8. Dito nagsisimula ang salaysay sa bokasyon ni Saul. Lumabas si Saul para hanapin ang mga asno ng kanyang ama, at may nakasalubong siya sa daan na hindi niya inaasahan.

ang lahat ng sinasabi niya. Tayo na roon,
at baka masabi niya ang daang dapat
nating puntahan." 7 Sinabi ni Saul sa kan-
yang utusan: "Ngunit kung pupunta tayo,
ano naman ang madadala natin sa tao?
Ubos na ang tinapay sa ating mga sako at
wala tayong regalong madadala sa tao ng
Diyos. Ano ba ang mayroon tayo?" 8 Mu-
ling sumagot ang utusan: "Heto, mayroon
pa akong ikapat na shekel na pilak. Ibi-
bigay ko ito sa tao ng Diyos para sabihin
niya sa atin ang daan."

10 At sinabi ni Saul sa kanyang utusan:
"Magaling! Tayo na." At nagpunta nga sila
sa lunsod na kinaroroonan ng tao ng
Diyos.

**Pinahiran ni Samuel si Saul**

• 11 Sa pag-ahon nila sa burol patungo sa
lunsod, may nasalubong silang mga
dalagang paigib ng tubig at tinanong nila
ang mga ito: "Narito ba ang manghuhula?"
9 (Dati-rati sa Israel, kung may taong pu-
punta para sumangguni sa Diyos, sinasabi
niyang "Tayo na, puntahan natin ang mang-
huhula," sapagkat manghuhula ang dating
tawag noon sa propeta ngayon.)

12 Sumagot sila: "Nasa unahan mo siya.
Dalian ninyo. Kararating-rating lang niya sa
siyudad dahil maghahandog ngayon ang
bayan sa altar sa burol. 13 Pagpasok ninyo
sa lunsod, matatagpuan ninyo siya bago
siya umakyat sa altar sa burol para kumain.
Hindi kakain ang sambayanan hanggang
hindi siya dumarating sapagkat babasba-
san muna niya ang handog, at saka maka-
kakain ang mga inanyayahan. Umahon
kayo ngayon din at matatagpuan ninyo siya
sa mga sandaling ito."

14 At umakyat sila sa lunsod at pagpasok
nila roon – hayun! papalabas si Samuel –
pasalubong sa kanila patungo sa altar sa
burol.

15 Ngayon, bago pa man dumating
doon si Saul, kahapon pa ma'y ipina-
hayag na ito ni Yawe kay Samuel: 16 "Sa
mga ganito ring oras bukas, may ipada-
dala ako sa iyong isang lalaki mula sa
lupain ng Benjamin at papahiran mo siya
bilang pinuno ng aking bayang Israel.
Palalayain niya ang aking bayan mula sa
kamay ng mga Pilisteo sapagkat nakita
ko ang kaapihan ng aking bayan at uma-
bot sa akin ang kanilang daing."

17 Nang makita ni Samuel si Saul, si-
nabi ni Yawe sa kanya: "Hayan ang lala-
king sinabi ko sa iyo! Ito ang mamumuno
sa aking bayan."

18 Nilapitan ni Saul si Samuel sa may
pintuan at sinabi: "Pakisabi naman ninyo
sa akin kung nasaan ang bahay ng mang-
huhula?" 19 Sumagot si Samuel: "Ako ang
manghuhula. Magpauna ka sa akin sa
altar sa burol. Makikisalo ka ngayon sa
akin. Pauuwiin kita kinaumagahan at sa-
sabihin ko sa iyo ang lahat ng laman ng
iyong puso. 20 Tungkol naman sa mga
asnong tatlong araw nang nawawala,
huwag kang mag-alala pagkat natagpuan
na ang mga iyon."

Idinugtong ni Samuel: "Para kanino ba
ang unang lugar sa Israel? Di ba't ito'y
para sa iyo at sa buong angkan ng iyong
ama?" 21 Sumagot si Saul: "Benjaminita

---

• 11. Tulad ng iba pang mga Israelita, pinuntahan ni Saul si Samuel. Para sa kanila, si propeta Samuel ay isang *manghuhula,* at pumupunta sila sa kanya para ihanap ng solusyon ang kanilang mga problemang pangkabuhayan. Hindi ito kaiba sa atin ngayon. Sa loob ng mga dantaon, ang mga nagpaunlad man sa siyensiya ng mga bituin ay tumanggap din ng mga pagsangguni tungkol sa hinaharap. At ang mga horoskop ang pinakahanapbuhay nila. At pagkatapos ay iniwan naman ng siyensiya ang pamahiing ito. Gayundin sa matandang kasaysayan ng Israel, halos walang pagkakaiba ang propeta sa manghuhula, sa astrologo at sa iba pang nagsasabing nalalaman nila ang hindi maaaring malaman ng ordinaryong tao; kinokonsulta sila ng mga tao tungkol sa kanilang mga problema tulad ng ginawa ni Saul. Pero malapit nang makita ng propetismo sa Israel ang tamang daan: ang propeta ang tatawag sa mga tao sa pagbaling sa Diyos. Nang sulatin ang kabanatang ito, yari na ang teksto at nililiwanag ng talata 9 na "propeta" na ang tawag ngayon sa dating tinatawag ng mga tao na "manghuhula."

Itinalaga ni Samuel si Saul sa pagpapahid sa kanya ng langis (tingnan ang paliwanag sa Lev 8).

ako, galing sa pinakamaliit na tribu ng
Israel, at pinakamababa sa lahat ng
angkan sa tribu ng Benjamin ang aking
angkan. Ba't ninyo ako kinakausap nang
ganito?"

22 Isinama ni Samuel si Saul at ang utu-
san nito at dinala sa bulwagan at pinaupo
sila sa kabisera ng mga inanyayahan na
humigit-kumulang sa tatlumpung katao.
23 At sinabi ni Samuel sa kusinero: "Ihain
mo ang bahaging ibinigay ko't ipinatabi sa
iyo." 24 Dinala ng kusinero ang hita
kasama ang buntot at inihain iyon kay
Saul, at sinabi: "Narito ang inilaan para sa
iyo. Sige, kumain ka na." Nang araw ding
iyon, kumain si Saul na kasalo ni Samuel.

25 At bumaba sila mula sa altar sa burol
at pumunta sa lunsod. May nakahanda
nang higaan sa terasa para kay Saul at
doon siya natulog. 26 Maaga silang gu-
mising, at tinawag ni Samuel si Saul sa
terasa nang nagbubukanliwayway na:
"Bumangon ka at pauuwiin na kita." Bu-
mangon si Saul at kapwa sila lumabas ni
Samuel. 27 Sa pagbaba nila sa labas ng
lunsod, sinabi ni Samuel kay Saul: "Sabi-
hin mo sa iyong utusan na magpauna na
siya sa atin. Pero tumigil ka muna rito
nang masabi ko sa iyo ang mensahe ng
Diyos."

**10** 1 Kumuha pagkatapos si Samuel ng
isang boteng langis at ibinuhos iyon
sa ulo ni Saul, at hinalikan at sinabi: "Si
Yawe ang nagpahid sa iyo bilang pinuno
ng kanyang bayang Israel. Pamumunuan
mo ang bayan ni Yawe at ililigtas sila sa
kapangyarihan ng kanilang mga kaaway
sa paligid. At ito ang magiging tanda para
sa iyo na si Yawe mismo ang siyang nag-
pahid sa iyo. 2 Paghihiwalay natin ngayon,
may masasalubong kang dalawang lalaki
sa may libingan ni Raquel sa Zelza sa
hangganan ng Benjamin. Sasabihin nila
sa iyo: 'Nakita na ang mga asnong hina-
hanap mo. At ngayon, hindi na pino-
problema ng iyong ama ang mga ito, pero
nag-aalala na siya kung ano na ang nang-
yari sa iyo.' 3 Sa pagpapatuloy mo hang-
gang sa malaking puno sa Tabor, may
makakasalubong ka namang tatlong
lalaking paahon sa Diyos sa Betel. May
dalang tatlong batang kambing ang isa, at
may tatlong tinapay naman ang isa, at
ang isa pa'y may isang boteng alak. 4 Ku-
kumustahin ka nila at bibigyan ng dala-
wang tinapay na kukunin mo naman sa
kanila. 5 At pagkatapos, darating ka sa
Gibea ng Diyos kung saan may kuta ang
mga Pilisteo. Pagpasok mo sa lunsod,
may masasalubong kang grupo ng mga
propetang pababa mula sa altar sa burol,
at pinangungunahan ng isang korong
may alpa, tamburin, plauta at lira. At wala
sila sa sarili gaya ng mga propeta. 6 At
lulukuban ka ng Espiritu ni Yawe at ma-
wawala ka rin sa sarili kasama nila, at
magiging ibang tao ka na. 7 Sa oras na
matupad ang mga tandang ito, gawin mo
ang hinihingi ng pagkakataon sapagkat
sumasaiyo ang Diyos.

8 Mauuna ka sa akin pababa sa Gilgal at
pupuntahan kita roon para mag-alay ng
mga sinunog na handog, at ng hain sa
mabuting pagsasamahan. Maghintay ka
roon nang pitong araw hanggang duma-
ting ako at sasabihin ko sa iyo ang dapat
mong gawin."

9 Sa pagtalikod ni Saul para iwan si
Samuel, binago ng Diyos ang kanyang
puso, at natupad nang araw na iyon ang
lahat ng tandang ito. 10 Pagdating nila sa
Gibea, hayun ang grupo ng mga propeta
at sinalubong siya. At nilukuban siya ng
Espiritu ng Diyos at nagpropesiya siyang
kasama nila.

11 Nang makita siyang nagpopropesiyang
kasama ng mga propeta ng lahat ng nakakakilala
sa kanya, nagtanungan ang mga ito: "Ano itong
nangyari sa anak ni Kish? Kabilang na rin ba si
Saul sa mga propeta?" 12 Sumagot ang isang
tagaroon: "At sino ba ang kanyang ama?" Kaya
naging kasabihan ang "Kabilang na rin ba si Saul
sa mga propeta?" 13 Pagkatapos niyang maka-

pagpropesiya, dumating siyang kasama nila sa
altar sa burol.

14 Tinanong ngayon si Saul at ang kanyang
utusan ng tiyo niya: "Saan kayo nagpunta?"
Sumagot si Saul: "Sa paghahanap sa mga asno.
Nang hindi namin makita, nagpunta kami kay
Samuel." 15 Sinabi ng tiyo ni Saul: "Sabihin mo
nga sa akin ang sinabi sa iyo ni Samuel." 16 At
sinabi ni Saul sa kanyang tiyo: "Sinabi lamang
niya sa amin na natagpuan na ang mga asno."
Ngunit hindi niya sinabi sa kanyang tiyo ang
tungkol sa paghahari na sinabi ni Samuel.

• 17 Ipinatawag ni Samuel ang sambayanan
sa harap ni Yawe sa Mizpa. 18 At sinabi niya sa
mga Israelita: "Ito ang sinasabi ni Yaweng Diyos
ng Israel: 'Inilabas ko ang Israel mula sa Ehipto
at iniligtas kayo sa kamay ng mga Ehipsiyo at ng
lahat ng kahariang umalipin sa inyo.' 19 Ngunit
binale-wala ninyo ngayon ang inyong Diyos na
nagliligtas sa inyo sa lahat ng kapahamakan at
kagipitan. At sinabi ninyong 'Hindi! Bigyan mo
kami ng isang haring mamumuno sa amin.'
Kaya humarap kayo ngayon kay Yawe ayon sa
inyu-inyong mga tribu at mga angkan."

20 Pinalapit ni Samuel ang lahat ng tribu ng
Israel, at ang tribu ng Benjamin ang napili. 21 At
pinalapit niya ang tribu ng Benjamin, angkan-
angkan, at ang angkan ni Matri ang napili. At
mula sa angkan ni Matri, napili si Saul na anak
ni Kish. Hinanap nila siya pero hindi nakita.
22 Kayat muli silang nagtanong kay Yawe: "Du-
mating na ba ang tao?" Sabi ni Yawe: "Hayun,
nagtatago siya sa mga kagamitan." 23 Tumakbo
sila at inilabas siya mula roon. Nang tumindig
siya sa gitna ng bayan, mas mataas siya sa lahat
mula balikat hanggang ulo. 24 Sinabi ni Samuel
sa buong sambayanan: "Nakikita ba ninyo ang
pinili ni Yawe? Wala siyang kaparis sa buong
bayan." At sumigaw ang buong bayan: "Mabu-
hay ang hari!"

25 At sinabi ni Samuel sa bayan ang kara-
patan at tungkulin ng hari. At isinulat niya ang
mga ito sa isang aklat na itinabi niya sa harap ni
Yawe. At pinauwi na ni Samuel ang bayan,
bawat isa sa kanya-kanyang tahanan. 26 Umuwi
na rin si Saul sa kanyang tahanan sa Gibea
kasama ang mga magigiting na ang puso ay
hinipo ng Diyos. 27 Ngunit sinabi ng ilang masa-
sama: "Paano tayo maililigtas nito?" Binale-
wala nila siya at hindi dinalhan ng regalo.

**Sinagip ni Saul ang lunsod ng Yabes**

**11** • 1 Makaraan ang isang buwan,
dumating ang Amonitang si Nahas
at kinubkob ang Yabes-Galaad. Sinabi
kay Nahas ng lahat ng lalaking taga-

---

• **10.**17 Ito ang tamang karugtong ng kabanata 8; ito ang isa pang salaysay ng paghirang kay Saul. Hindi sinasalungat ng kabanatang ito ang nauna, dahil lihim na itinalaga ni Samuel si Saul.

Inilalahad sa atin ng Biblia ang parehong pangyayaring ikinukuwento ng dalawang taong may magkasalungat na paniwala. Nakikita ng una na mabuti at ayon sa plano ng Diyos ang magkaroon ng mga hari (kab. 9-10). Nakikita naman dito ng ikalawa (1 S 8 at 10:17-19) ang isang mapanganib na pagbabago na hinahayaan lamang ng Diyos.

*Nagtatago siya sa mga kagamitan.* Dito nagsisimula ang kasamaampalad ni Saul na hari kahit na labag sa kanyang kalooban. Humingi ang mga Israelita ng isang hari dahil sa panlabas na panganib (ang mga Pilisteo), pero sa mismong kaloob-looban nila'y isinusuka naman nila ang anumang pamumuno. At naramdaman mismo ni Saul na hindi siya para mamuno. Sa kabila ng kanyang kagitingan gaya ng ipinakikita sa kabanata 11, hindi niya isusuong sa panganib ang kanyang sarili. Makulit siyang tao, nakatali sa mga idea ng kanyang panahon (tingnan ang kab. 25). Bagamat simpleng tao si Saul, wala sa kanya ang kababaang-loob na gusto ng Diyos, na nagbubunsod ng pagsisimula ng mga bago at dakilang bagay na hindi natatakot na baka siya mabigo.

*Sumigaw ang buong bayan: Mabuhay ang Hari!* Marami na tayong nasaksihang pagtitipong kasinsigla nito at wala rin namang magandang ibinubunga. Tulad ng nangyayari sa maraming pinuno, kinabukasa'y natagpuan ni Saul na nag-iisa siya sa gitna ng isang bayang nag-aakalang nalutas na nila ang lahat dahil nakapag-eleksyon na sila.

• **11.**1 Ipinagpapatuloy dito ang salaysay na naputol sa 10:16. Handa nang tumanggap ng kapayapaan ang mga taga-Yabes. Umiiyak ang Israel at tumataghoy, pero si Saul ang siyang nagpapasya na hindi mahahayaan ang sitwasyong ito. Inoobliga ng kanyang kagitingan na kumilos ang Diyos.

*Sino ang nagsabing hindi maghahari sa amin si Saul?* Walang pulitikang walang mga partido. Mula pa sa simula'y may mga kakampi at mga kalaban si Saul. Ngunit mas kailangan niyang isaalang-alang ang pagkakakanya-kanya ng mga tribu ng Israel lalo na ang kompitensya ng mga tribu ng Efraim at Benjamin sa hilaga at ng tribu ng Juda sa timog. Para naman sa mga taga-Yabes, tatanawin nila itong malaking utang na loob sa kanilang tagapagligtas at magiging tapat sila sa kanya kahit na patay na siya (tingnan 1 S 31:11).

Mabuting tao si Saul at mapagbigay, at ayaw niyang paghigantihan ang kanyang mga kaaway. Ngunit sa oras na maging pinakamakapangyarihan ang isang pinuno, napakadali niyang inilalayo ang sarili sa iba, at nagiging mayabang o pesimista. Hindi makikinig si Saul sa Diyos at sa kanyang mga kamag-anak, at mabubulagan siya sa kanyang pagseselos kay David.

Yabes: "Makipagkasunduan ka sa amin at
maglilingkod kami sa iyo."
2 Sumagot naman si Nahas na Amo-
nita: "Makikipagkasunduan ako sa inyo sa
isang kundisyon: dudukitin ko ang ka-
nang mata ng bawat isa sa inyo para
maiwang kahihiyan sa buong Israel." 3 Si-
nabi sa kanya ng mga matatanda ng
Yabes: "Bigyan mo kami ng pitong araw
para makapagpadala kami ng mga sugo
sa buong Israel. At susuko kami sa iyo
kung walang magliligtas sa amin."
4 Dumating ang mga sugo sa Gibea ni
Saul, at ibinalita ito sa bayan at umiyak
nang malakas ang buong bayan.
5 Nang mga sandaling iyon, kararating
pa lamang ni Saul mula sa bukid, kasunod
ng kanyang mga baka. Itinanong niya: "Ano
ang nangyari at nag-iiyakan ang bayan?" At
sinabi nila sa kanya ang sinabi ng mga
lalaking taga-Yabes. 6 Pagkarinig ni Saul sa
mga salitang ito, nilukuban siya ng espiritu
ng Diyos at nag-apoy ang kanyang galit.
7 Kinuha niya ang pares na baka, tinadtad at
ipinadala ang mga piraso sa buong Israel sa
mga sugo, at ipinasabi: "Ganito rin ang ga-
gawin ko sa mga baka ng sinumang hindi
susunod kina Saul at Samuel."

Sinakmal ang bayan ng matinding
takot – salamat kay Yawe – at lumabas
silang parang iisang tao.
8 Nang ihanay sila ni Saul sa Bezek,
tatlundaang libo ang mga anak ng Israel
at tatlumpung libo naman ang mga lalak-
ing taga-Juda.
9 At sinabi nila sa dumating na mga
sugo: "Sabihin ninyo sa mga taga-Yabes-
Galaad na darating kami bukas ng tang-
hali para iligtas kayo." Bumalik ang mga
sugo at sinabi ito sa mga taga-Yabes at
sila'y natuwa. 10 At sinabi nila sa mga
Amonita: "Susuko na kami sa inyo bukas
at magagawa na ninyo sa amin ang anu-
mang gusto ninyo."
11 Kinabukasan, pinagtatlong pangkat
ni Saul ang kanyang mga tauhan. Ma-
daling-araw nang pasukin nila ang kampo
ng mga Amonita at pinagpapatay nila ang
mga ito hanggang tanghaling-tapat. Nag-
sipangalat ang mga nakatakas at nag-
kanya-kanyang takbo.
12 At sinabi ng bayan kay Samuel: "Sino
ang nagsabing hindi maghahari sa amin si
Saul? Ibigay mo sa amin ang mga taong
iyon at papatayin namin." 13 Ngunit suma-
got si Saul: "Walang sinumang papatayin
sa araw na ito sapagkat ngayon iniligtas ni
Yawe ang Israel."
14 Sinabi naman ni Samuel sa bayan:
"Halikayo, tayo na sa Gilgal at pasinayaan
ang kaharian."
15 At nagpunta nga sa Gilgal ang buong
bayan at doon nila kinilalang hari si Saul
sa harap ni Yawe. Nag-alay sila roon ng
mga hain sa mabuting pagsasamahan sa
harap ni Yawe at lubos na nagdiwang si
Saul at ang lahat ng Israelita.

**Nagbitiw si Samuel**

**12** • 1 Sinabi ni Samuel sa buong Is-
rael: "Tingnan ninyo, pinakinggan

---

• **12.**1 Mahirap para kay Samuel ang tumabi para bigyan ng lugar si Saul, gaya ng para sa maraming tagapagtatag o may katungkulan, na hindi maibigay-bigay sa ibang mga nakababata o mas mahusay, ang pagpapatuloy at pagpapaunlad ng gawaing kanilang nilikha.

Sa pagkakataong ito ipinaaalala ni Samuel sa mga Israelita na walang awtoridad na di nasasaklaw ng batas ng Diyos, lalo na kung tungkulin nitong igawad ang batas. "At sumunod sana kayo at ang inyong haring namumuno sa inyo kay Yawe..." Para kay Samuel, kailangang tuparin ng hari, gayundin ng mga sakop niya, ang mga kundisyon ng Tipan, nang buong-katapatan; sa kasamaang-palad, di magtatagal at iisipin ng mga hari ng Israel na hindi na sila saklaw ng pagiging tapat. Pagkaupong-pagkaupo ni Solomon sa trono, agad niyang iniwan ang palasyong ipinatayo ng kanyang amang si David sa mababang lugar ng lunsod sa piling ng mga bahay ng mga tao para ilagay ang kanyang sarili sa tabi ng Templo ni Yawe. Mula noon, nasa ibaba na ang mga ordinaryong tao, at ang Diyos at ang hari nama'y nasa banal na bundok. Masagisag! Pagdating ni Jesus, papaksain niya ang aral ni Samuel at ng mga propeta: "Dumating ang Anak ng Tao hindi para paglingkuran kundi para maglingkod at ibigay ang kanyang buhay..." Maging sa iglesya, ang bagong Israel, kikilos ang ilang may katungkulan na parang mga panginoon ng iglesya sa maling akala na pareho ang katungkulan at pag-abuso sa kapangyarihan.

ko ang lahat ng sinabi ninyo sa akin at binigyan ko kayo ng hari. 2 Mayroon na kayong hari ngayon na mamumuno sa inyo. Matanda na ako, maputi na ang aking buhok, at narito namang kasama ninyo ang aking mga anak. Pinamunuan ko kayo mula pa sa aking kabataan hanggang sa araw na ito. 3 Narito ako, sagutin ninyo ako ngayon sa harap ni Yawe at ng kanyang pinahiran: Kaninong baka ang kinuha ko?

Kaninong asno ang inagaw ko? Sino ang dinaya ko? Sino ang inapi ko? Kanino ako tumanggap ng suhol? Sabihin ninyo at isasauli ko sa inyo."

4 Ngunit sinabi nila: "Wala kang dinaya o inapi sa amin; wala kang kinuha kaninuman."

5 At sinabi ni Samuel sa kanila: "Si Yawe ang saksi laban sa inyo, at saksi rin sa araw na ito ang kanyang pinahiran na wala kayong natagpuang anuman sa aking kamay." At sumagot sila: "Saksi siya."

6 At sinabi ni Samuel sa sambayanan: "Si Yawe ang saksi, siya na nagsugo kina Moises at Aaron at naglabas sa inyong mga ninuno mula sa lupain ng Ehipto. 7 Kaya tumindig kayo ngayon at ihaharap ko sa inyo ang lahat ng ginawa ni Yaweng nagligtas sa inyo at sa inyong mga ninuno. 8 Pumunta si Jacob sa Ehipto at inapi ng mga Ehipsiyo ang inyong mga ninuno at dumaing sila kay Yawe. At isinugo naman niya sina Moises at Aaron. Inilabas nila ang inyong mga ninuno mula sa Ehipto at itinira sa lugar na ito. 9 Ngunit kinalimutan nila si Yaweng Diyos nila kaya ipinaubaya niya sila sa kamay ni Siserang pinuno ng hukbo ng Hasor at sa kamay ng mga Pilisteo at sa hari ng Moab na lumaban sa kanila. 10 At dumaing sila kay Yawe at sinabing 'Nagkasala kami sapagkat binale-wala namin si Yawe at pinaglingkuran ang mga Baal at mga Astarte. Ngunit ngayon, iligtas mo kami sa kamay ng aming mga kaaway at paglilingkuran ka namin.' 11 At ipinadala ni Yawe sina Yerubaal at Barak, Yefte at Samuel, at iniligtas kayo sa kamay ng inyong mga kaaway sa paligid at nabuhay kayo nang matiwasay.

12 Ngunit nang makita ninyong nilusob kayo ni Nahas na Amonita, sinabi ninyo sa aking – Hindi! Isang hari ang mamumuno sa amin – gayong si Yaweng inyong Diyos ang inyong hari. 13 Ngayon tingnan ninyo ang haring inyong pinili na ibinigay sa inyo ni Yawe bilang hari. 14 Magkaroon sana kayo ng pitagan kay Yawe at paglingkuran siya! Makinig sana kayo sa kanyang tinig at huwag maghimagsik sa kanyang mga utos! At sumunod sana kayo at ang inyong haring namumuno sa inyo kay Yaweng inyong Diyos. 15 Ngunit kung hindi kayo makikinig sa tinig ni Yawe at maghihimagsik sa kanyang mga utos, magiging laban sa inyo at sa inyong hari ang kanyang kamay.

16 At ngayon, dumito muna kayo upang masaksihan ang kababalaghang ito na gagawin ni Yawe sa inyong harapan. 17 Hindi ba anihan ngayon ng trigo? Tatawag ako kay Yawe para magpakulog siya at magpaulan. At malalaman ninyo at makikita na napakasama sa mata ni Yawe ang ginawa ninyong paghingi ng isang hari."

18 At tumawag si Samuel kay Yawe, at nagpakulog at nagpaulan si Yawe nang araw ding iyon. At nagkaroon ng matinding takot kay Yawe at kay Samuel ang buong bayan. 19 Sinabi ng buong bayan kay Samuel: "Ipagdasal mo ang iyong mga lingkod kay Yaweng Diyos mo upang hindi kami mamatay sapagkat idinagdag namin sa lahat naming kasalanan ang kasamaang ito ng paghingi ng isang hari."

20 Sinabi ni Samuel sa bayan: "Huwag kayong matakot! Nagawa nga ninyo ang lahat ng kasamaang ito, pero huwag kayong lalayo kay Yawe ngayon kundi paglingkuran siya nang buo ninyong puso. 21 Huwag kayong lumihis para sundan ang walang-kabuluhan at walang-silbing mga diyus-diyusan na hindi makapagliligtas sapagkat sila'y wala. 22 Hindi pababayaan ni Yawe ang kanyang bayan dahil sa kanyang dakilang Pangalan sapagkat ikinalugod ni Yawe na gawin niya kayong bayan niya. 23 At ako naman, paano ko magagawa ang pagkakasalang ito na tumigil sa pananalangin para sa inyo? Patuloy kong ituturo sa inyo ang mabuti at tamang daan. 24 Magkaroon lamang kayo ng pitagan kay Yawe at matapat siyang paglingkuran nang buo ninyong puso sapagkat nakita ninyo ang mga dakilang bagay na ginawa niya para sa inyo. 25 Ngunit kung gagawa pa rin kayo ng kasamaan, kayo at ang inyong hari ay kapwa papalisin."

**13** • 1 Naging hari si Saul at naghari sa
Israel. 2 Pumili si Saul ng tatlong libong
lalaki sa Israel. Kasama niya ang dalawang libo
sa Mikmas at sa kaburulan ng Betel, at sanlibo
naman ang kasama ni Yonatan sa Gibea ng
Benjamin. Pinauwi ni Saul ang iba pa sa kani-
kanilang tahanan. 3 Pinatay ni Yonatan ang
gobernador na Pilisteo ng Geba at nabalitaan
iyon ng mga Pilisteo. At pinahipan ni Saul ang
trumpeta sa buong lupain sa pagsasabing
"Makinig ang mga Hebreo!" 4 At narinig ng
buong Israel ang balitang "Pinatay ni Saul ang
gobernador na Pilisteo, at mabaho na ngayon
ang Israel sa mga Pilisteo." At tinawag ang
sambayanan upang makiisa kay Saul sa Gilgal.

**Ang "kasalanan" ni Saul**

• 5 Nagtipon ang mga Pilisteo para
lumaban sa Israel – tatlong libong kar-
wahe, anim na libong mangangabayo at
mga taong parang buhangin sa dalam-
pasigan sa dami. Nagpunta sila at nag-
kampo sa Mikmas sa silangan ng Bet-
Aven. 6 Nang makita ng mga Israelita na
nasusuong sila sa panganib, nagtago ang
mga tao sa mga yungib, siwang, batuhan,
puntod at balon. 7 Tumawid pa sa Ilog
Jordan ang ibang mga Hebreo patungo sa
lupain ng Gad at Galaad.

Nasa Gilgal pa si Saul at nanginginig
naman sa takot ang buong bayang ka-
sama niya. 8 Naghintay siya ng pitong
araw ang taning na panahon ni Samuel.
Ngunit hindi dumating sa Gilgal si Samuel
at nagsimula nang maghiwa-hiwalay ang
mga tao.

9 At sinabi ni Saul: "Dalhin ninyo sa
akin ang sinunog na handog at ang hain
sa mabuting pagsasamahan." At inialay
ni Saul ang sinunog na handog. 10 Kata-
tapos pa lamang niyang ialay ang sinunog
na handog, at hayan! dumating na si
Samuel. Sinalubong siya ni Saul para
kumustahin. 11 At sinabi ni Samuel: "Ano
ang ginawa mo?" Sumagot si Saul: "Na-
kita kong naghihiwa-hiwalay na ang mga
tao at hindi ka dumating sa takdang pa-
nahon, at nagtitipon na ang mga Pilisteo
sa Mikmas, 12 kaya nasabi kong 'Lulu-
subin ako sa Gilgal ng mga Pilisteo nang
hindi ko nakukuha ang loob ni Yawe' kaya
napilitan akong mag-alay ng mga sin-
unog na handog."

13 Sinabi ni Samuel kay Saul: "Kaha-
ngalan ang ginawa mong pagsuway
sa utos ni Yaweng Diyos mo. Itatatag sana
ni Yawe ang iyong paghahari sa buong

---

• **13.**1 Wala sa isip ni Saul na iwan ang Gibea na kanyang bayan at magtayo ng isang kapitolyo ng bagong estado ng Israel. Pero dahan-dahan siyang bumuo ng isang permanenteng hukbo (tingnan 14:52) sa halip na umasa lamang sa mga nagboboluntaryong lalaban sa tuwing nasa panganib ang bayan. Maraming taon siyang walang humpay na nakipaglaban para maitaboy ang sumasalakay na mga Pilisteo.

• 5. Hindi lamang minsan kundi maraming beses (tingnan din ang kab. 15) na nagdadalawang-isip si Saul sa katapatan sa Diyos at kay Samuel, o kung gagawin niya ang mas makatuwiran sa palagay niya. At sa katapusa'y mas ginusto niyang kumilos ayon sa sarili niyang paniwala.

*Itatatag sana ni Yawe ang iyong paghahari sa buong Israel.* Mas mabigat ang hinihingi ni Yawe sa magiging unang hari ng kanyang bayan at sa gusto niyang pangakuan ng walang hanggang pakikipagtipan. Para matanggap kay Yawe ang mga pangakong higit pa sa pangkaraniwang takbo at kahihinatnan ng buhay, kailangang magpakita si Saul ng ganap na katapatan, kahit na parang naaantala o nagkakamali ang Diyos. Sa ganito sinubok si Abraham. Ang mamuno sa ibang tao at lalo na ang magbigay-direksyon sa patutunguhan ng bansa ay pakikibahagi na rin sa kapangyarihan ng Diyos. Walang makaaabot sa ganitong mga responsabilidad kung hindi niya kayang sumunod sa Diyos nang higit kaysa iba at makinig sa kanya.

Gayunpaman, punahin natin na ang mga talata 7-15 ay idinagdag sa naunang teksto. Malamang na gawa ang mga ito ng mga pari na nag-edit sa mas matatandang teksto pagbalik nila mula sa pagkabihag. Pinalalabas nila na si Samuel ang mabuti, ang tagapagsalita ng Diyos. Maaari nating basahin ang pangyayaring ito ayon sa kanilang panukala, pero maaari rin nating pagtakhan ang paraan ni Samuel ng pag-angkin sa mga karapatan ng Diyos. Anong karapatan niya para hindi tuparin ang kanyang salita at dumating sa takdang panahon? At paano niya mahuhusgahan si Saul kung kumikilos ito ayon sa kanyang konsiyensiya? Pinaniniwalaan ng Kristiyanong tradisyon na dapat nating sundin palagi ang ating konsiyensiya kung nagawa na natin ang lahat na maaaring gawin para magkaroon ng maliwanag na konsiyensiya, kahit na lumabag tayo sa mataas na awtoridad o mga sagradong batas sa paggawa nito. Masasabi nating si Samuel ang sumira kay Saul nang hindi natin itinatatwa ang mga dakila at mabubuting katangian ni Samuel.

Israel magpakailanman. 14 Pero ngayon,
hindi na magtatagal ang iyong paghahari,
naghanap na si Yawe ng taong kanyang
napusuan at hinirang siyang pinuno ng
kanyang bayan sapagkat hindi mo tinu-
pad ang iniutos sa iyo ni Yawe."

15 Pagkatapos ay umalis si Samuel sa Gilgal
at umuwi. Umahon namang kasama ni Saul ang
iba pa para sumama sa mga sundalong nasa
Gibea ng Benjamin.

Inihanay ni Saul ang mga taong kasama niya
– mga animnaraang lalaki.

16 Nanatili sa Geba ng Benjamin si Saul at ang
kanyang anak na si Yonatan pati ang mga taong
kasama nila, samantalang nagkampo naman sa
Mikmas ang mga Pilisteo. 17 Tatlong pangkat ng
mangungulimbat ang lumabas galing sa kampo
ng mga Pilisteo – isang pangkat ang lumiko
patungong Ofra sa lupain ng Sual, 18 ang isa
nama'y nagpa-Bet-Horon, at ang isa pa'y sa
daan sa hangganang katapatan ng lambak ng
Seboim patungo sa disyerto.

19 Walang panday sa buong lupain ng
Israel sapagkat hinadlangan ng mga Pilisteo ang
mga Hebreo na gumawa ng tabak o sibat.
20 Kaya nagpupunta pa sa mga Pilisteo ang
bawat isa sa buong Israel para magpahasa ng
kanilang araro, asarol, palakol at karit. 21 Dala-
wang-katlo ng shekel ang presyo ng pagpapa-
hasa ng mga araro at mga asarol, at katlong
shekel naman para sa pagpapahasa ng mga
kalaykay, palakol at pantaboy sa mga baka.
22 Kaya sa araw ng labanan, walang tabak o sibat
na hawak ang lahat ng taong kasama nina Saul
at Yonatan. Sina Saul at Yonatan lamang ang
mayroon ng mga iyon.

23 Isang pangkat ng mga Pilisteo ang lumabas
papunta sa lagusan ng Mikmas.

14 • 1 Nang araw ding iyon, sinabi ni Yona-
tang anak ni Saul sa binatang tagapag-
dala ng kanyang kalasag: "Halika, pumunta
tayo sa garison ng mga Pilisteo sa kabila." Hindi
niya ito sinabi sa kanyang ama. 2 Nasa labas
noon ng Gibea si Saul, sa lilim ng malaking puno
sa Migron. Kasama niya ang mga animnaraang
lalaki 3 pati si Ajias na anak ni Ajitub na kapatid
ni Ikabod na anak naman ni Finjas na anak ni
Eling pari ni Yawe sa Silo. At na kay Ajias ang
efod para sa pagsangguni kay Yawe. Hindi alam
ng mga tao na umalis si Yonatan.

4 Batuhang talampas ang magkabilang panig
ng lagusang sinikap daanan ni Yonatan para
marating ang garison ng mga Pilisteo. Tinata-
wag na Bozez ang isang panig at Sene naman
ang kabila. 5 Nakaharap sa hilaga ang isang
talampas, sa tapat ng Mikmas, at ang isa
nama'y pa-timog sa tapat ng Geba. 6 Sinabi ni
Yonatan sa binatang ayudante niya: "Halika,
pumunta tayo sa garison ng mga supot na iyon.
Baka sakaling tulungan tayo ni Yawe sapagkat
hindi mahirap para kay Yawe ang magligtas sa
pamamagitan man ng marami o kaunti." 7 Su-
magot ang ayudante: "Gawin mo ang anumang
iniisip mo. Kasama mo ako ayon sa iyong
kalooban." 8 Sinabi ni Yonatan: "Tingnan mo,
lalapit tayo at pakikita sa mga lalaking iyon.
9 Kapag sinabi nilang 'D'yan lang kayo, kami
ang lalapit sa inyo,' hihinto tayo at hindi lalapit
sa kanila. 10 Ngunit kung sabihin naman nilang
'Lumapit kayo,' lalapit tayo sa kanila sapagkat
iyon ang tanda na ibinigay sila ni Yawe sa ating
mga kamay."

11 Nang makita ng mga Pilisteo ang dalawa,
sinabi ng mga ito: "Hayun, lumabas na ang mga
Hebreo sa mga lunggang kanilang pinagta-
taguan!" 12 At sinigawan nila sina Yonatan at ang
ayudante nito: "Lumapit kayo rito at tuturuan
namin kayo ng leksiyon." At sinabi ni Yonatan sa
kanyang ayudante: "Sumunod ka sa akin sa-
pagkat ipinaubaya na sila sa kamay ng Israel!"
13 Pagapang na umahon si Yonatan, kasunod
ang kanyang ayudante. Nabuwal ang mga Pilis-
teo sa harap ni Yonatan at inutas naman ang
mga ito ng kanyang ayudante. 14 Sa unang
pagkalupig na iyon na hatid ni Yonatan at ng
kanyang ayudante, mga dalawampung katao
ang kanilang napatay sa makitid na lugar na
dalawandaang talampakan ang haba.

15 Sinaklot ng sindak ang kampo, ang kapali-
giran at ang buong bayan. At natakot din ang
garison at ang mga mangungulimbat.

Parang lindol – at nagkaroon ng matinding
sindak! 16 Tumingin ang mga tanod ni Saul na

---

• **14**.1 Tinutulungan tayo ng kabanata 14 para maunawaan ang sitwasyon ng mga Israelita. Sinakop nila ang kabundukan, pero ang kapatagan naman ay nasa kamay ng mga Pilisteong mas organisado at mas armado.

Ipinapakita ng panunumpa ni Saul ang napakaprimitibong antas ng kaalamang panrelihiyon sa panahong iyon, tulad sa kaso ni Yefte (Mga Hukom 11:30):

– panunumpang may banta ng kamatayan;

– pagpapahalaga sa krimen ng sinumang "kumakain ng karne sa ibabaw ng dugo" (tingnan ang bersikulo 33; hindi ito kapareho ng "pagkain ng karne na may dugo" na nasa Lev 17:8);

– ang kaugalian ng pagpapalabunutan para makuha ang "sagot ni Yawe."

nasa Gibea ng Benjamin, at hayun! nagsipa-
ngalat ang mga Pilisteo at paroo't paritong
nagtatakbuhan. 17 Sinabi ni Saul sa kanyang
mga kasama: "Humanay at tingnan kung sino
ang nawawala." At pagkahanay nila, natuklasan
nilang wala si Yonatan at ang ayundante nito.

18 Sinabi ni Saul kay Ajias: "Dalhin mo rito
ang efod." Sapagkat si Ajias noon ang may
hawak sa efod para sa Israel. 19 Pero habang
kinakausap ni Saul ang pari, lalong nag-ibayo
ang pagkakagulo sa kampo ng mga Pilisteo.
Kaya sinabi ni Saul sa pari: "Iurong mo na ang
iyong kamay." 20 Nag-usap-usap sina Saul at
ang lahat niyang tauhan, at sumugod sila sa
labanan. At nakita nilang gulung-gulo ang lahat
doon, at nagtatagaan ang isa't isa. 21 Ngayon,
bumaligtad ang mga Hebreong dating kakampi
ng mga Pilisteo at kasama nilang umahon sa
kampo. Pumanig ang mga ito sa mga Israelitang
kasama nina Saul at Yonatan. 22 Nang maba-
litaan ng mga Israelitang nagtatago sa kabun-
dukan ng Efraim na nagsisitakas na ang mga
Pilisteo, sila naman ang humabol sa mga
Pilisteo. 23 Nang araw na iyon, iniligtas ni Yawe
ang Israel, at umabot sa kabila pa ng Bet-Horon
ang labanan.

24 Nang araw na iyon, samantalang nang-
hihina na ang mga Israelita, ipinailalim ni Saul sa
sumpa ang mga tao: "Sumpain ang sinumang
kumain bago gumabi, bago ako makapaghi-
ganti sa aking mga kaaway." Kaya walang sinu-
mang tumikim ng pagkain.

25 Nagpunta ang lahat sa gubat at may pulot-
pukyutan doon. 26 Nagpunta nga ang mga tao sa
gubat, at hayun! may tumutulong pulot-pukyu-
tan. Ngunit walang sinumang nagsubo ng
kanyang daliri. 27 Subalit hindi narinig ni Yona-
tan ang sumpang ginawa ng kanyang ama sa
harap ng bayan. At iniunat niya ang tungkod
na hawak niya at idinawdaw ang dulo nito sa
bahay-pukyutan. Inilapit niya ang kanyang
kamay sa kanyang bibig, at nagningning ang
kanyang mga mata. 28 At sinabi ng isa sa mga
naroon: "Inobliga ng iyong ama ang bayan nang
sabihin niyang 'Sumpain ang taong kakain sa
araw na ito!' bagamat nanghihina na ang mga
tao. 29 At sinabi ni Yonatan: "Ginulo ng aking
ama ang lupain. Tingnan mo, nagkaroon ako ng
panibagong lakas nang makatikim ako ng
kaunting pulot-pukyutang ito. 30 Gaano pa kung
malaya lamang nakakain ngayon ang mga tao
mula sa nasamsam nila sa kanilang mga kaa-
way? Di ba't mas malaki sana ang naging pag-
katalo ng mga Pilisteo?"

31 Hinabol nila nang araw ding iyon ang mga
Pilisteo mula sa Mikmas hanggang Ayalon.
Pagod na pagod ang mga taong 32 sumugod sa
pananamsam, at kinuha nila ang mga tupa at
mga baka at mga guya, at kinatay ang mga iyon
sa lupa. At kumain ang bayan sa ibabaw ng
dugo. 33 Sinabi nila kay Saul: "Tingnan mo,
nagkakasala kay Yawe ang bayan sa pagkain sa
ibabaw ng dugo." Sinabi niya: "Para kayong
mga pagano! Pagulungin ninyo ngayon dito sa
akin ang isang malaking bato." 34 At sinabi pa ni
Saul: "Sige, lumibot kayo sa bayan at sabihin sa
kanilang dalhin sa akin ng bawat isa ang kan-
yang baka o tupa. Katayin iyon dito at kainin,
ngunit huwag magkasala kay Yawe sa pagkain
sa ibabaw ng dugo." Kayat nang gabing iyon,
dinala ng bawat isa ang kanilang kinuha sa
nasamsan at kinatay doon. 35 At nagtayo ng altar
kay Yawe si Saul – ang kauna-unahang altar na
itinayo niya para sa kanya.

36 At sinabi ni Saul: "Lumusong kayo ngayon
at habulin habang gabi ang mga Pilisteo at
samsaman sila hanggang magbukanliwayway.
Wala tayong ititirang buhay isa man sa kanila."
At sinabi nila: "Gawin mo ang anumang mabuti
sa palagay mo." Ngunit sinabi ng pari: "Lumapit
tayo't sumangguni sa Diyos." 37 At itinanong ni
Saul sa Diyos: "Lulusong ba ako para habulin
ang mga Pilisteo? Ibibigay mo ba sila sa kamay
ng Israel?" Ngunit hindi siya sinagot ng Diyos
nang araw na iyon.

38 Kaya sinabi ni Saul: "Lumapit dito ang lahat
ng pinuno ng bayan. Tingnan natin at alamin
kung bakit galit sa atin ang Diyos? 39 Buhay si
Yaweng nagligtas sa Israel – kayat tiyak na
mamamatay ang taong iyon, maging siya man
ang aking anak na si Yonatan." Ngunit walang
sinumang sumagot kay Saul. 40 At sinabi niya sa
buong Israel: "Sige, diyan kayo at dito kami ng
anak kong si Yonatan." Sinabi ng bayan kay
Saul: "Gawin ang mabuti sa palagay mo." 41 At
sinabi ni Saul kay Yaweng Diyos ng Israel: "Bakit
hindi mo sinagot ngayon ang iyong lingkod?
Kung nasa akin o sa aking anak na si Yonatan
ang pagkakasala, ipakita mo ito sa Urim, ngunit
kung ang iyong bayang Israel naman ang
nagkasala, ipakita mo ito sa Tummim." At sina
Yonatan at Saul ang nabunot, naiwan ang
bayan. 42 Sinabi ni Saul: "Gawin ang palabunu-
tan sa amin ng aking anak na si Yonatan." At si
Yonatan ang nabunot.

43 Pagkatapos ay sinabi ni Saul kay Yonatan:
"Sabihin mo sa akin kung ano ang ginawa mo."
At sinabi sa kanya ni Yonatan: "Tumikim lang
naman ako ng kaunting pulot-pukyutan sa dulo
ng hawak kong tungkod. At dahil dito'y mama-
matay na ako?" 44 Sinabi ni Saul: "Gawin sa akin
ng Diyos ito at ito pa, kung hindi ka mama-

matay, Yonatan." 45 Ngunit sinabi ng bayan kay
Saul: "Dapat bang mamatay si Yonatan na si-
yang naghatid ng malaking tagumpay na ito sa
Israel? Hindi maaari! Buhay si Yawe at wala isa
mang buhok sa kanyang ulo ang malalaglag sa
lupa sapagkat gumawa siya ngayon kasama ng
Diyos." Kaya nasagip ng bayan si Yonatan.
46 At itinigil na ni Saul ang paghabol sa mga
Pilisteo; umuwi naman ang mga Pilisteo sa ka-
nilang lugar.
47 Nang hawak na ni Saul ang kaharian ng
Israel, nakipaglaban siya sa lahat niyang ka-
away sa buong paligid: sa Moab, sa mga Amo-
nita, sa Edom, sa mga hari ng Soba at sa mga
Pilisteo. At nagtatagumpay siya saanman siya
bumaling. 48 Buong giting niyang nilupig ang
mga Amalecita at sinagip ang Israel mula sa
kamay ng mga mangungulimbat.
49 Sina Yonatan, Isvi at Melkisua ang mga
anak na lalaki ni Saul; si Merob naman ang
kanyang panganay na babae at si Micol ang
bunso. 50 Si Ahinoam na anak ni Ajimas ang
kanyang asawa. At si Abner na anak ni Ner na
tiyo ni Saul ang heneral ng kanyang hukbo.
51 Mga anak ni Abiel si Kish na ama ni Saul at si
Ner na ama ni Abner.
52 Buong buhay at buong dahas na nakipag-
laban si Saul sa mga Pilisteo. Kaya isinasama ni
Saul sa kanyang hukbo ang sinumang lalaking
makita niyang malakas o matapang.

### Hindi sinunod ni Saul ang utos ng Diyos

**15** 1 Sinabi ni Samuel kay Saul: "Isinugo ako
ni Yawe upang pahiran ka bilang hari ng
kanyang bayang Israel. Makinig ka ngayon sa
tinig ni Yawe. 2 Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga
Hukbo. Parurusahan mo ang Amalek dahil sa
ginawa niya sa Israel sapagkat humarang siya
sa daan nang lumabas ang mga Israelita mula sa
Ehipto. 3 Lusubin mo ngayon ang Amalek at
ganap na puksain ayon sa batas ng anatema
ang lahat ng kanya. Huwag mo siyang kaha-
habagan, patayin lalaki't babae, bata at pa-
susuhin, baka at tupa, kamelyo at asno."
4 Ipinatawag ni Saul ang kanyang mga tau-
han at inihanay sila sa Telam – dalawandaang
libong lalaking-lakad at sampung libong lalak-
ing taga-Juda. 5 Pinuntahan ni Saul ang mga
bayan ng Amalek, tumambang sa makipot na
daan 6 at nagbabala sa mga Kenita: "Sige, uma-
lis na kayo at iwan ang mga Amalecita para
hindi kayo mapuksang kasama nila sapagkat
pinagmagandahang-loob ninyo ang lahat ng
Israelita nang lumabas sila sa Ehipto." Kayat
umalis ang mga Kenita sa Amalek.
7 Nilupig ni Saul ang mga Amalecita mula sa
Evila hanggang sa may bungad ng Sur sa si-
langan ng Ehipto. 8 Nabihag niyang buhay si
Agag na hari ng Amalek ngunit nilipol sa tabak
ang buong bayan. 9 Pinabayaan nga ni Saul at ng
kanyang mga tauhan na mabuhay si Agag at
ang pinakamagaganda sa mga tupa at mga
baka, sa mga pinatabang guya at mga kordero.
Hindi nila nilipol ang lahat ng mainam ngunit
ganap na pinuksa para kay Yawe ang lahat ng
walang silbi at walang kabuluhan.
10 At dumating kay Samuel ang salita ni
Yawe: 11 "Pinagsisisihan ko't pinapaghari ko si
Saul sapagkat tinalikuran na niya ako at hindi
tinupad ang aking mga utos." Masama ang loob
ni Samuel at magdamag siyang dumaing kay
Yawe.
12 Maagang gumising si Samuel kinabukasan
para puntahan si Saul ngunit may nakapagsabi
sa kanya na nagpunta si Saul sa Karmel at
nagtayo roon ng isang bantayog para sa kan-
yang sarili at pagkatapos ay nagtuloy sa Gilgal.
13 Pinuntahan ni Samuel si Saul, at sinabi ni Saul:
"Pagpalain ka ni Yawe.
Natupad ko na ang mga utos ni Yawe."
14 Ngunit sinabi ni Samuel: "Kung gayo'y ano
ang ibig sabihin ng naririnig kong iyakan ng mga
tupa at unga ng mga baka?" 15 Sumagot si Saul:
"Dinala nila ang mga iyon galing sa Amalek
sapagkat itinabi ng mga tao ang pinakama-
gaganda sa mga tupa at mga baka para ihandog
kay Yaweng Diyos mo, pero nilipol naman
namin ang iba pa."
16 At sinabi ni Samuel kay Saul: "Tama na!
Sasabihin ko sa iyo ang sinabi sa akin ni Yawe
kagabi." Sumagot si Saul: "Sabihin mo." 17 At
sinabi ni Samuel: "Di ba't naging pinuno ka ng
mga tribu ng Israel gayong maliit ang tingin mo
sa iyong sarili? Pinahiran ka ni Yawe bilang hari
ng Israel. 18 Isinugo ka ni Yawe sa pagsalakay at
iniutos sa iyong humayo at ganap na puksain
ayon sa anatema ang mga makasalanan, ang
mga Amalecita, at labanan sila hanggang ma-
lipol. 19 Bakit di ka nakinig sa tinig ni Yawe, at sa
halip ay sinunggaban ang mga nasamsam at
ginawa ang masama sa mata ni Yawe?"
20 At sinabi ni Saul kay Samuel: "Sinunod ko
ang tinig ni Yawe at tinupad ang kanyang ipina-
gagawa. Binihag ko si Agag na hari ng Amalek
at pinuksa ang mga Amalecita. 21 Kinuha nga ng
mga tao ang pinakamagaganda sa mga tupa at
mga baka mula sa mga nasamsam na naka-
talaga sa anatema pero para lamang isakripisyo
sa Gilgal kay Yaweng Diyos mo."
22 Ngunit sinabi ni Samuel: "Nalulugod kaya
si Yawe sa mga sinunog na handog at mga
sakripisyo gaya ng sa pagsunod sa tinig ni

Yawe? Mas mabuti ang pagsunod kaysa sakri-
pisyo, at ang pakikinig kaysa taba ng mga
barakong tupa. 23 Gaya ng pagkakasalang
panghuhula ang pagsuway, at ang katigasan ng
ulo gaya ng kasamaan ng pagsamba sa mga
diyus-diyusan.
Dahil isinaisantabi mo ang salita ni Yawe,
isinaisantabi ka rin niya bilang hari."
24 At sinabi ni Saul kay Samuel: "Nagkasala
ako sa pagsuway sa utos ni Yawe at sa iyong
mga tagubilin. Natakot ako sa bayan kayat tinig
nila ang aking pinakinggan. 25 Patawarin mo
sana ngayon ang aking kasalanan at samahan
ako sa pagsamba kay Yawe."
26 Ngunit sinabi ni Samuel kay Saul: "Hindi
kita masasamahan sapagkat isinaisantabi mo
ang salita ni Yawe at isinaisantabi ka na ni Yawe
bilang hari ng Israel." 27 Pagtalikod ni Samuel
para umalis, hinawakan ni Saul ang laylayan ng
damit nito, at napunit iyon. 28 Sinabi ni Samuel
sa kanya: "Pinunit na ngayon ni Yawe ang ka-
harian ng Israel mula sa iyo, at ibinigay ito sa
iyong kapwa na mas mabuti kaysa iyo. 29 Hindi
nagbabago o nagsisisi ang Luwalhati ng Israel,
di tulad ng tao."
30 Sinabi naman ni Saul: "Nagkasala ako!
Ngunit parangalan mo naman sana ako sa harap
ng matatanda ng aking bayan at sa harap ng
Israel. Samahan mo ako para sumamba kay
Yaweng Diyos mo." 31 Kaya bumalik si Samuel
at sinamahan si Saul na sumamba kay Yawe.
32 At sinabi ni Samuel: "Dalhin mo sa akin si
Agag na hari ng Amalek." Masaya pang hu-
marap si Agag kay Samuel, sa pag-aakalang
ligtas na siya sa mapait na kamatayan. 33 Ngunit
sinabi ni Samuel: "Kung paanong inulila sa anak
ng iyong tabak ang mga babae, gayon din
naman uulilahin sa anak ang iyong ina." At
tinagpas ni Samuel si Agag sa harap ni Yawe sa
Gilgal.
34 Umuwi si Samuel sa Rama ngunit umahon
naman si Saul sa kanyang bahay sa Gibea
ni Saul. 35 At hindi na muling nakipagkita si
Samuel kay Saul hanggang sa araw na mama-
tay siya. Nagluksa ni Samuel dahil kay Saul na
pinagsisihan ni Yawe ang pagkakagawang hari
ng Israel.

**Pinahiran ni Samuel si David**

**16** • 1 Sinabi ni Yawe kay Samuel:
"Hanggang kailan mo ipagluluksa
si Saul matapos ko siyang isaisantabi
bilang hari ng Israel? Punuin mo ng langis
ang sungay na iyong sisidlan, gusto kong
puntahan mo si Jese na taga-Betlehem
sapagkat pinili ko ang isa sa kanyang
mga anak na lalaki para maging hari ko."
2 Itinanong ni Samuel: "Paano ako ma-
kalalakad? Kapag nabalitaan ito ni Saul,
papatayin niya ako!" Sumagot si Yawe:
"Magdala ka ng dumalagang baka at
sabihing 'Naparito ako para maghandog
kay Yawe.' 3 Anyayahan mo si Jese sa
paghahandog at ipaaalam ko sa iyo ang
gagawin mo. Papahiran mo ng langis para
sa akin ang sasabihin ko sa iyo."
4 Ginawa nga ni Samuel ang iniutos ni
Yawe. Pagdating niya sa Betlehem, takot
na sinalubong siya ng matatanda ng
lunsod at sinabi sa kanya: "Kapayapaan
ba ang hatid mo sa amin?" 5 Sumagot si
Samuel: "Kapayapaan. At naparito ako

---

• **16.**1 *Hanggang kailan mo ipagluluksa si Saul?* Kung minsa'y nananatili na lamang tayo sa iisang lugar, walang pagbabago, inaasam-asam ang kahapon, gayong itinutulak tayong pasulong ng mga pangyayari sa buhay para magbago ang mga plano at inaasahan.

Nagpa-*Betlehem* si Samuel para makaharap ang hinirang ng Diyos. Ang Betlehem o Belen ang siyudad ng angkan ni David. Doon ipanganganak si Jesus, makalipas ang sampung dantaon.

Pinapastol ni David na anak ni Jese ang kawan nang ipahanap siya. Pastol siya ng mga tupa bago siya naging hari. Sa Biblia, ang pastol at hindi ang mahalagang tao ang larawan ng ganap at tunay na hari. Inaasikaso niya ang mga tao at pinagsisilbihan sila gaya ng pastol sa kanyang mga tupa. Magpapakilala si Jesus na Hari at Tagapagligtas bilang Mabuting Pastol, na siyang pinapangarap ng mga propeta (tingnan ang Ez 34 at Jn 10).

*Nakakakita ang tao sa kanyang mata pero ang puso ang nakikita ni Yawe.* Hindi pa makikita sa nagbibinatang si David ang pagkakaroon ng sariling pagpapasya, talino at kagitingan na ipapamalas niya bilang militar na pinuno at pulitiko. Ngunit kilala ng Diyos ang kanyang hinirang. Para ihatid sa kaganapan ang kanyang gawa, hindi pinipili ng Diyos ang mga magaling sa pagpapakitang-tao. (Tingnan ang 1 Cor 1:28.)

Sa anumang grupo, kailangang madiskubre ang tunay na halaga ng bawat isa at huwag magpaimpluwensya sa mga panlabas na anyo. Napakahalaga para sa mga pamayanang Kristiyano na ang mga responsable ay marunong "tumingin sa puso" ng kanilang mga kapatid, ang mga tahimik man at ang mga nagpapakita ng lubos na sigasig. Kayat hindi sila matatagalan sa paghanap ng mga taong kinakailangan para magbigay-buhay sa komunidad at bale-walain ang mga ambisyoso.

para maghandog kay Yawe. Linisin ninyo ang inyong sarili at sumama sa akin sa paghahandog." Pinapaglinis din niya si Jese at ang mga anak na lalaki nito at inanyayahan sila sa paghahandog.

6 Nang dumating sila, nakita ni Samuel si Eliab, at inisip niyang "Tiyak na ito na ang pinahiran ni Yawe." 7 Ngunit sinabi ni Yawe kay Samuel: "Huwag mong tingnan ang kanyang itsura o taas, sapagkat isinaisantabi ko siya. Di pareho sa tingin ng tao ang tingin ni Yawe. Nakakakita ang tao sa pamamagitan ng kanyang mata pero ang puso ang nakikita ni Yawe."

8 Tinawag naman ni Jese si Abinadab at pinadaan sa harap ni Samuel, ngunit sinabi nitong "Hindi rin ito ang hinirang ni Yawe." 9 At pinadaan ni Jese si Shamma pero sinabi ni Samuel: "Hindi rin ito ang hinirang ni Yawe." 10 Pinadaan ni Jese sa harap ni Samuel ang pito niyang anak na lalaki pero sinabi ni Samuel kay Jese: "Walang hinirang si Yawe sa mga ito."

11 Kaya itinanong ni Samuel kay Jese: "Ito na bang lahat ang iyong mga binata?" Sumagot si Jese: "Mayroon pang pinakabunso, at siya ang nag-aalaga sa kawan ngayon." Sinabi ni Samuel: "Ipatawag mo siya at dalhin sa akin sapagkat hindi tayo dudulog sa hapag para kumain hanggang hindi siya dumarating."

12 Kaya ipinasundo ito ni Jese at dinala kay Samuel. Mamula-mula siya, may magagandang mata at guwapo. At sinabi ni Yawe: "Sige, pahiran mo siya ng langis sapagkat ito na nga siya." 13 Kinuha ni Samuel ang sungay ng langis at pinahiran siya sa harap ng kanyang mga kapatid. Mula sa araw na iyon, nagsimulang gumawa kay David ang Espiritu ni Yawe.

At pagkatapos, nagpunta si Samuel sa Rama.

• 14 Umalis naman ngayon ang Espiritu ni Yawe kay Saul at ipinadala rito ni Yawe ang isang masamang espiritu kaya nawala ito sa sarili. 15 Sinabi ng mga alipin ni Saul sa kanya: "Tingnan ninyo, nawawala kayo sa inyong sarili ngayon dahil sa masamang espiritung padala ng Diyos. 16 Sabihin ngayon ng aming panginoon sa kanyang mga aliping nakatayo sa inyong harap na humanap ng isang marunong tumugtog ng lira. At pagdating sa inyo ng masamang espiritung mula sa Diyos, tutugtog siya at giginhawa ang inyong pakiramdam."

17 Sumagot si Saul: "Humanap kayo ngayon ng isang magaling tumugtog ng lira at dalhin sa akin." 18 Sinabi ng isa sa mga alipin: "Nakita ko ang isang anak ni Jeseng taga-Betlehem – marunong siyang tumugtog ng lira, matapang, lalaking-lalaki, isang mandirigma, matalino sa pagsasalita at sumasakanya si Yawe."

19 Kaya nagpadala ng mga sugo si Saul kay Jese at ipinasabing "Papuntahin mo sa akin si David, ang anak mong kasama ng mga kawan." 20 Isinakay ni Jese sa isang asno ang tinapay, isang boteng alak at isang batang kambing, at ipinadala kay Saul ang mga ito kasama ng kanyang anak na si David. 21 Nagpunta si David kay Saul at naglingkod sa kanya. Lubos na kinagiliwan ni Saul si David at ginawa niya itong tagpagdala ng kanyang kalasag. 22 At ipinasabi ni Saul kay Jese: "Bayaan mo nang manatili sa paglilingkod sa akin si David sapagkat kalugud-lugod siya sa akin."

23 At tuwing dumarating kay Saul ang masamang espiritung mula sa Diyos, kukunin naman ni David ang kanyang lira at tutugtog. At gumiginhawa at bumubuti si Saul, at iniiwan siya ng masamang espiritu.

**17** 1 Tinipon ng mga Pilisteo ang kanilang mga hukbo para sa labanan. Nagtipon sila sa Soko ng Juda, at nagkampo sa Efes-Damim, sa gitna ng Soko at Azeca. 2 Samantala, nagtipon naman si Saul at ang mga Israelita, at nagkampo sa lambak ng Ela at pumusisyon para makipaglaban sa mga Pilisteo. 3 Nasa isang burol ang mga Pilisteo at nasa kabilang burol naman ang mga Israelita: isang lambak ang pagitan nila.

---

• 14. *Sa kabanatang ito at sa kab. 17, pinagsama ang magkaibang tradisyon tungkol sa promosyon ni David: 16:1-13, 14-23; 17:17-58. Ano ang tunay na nangyari at ano naman ang alamat lamang sa bawat teksto?*

*Ipinadala ni Yawe ang isang masamang espiritu* (14). Isa itong matandang paraan para sabihing pinahintulutan ng Diyos na medyo masiraan ng ulo si Saul.

**David at Goliat**

• 4 Isang lalaki ang lumabas mula sa
kampo ng mga Pilisteo at naghahanap ng
kalaban – Goliat ang pangalan niya, taga-
Gat at higit sa siyam na talampakan ang
taas. 5 Tanso ang helmet niya sa kanyang
ulo at nakaarmor siya na may kaliskis na
metal, animnapung kilo ang bigat ng kan-
yang armor. 6 May baluting tanso ang kan-
yang mga binti at nakasakbat ang isang
tansong sibat sa kanyang likod. 7 Sinlaki
naman ng baras ng manghahabi ang ka-
hoy na hawakan ng kanyang sibat at pi-
tong kilo ang bigat ng talim nito.

Nasa unahan niya ang tagapagdala ng
kanyang kalasag. 8 Tumayo siya at hina-
mon ang hanay ng mga Israelita: "Ba't
kailangan pa kayong humanay para sa
labanan? Pilisteo ako at mga tauhan na-
man kayo ni Saul! Pumili kayo ng isang
lalaking kakatawan sa inyo at paharapin
sa akin. 9 Kung kaya niyang lumaban sa
akin at mapatay niya ako, masasakop
ninyo kami. Pero kung madaig ko naman
siya at mapatay, masasakop naman
namin kayo at maglilingkod sa amin."

10 Idinagdag pa ng Pilisteo: "Hinahamon
ko ngayon ang mga hanay ng Israel!
Iharap ninyo sa akin ang inyong kampeon
para kami ang maglaban!"

11 Nang marinig ni Saul at ng buong
Israel ang salitang ito ng Pilisteo, nasiraan
sila ng loob at labis na natakot.

12 Si David ay anak ng isang lalaking Efra-
teong taga-Betlehem ng Juda, Jese ang kan-
yang pangalan at may walo siyang anak na
lalaki. Matanda na si Jese sa kapanahunan ni
Saul, ngunit nagpadala siya ng mga lalaki sa
hukbo. 13 Tatlo sa nakatatanda niyang mga
anak ang sumama kay Saul sa digmaan: sila si
Eliab na pinakapanganay, ang pangalawang si
Abinadab at ang pangatlong si Shamma. 14 Si
David naman ang pinakabunso. Sumama nga
kay Saul ang tatlong nakatatanda 15 at pabalik-
balik lamang si David kay Saul dahil siya ang
nag-aalaga sa kawan ng kanyang ama sa Bet-
lehem. 16 Apatnapung araw na araw-gabing hu-
maharap ang Pilisteo.

17 At sinabi ni Jese kay David na kanyang
anak: "Dalhin ang isang salop na ito ng binusang
trigo at sampung tinapay sa iyong mga kapatid.
Magmadali ka sa pagpunta sa kanilang kampo.
18 At dalhin mo naman ang sampung hiwang ito
ng keso sa pinuno ng sanlibo. Kumustahin mo
ang lagay ng iyong mga kapatid at uwian mo
ako ng anumang alaala mula sa kanila."

19 Kasama sila noon ni Saul pati ang lahat ng
kalalakihan ng Israel sa lambak ng Ela, at naki-
kipaglaban sa mga Pilisteo.

20 Maagang gumising si David kinabukasan
at iniwan ang mga tupa sa isang pastol. Dinala
niya ang mga pagkain at umalis gaya ng iniutos
ni Jese. Dumating siya sa kampo samantalang
paalis na ang hukbo para humanay sa labanan
at inihihiyaw nila ang sigaw-pandigma. 21 Mag-
kakaharap na pumusisyon ang mga Israelita at
mga Pilisteo. 22 Kayat iniwan ni David ang kan-

---

• **17.4** Sa loob ng mga dantaon naging paborito na ng mga Israelita ang pakikipaglaban ni David at hanggang ngayo'y gustung-gusto pa rin natin ito. Kaya hindi tayo dapat magtaka na binuo ng mga editor sa paglalagay ng maraming detalye ang pakikipaglaban ni David sa "Pilisteo" na pagtagal-tagal ay tatawaging "Goliat".

Inspirado ng Diyos ang mga bumuo at nag-edit ng mga librong ito. Naintindihan nila na ang laban ni David kay Goliat ay sumasagisag sa laban ng mabuti sa masama.

*Tabak, sibat at tulos ang dala mo, pero hinaharap kita sa ngalan ni Yawe.* Sa daigdig ang tagumpay ay hindi mapapasakamay ng malakas o ng lubos na nasasandatahan. Iniinsulto nila ang Diyos, higit sa lahat, sa kanilang kayabangan at pagtitiwala sa sarili. At hindi sila magtatagal kung iinsultuhin nila ang bayan ng Diyos at ang mga hamak.

Ang tagumpay ay mapapasamahihinang nananalig sa tulong ng Diyos. Ang panalo ay isang kabataang kumakatawan para sa mga nananatiling bata sa puso at may malinis na konsiyensya.

May ilang nakikiusap kay David na ipagsanggalang ang sarili sa paggamit ng kalasag at sandata ni Saul. Nauunawaan ni David na kung gagamit siya ng mga sandatang gaya ng sa Pilisteo na hindi naman niya alam gamitin, siya ang matatalo nito.

Sa dakong huli'y ang Pilisteo ang namatay na biktima ng kanyang mga sandata.

Madaling maihahambing ang laban ni David sa laban ng Iglesya. Iniiwan nito ang kalasag ni Saul sa paghahanap ng mas kaunting organisasyon, mas kaunting pag-aalala sa pananalapi para sa kanyang mga gawa at mga gusali, kapag pinalalaya niya ang kanyang sarili sa tulong mula sa pulitika. Sa oras na talikuran ng Iglesya ang lahat ng proteksyong ito, siya ay nagiging mas malaya at mas bata. At gaya ni David, makikipaglaban siyang nananalig "sa ngalan ni Yaweng Diyos ng mga hukbo ng Israel."

yang mga dala sa bantay ng mga gamit at
patakbong pinuntahan ang hukbo para kumus-
tahin ang kanyang mga kapatid.

23 Samantalang nakikipag-usap siya sa mga
ito, hayu't sumugod mula sa hanay ng mga
Pilisteo ang lalaking naghahanap ng kalaban,
Goliat ang kanyang pangalan, ang Pilisteong
taga-Gat. Isinigaw nito ang dating paghamon, at
narinig iyon ni David. 24 Pagkakita ng mga
Israelita sa lalaki, nagtakbuhan silang takot na
takot 25 at sinabi sa isa sa kanila: "Nakita ba
ninyo ang lalaking iyon na sumusugod para
hamunin ang Israel? Sinumang makapatay sa
kanya'y lubos na payayamanin ng hari. Ipaka-
kasal din niya rito ang kanyang anak na dalaga,
at hindi na magbubuwis ang sambahayan ng
kanyang ama sa Israel."

26 Tinanong ni David ang kanyang mga ka-
tabi: "Ano ang gagawin sa makakapatay sa
Pilisteong ito at makapag-aalis sa kahihiyang ito
mula sa Israel? At sino ang supot na Pilisteong
ito para hiyain ang hukbo ng Diyos na buhay?"
27 At inulit ng mga tao sa kanya ang mga salitang
ito: "Ganito ang gagawin sa makakapatay sa
kanya."

28 Nang marinig ni Eliab na kuya niya na
nakikipag-usap siya sa mga tao, kinagalitan
nito si David at sinabing "Ba't ka narito? Kanino
mo iniwan ang ilang mga tupa sa disyerto? Alam
kong walanghiya ka at likas na masama: na-
parito ka para lamang panoorin ang labanan."
29 Nagtanong si David: "Ano ba ang nagawa ko
ngayon? Di na ba ako puwedeng magtanong?"
30 Iniwan siya ni David at bumaling sa iba at
tinanong din iyon, at ganoon din ang naging
sagot nito sa kanya.

31 Nakarating kay Saul ang mga sinabi ni
David, at ipinatawag siya ni Saul.

32 Sinabi ni David kay Saul: "Huwag
masiraan ng loob ang sinuman dahil sa
kanya! Ang inyong lingkod ang haharap
at makikipaglaban sa Pilisteong ito!"
33 Sinabi ni Saul kay David: "Hindi mo
kayang harapin ang Pilisteong ito para
makipaglaban sa kanya sapagkat bata ka
pa, samantalang ang lalaking ito'y naki-
kipagdigma na sapul pa sa kanyang ka-
bataan."

34 Ngunit sinabi ni David kay Saul:
"Pastol ng mga tupa ng kanyang ama ang
inyong lingkod. At kapag may dumating
na leon o oso at may tinangay itong tupa
mula sa kawan, 35 hinahabol ko ito at
hinahampas at nasasagip ko ang tupa
mula sa bibig nito. At kapag sinunggaban
ako nito, hinahawakan ko ito sa kanyang
balahibo at hinahampas hanggang ma-
matay. 36 Nakapatay na ng leon at oso ang
inyong lingkod, at matutulad sa mga iyon
ang supot na Pilisteong ito sapagkat hi-
niya niya ang hukbo ng Diyos na buhay."
37 Nagpatuloy si David: "Si Yawe na nag-
ligtas sa akin sa kuko ng mga leon at oso
ang siya ring magliligtas sa akin sa kamay
ng Pilisteong ito."

Kaya sinabi ni Saul kay David: "Sige, at
sumaiyo nawa si Yawe."

38 Isinuot ni Saul kay David ang kan-
yang damit pandigma, isinuklob ang
tansong helmet sa ulo nito at isinuot ang
kanyang armor dito. 39 Isinakbat naman ni
David ang tabak ni Saul sa kanyang ar-
mor. Sinubukan muna niyang lumakad
sapagkat hindi siya sanay sa mga ito. At
sinabi ni David kay Saul: "Hindi ako ma-
kalakad nang may mga ganito sapagkat
hindi ako sanay sa mga ito." Hinubad ni
David ang lahat ng iyon, 40 at hinawakan
ang kanyang tungkod, pumili ng limang
makikinis na bato mula sa ilog at inilagay
sa bulsa ng kanyang bag-pastol. At ha-
wak ang kanyang tirador, lumapit siya sa
Pilisteo.

41 Humakbang ang Pilisteo na pina-
ngungunahan ng tagapagdala ng kan-
yang kalasag palapit kay David. 42 Tu-
mingin ang Pilisteo at hinamak niya si
David nang makita niyang isang totoy
pala lamang ito at mamula-mula at gu-
wapo. 43 At sinabi ng Pilisteo kay David:
"Aso ba ako para lapitan mong may da-
lang patpat?" Isinumpa si David ng Pilis-
teo sa kanyang mga diyos, 44 at sinabi:
"Halika rito at ibibigay ko ang iyong la-
man sa mga ibon sa langit at sa mga
hayop sa gubat."

45 Sinagot ni David ang Pilisteo: "Hina-
harap mo ako nang may tabak, sibat at
tulos pero hinaharap kita sa ngalan ni

Yawe ng mga Hukbo, ang Diyos ng mga
hukbo ng Israel na iyong hinamak. 46 Ipa-
uubaya ka ni Yawe sa aking mga kamay
sa araw na ito at pababagsakin kita at
pupugutan ng ulo. At sa araw ding ito,
ibibigay ko ang bangkay ng mga hukbong
Pilisteo sa mga ibon sa langit at sa ma-
babangis na hayop sa lupa, at malalaman
ng sangkalupaan na may Diyos sa Israel.
47 Malalaman ng lahat ng natitipon dito na
hindi sa pamamagitan ng tabak at sibat
nagliligtas si Yawe; kay Yawe ang labanan,
at ibinigay na niya kayo sa aming mga
kamay."

48 Pagkilos ng Pilisteo para sugurin si
David, patakbo itong sinalubong ni David.
49 Dumukot si David sa kanyang bag at
kumuha ng isang bato, inilagay iyon sa
tirador at tinamaan sa noo ang Pilisteo.
Bumaon ang bato sa kanyang noo at
padapang nabuwal sa lupa ang Pilisteo.
50 Nagtagumpay si David laban sa Pilisteo
sa pamamagitan ng tirador at bato, na-
igupo niya ang Pilisteo nang walang ha-
wak na tabak. 51 Sumugod si David, tu-
muntong sa likod ng Pilisteo, kinuha ang
tabak nito at binunot sa kaluban at pina-
tay siya sa pagpugot sa kanyang ulo.

Nagtakbuhan ang mga Pilisteo nang
makita nilang patay na ang kanilang
kampeon.

52 Sumigaw naman ang mga lalaki ng Israel at
Juda, at hinabol ang mga Pilisteo hanggang sa
may bungad ng Gat at sa mga pintuan ng Ekron.
Nabuwal ang mga sugatang Pilisteo sa daan
mula sa Saaraim hanggang Gat at Ekron. 53 Bu-
malik ang mga Israelita matapos habulin ang
mga Pilisteo, at nangulimbat sila sa kampo ng
mga ito. 54 Kinuha ni David ang ulo ng Pilisteo at
dinala sa Jerusalem ngunit inilagay niya ang
sandata nito sa kanyang tolda.

55 Nang makita ni Saul kung paano hinarap ni
David ang Pilisteo, sinabi niya kay Abner na
heneral ng hukbo: "Abner, kaninong anak ang
binatang iyan?" Sinabi ni Abner: "Mahal na hari,
isinusumpa kong hindi ko alam!" 56 Sinabi ng
hari: "Ipagtanong mo kung kaninong anak ang
binatang iyan."

57 Nang bumalik si David, matapos niyang
patayin ang Pilisteo dinala ni Abner kay Saul si
David na hawak pa ang ulo ng Pilisteo. 58 Sinabi
ni Saul sa kanya na nakatayo sa harap niya:
"Kanino kang anak, binata?" Sumagot si David:
"Anak ako ng inyong lingkod na si Jeseng taga-
Betlehem."

**David, Saul, at Yonatan**

**18** • 1 Pagkatapos makipag-usap ni David
kay Saul, ibinuklod ni Yonatan ang kan-
yang sarili kay David at minahal niya ito gaya ng
kanyang sarili. 2 Isinama ni Saul si David nang
araw na iyon at hindi niya ito pinauwi sa bahay
ng kanyang ama. 3 At nakipagkasunduan si
Yonatan kay David sapagkat mahal niya ito
gaya ng kanyang sarili.

4 Hinubad ni Yonatan ang kanyang suot na
kapa at ibinigay kay David. Ibinigay din niya ang
kanyang armor pati ang kanyang tabak at pana
at sinturon. 5 Pumupunta si David saanman siya
papuntahin ni Saul, at nagtatagumpay naman
siya. Kaya ginawa ni Saul si David na pinuno ng
mga mandirigma; namabuti naman ito ng bu-
ong bayan at ng mga opisyal ni Saul.

---

• **18.1** *Minahal ni Yonatan si David.* Inilalarawan sa atin ng Biblia ang matalik at matapat na pagiging magkaibigan ng dalawa bilang regalo ng Diyos, higit pa sa pakikipagtunggali kay Saul. *Ibinigay niya kay David ang kanyang suot na kapa, tabak, pana at sinturon...* pagkanatural, prangka at pagmamahal na di makasarili.

Kahit na hindi na bata sina David at Yonatan kundi mga binata na, magagamit pa rin natin ang mga salitang ito ng isang makata: "Alalahanin mong ang kakilakilabot na daigdig na ito ay nagpapatuloy lamang dahil sa matamis na pagsasabwatan, laging naglalaban, laging sumisibol na muli, ng mga makata at mga bata. Huwag na huwag maging mahalagang tao! May pakana ang mga kilalang tao laban sa kamusmusan, at sapat na ang basahin ang Ebanghelyo para malaman ito. Sinabi ng Diyos: Maging tulad ng mga bata. At inuulit-ulit naman ng mga naging mahalaga para pagtaksilan ang kamusmusan: Tularan ninyo kami.

Pagkatapos ng kanyang tagumpay, tumanyag si David sa kaharian. Pero agad naman siyang kinainggitan ni Saul.

*Kinatakutan ni Saul si David.* Inilalahad sa atin ng sumusunod na mga kabanata na habang tumatanyag si David sa mga tao, sinisira naman ng selos at inggit ang isip ni Saul. Sinasabi sa atin ng libro na si Saul ang maysala dahil lumayo siya sa daan ng pagsunod sa Diyos. Pero ang kasalanan niya ay kapareho ng kasalanan ng nakaraming pinuno at gayon din ang parusa sa kanya: naging bilanggo siya ng kanyang tungkulin na hindi niya kaya ni alam kung paano iiwan. May kutob siyang tao ng Diyos si David, pero hindi niya maibabahagi ang kapangyarihan sa binatang ito at walang ibang paraan kundi ang "ipaligpit" ito.

6 Nang bumalik sila matapos patayin ni David
ang Pilisteo, naglabasan ang mga babae sa lahat
ng lunsod ng Israel para salubungin si Haring
Saul nang may awitan at sayawan, may masa-
sayang kantahan, may mga tamburin at alpa.
7 At inawit ng mga babaeng nagkakasayahan:
*"Napatay ni Saul ang kanyang libu-libo, at ni
David naman ang kanyang laksa-laksa."*
8 Lubha itong ikinagalit at minasama ni Saul,
at sinabi: "Kay David nila ibinigay ang laksa-
laksa pero libu-libo lamang ang sa akin! Ang
paghahari na lamang ang wala sa kanya." 9 Mula
noon, sumama na ang tingin ni Saul kay David.
10 Kinabukasan, nilukuban si Saul ng isang
masamang espiritu mula sa Diyos, at nagsimula
siyang magwala sa loob ng kanyang bahay.
Kaya tinugtog ni David ang lira tulad ng dati
niyang ginagawa. May hawak namang sibat si
Saul, 11 at sinibat niya si David habang iniisip na
"Ipapako ko si David sa dingding." Ngunit
makalawang beses na nakailag si David.
12 Kinatakutan ni Saul si David sapagkat na
kay David si Yawe ngunit iniwan na si Saul.
13 Kaya inilayo niya si David sa kanya at ginawa
itong pinuno ng sanlibo at pinamunuan naman
nito ang kanyang mga tauhan. 14 Naging ma-
tagumpay si David sa lahat niyang mga lakad
sapagkat sumasakanya si Yawe. 15 Nang makita
ni Saul na lubos siyang nagtatagumpay, lalo
siyang natakot sa kanya. 16 Ngunit mahal na-
man ng buong Israel at Juda si David sapagkat
pinamunuan niya ang mga ito. 17 Sinabi ni Saul
kay David: "Hayan si Merab, ang panganay
kong dalaga. Ipakakasal ko siya sa iyo, maging
matapang na pinuno ka lamang at ipaglaban
ang mga laban ni Yawe." Sapagkat iniisip ni Saul
na "Hindi ko siya pagbubuhatan ng kamay. Ang
mga Pilisteo ang bahala sa kanya." 18 Sinabi ni
David kay Saul: "Sino ba ako? Sino ba sa Israel
ang aking pamilya o ang angkan ng aking ama
para maging manugang ako ng hari?" 19 Ngunit
nang sumapit ang araw para ipakasal kay David
si Merab na anak ni Saul, ipinakasal ito kay
Adriel na taga-Mehola.
20 Umibig naman kay David ang anak na
dalaga ni Saul na si Micol. Nasiyahan si Saul
nang malaman niya iyon, 21 sapagkat naisip
niyang "Ipakakasal ko siya kay David at magi-
ging bitag ito para sa kanya. At ang mga Pilisteo
ang bahalang pumatay sa kanya." Kaya muling
sinabi ni Saul kay David: "Magiging manugang
kita ngayon." 22 At iniutos ni Saul sa kanyang
mga utusan na kausapin nang sarilinan si David
at sabihing "Alam mo, gusto ka ng hari at mahal
ka ng lahat niyang lingkod. Maging manugang
ka na ngayon ng hari!" 23 Inulit-ulit ng mga
utusan ni Saul ang mga salitang iyon kay David.
Sinabi naman ni David: "Sa tingin ba ninyo'y
basta-basta lamang ang maging manugang ng
hari? Pobre lamang ako at di kilala." 24 Nang
sabihin ng mga utusan kay Saul ang sagot ni
David, 25 sinabi ni Saul: "Sabihin ninyo kay
David na walang hinihinging dote ang hari liban
sa sandaang balat na tinuli sa mga Pilisteo bilang
paghihiganti sa kanyang mga kaaway," sapag-
kat hangad ni Saul na mahulog si David sa
kamay ng mga Pilisteo.
26 Sinabi ito ng kanyang mga utusan kay
David, at madali naman pala ang maging ma-
nugang ng hari! Hindi pa sumasapit ang takdang
panahon, 27 lumakad na si David at ang kanyang
mga tauhan at pinatay ang dalawandaang Pilis-
teo. Dinala ni David ang balat na tinuli sa kanila
at iniharap sa hari ang buong bilang nito para
maging manugang ng hari. Kaya ipinakasal ni
Saul kay David ang kanyang anak na si Micol.
28 Naunawaan ni Saul na na kay David si
Yawe. Ngunit mahal ni David si Micol na anak ni
Saul. 29 Lalo pang kinatakutan ni Saul si David at
naging kaaway niya ito hanggang sa wakas ng
kanyang buhay.
30 Tuwing makikipagsagupa ang mga pinu-
nong Pilisteo kay David, si David ang nagta-
tagumpay higit sa kanino pa mang opisyal ni
Saul kayat tumanyag ang kanyang pangalan.

**19** • 1 Sinabi ni Saul kay Yonatan na kanyang
anak at sa lahat niyang utusan kung

---

• **19.**1 Ikinukuwento sa atin ng mga kabanata 19-25 ang buhay ni David na takas. Magiging lider siya ng isang grupo ng mga taong di kanais-nais at mabubuhay na kasama nila sa mga liblib na lugar ng bansa.

Hindi isang "santo" si David ayon sa maaari nating isipin ngayon. Kaibigan siya ng Diyos gaya ng pagiging kaibigan ng iba sa isang lipunang di gaanong sibilisado. Sa kabila ng kanyang mga kapintasan, siya pa rin ang nagsisilbing halimbawa ng maaaring gawin ng Diyos sa isang taong nagpapapagabay sa *kanya*.

Binibigyang-diin ng Biblia ang kahanga-hangang kaluluwa ni David at ang kanyang kabutihang-loob sa pamumuhay kasama ng mga tulisan at sa lahat ng ipinakakahulugan nito. Nabuhay si David na mulat sa kanyang misyon, hinaharap niya ang mga panganib nang walang pagkabahala at pinatutunayan niyang siya ang guro ng kanyang mga mandirigma at isa siyang taong may pananaw at kutob gaya ng mga propeta.

Kung may gustong pagkatiwalaan ng isang dakilang misyon ang Diyos, pansamantala niya itong inilalayo sa karaniwan nitong kapaligiran. Kayat tulad ni Moises pumupunta rin si David sa disyerto.

paano papatayin si David. Ngunit gustung-gusto ni Yonatan si David, 2 at sinabi niya kay David: "Gusto kang patayin ng aking amang si Saul. Mag-ingat ka sana bukas ng umaga at magtago sa isang lihim na lugar at dumoon ka muna. 3 Lalabas ako at sasamahan ang aking ama sa kaparangang kinaroroonan mo, at kakausapin ko siya tungkol sa iyo. Titingnan ko kung ano ang kanyang iniisip at sasabihin ko ito sa iyo."

4 Sinabi ni Yonatan ang mabuti tungkol kay David kay Saul na kanyang ama, at sinabi niyang "Huwag itulot ng hari na magkasala siya sa kanyang lingkod na si David sapagkat hindi siya nagkakasala sa inyo kundi para sa inyong kabutihan pa nga ang kanyang mga ginawa. 5 Isinuong niya sa panganib ang kanyang buhay nang patayin niya ang Pilisteo at naghatid si Yawe ng malaking tagumpay sa buong Israel. Nakita ninyo mismo ito at kayo'y nagalak. Ba't kayo ngayon magkakasala sa dugong walang kasalanan, sa pagpatay kay David nang walang dahilan?" 6 Pinakinggan ni Saul ang pakiusap ni Yonatan at isinumpang "Saksi ko si Yawe, hinding-hindi siya papatayin." 7 Kayat tinawag ni Yonatan si David at sinabi sa kanya ang lahat ng ito. At dinala ni Yonatan si David kay Saul, at muling naglingkod si David kay Saul tulad ng dati.

8 Muling sumiklab ang digmaan, at lumakad si David para lumaban sa mga Pilisteo. Grabe ang pagkalupig nila kay David kaya napilitan silang tumakas. 9 Ngunit sinaklot si Saul ng isang masamang espiritu mula kay Yawe habang nakaupo siya sa kanyang bahay, hawak ang kanyang sibat samantalang tumutugtog si David. 10 Tinangka ni Saul na ipako sa dingding si David sa pamamagitan ng kanyang sibat. Ngunit nakailag si David at sa dingding tumama ang sibat, at tumakas si David.

11 Nang gabi ring iyon, nagpadala ng mga sugo si Saul sa bahay ni David para bantayan ito at patayin kinaumagahan. Ngunit sinabi kay David ni Micol na kanyang asawa: "Mapapatay ka bukas kung hindi mo ililigtas ang iyong sarili ngayong gabi." 12 Kaya pinababa ni Micol si David sa bintana, at umalis siya at tumakas.

13 Kinuha naman ni Micol ang isang diyus-diyusang pambahay, inihiga ito sa kama at nilagyan ng balahibo ng kambing sa ulunan, at saka kinumutan. 14 Nang ipadala ni Saul ang mga sugo para dakpin si David, sinabi ni Micol: "May sakit siya." 15 Pinabalik ni Saul ang kanyang mga inutusan para tingnan si David at sinabing "Dalhin ninyo siya sa akin kahit nakahiga para mapatay ko siya." 16 Ngunit nang pumasok ang mga sugo, ang diyus-diyusan ang nasa kama at may balahibo ng kambing sa ulunan. 17 Kaya sinabi ni Saul kay Micol: "Ba't mo 'ko nilinlang at pinatakas ang aking kaaway?" Sumagot si Micol: "Sinabi niya sa aking papatayin niya ako kung hindi ko siya paaalisin!"

**Si Saul at ang mga propeta**

• 18 Umalis si David at tumakas. Pinuntahan niya si Samuel sa Rama at isinalaysay ang lahat ng ginawa sa kanya ni Saul. At magkasama silang pumunta ni Samuel sa Mga Kuweba at doon nanirahan.

19 Nabalitaan ni Saul na nasa Mga Kuweba ng Rama si David 20 kayat nagpadala siya ng mga sugo upang dakpin siya.

Ngunit nang makita nila ang isang pangkat ng mga propeta na nagpopropesiya, na ibig sabihi'y wala sa sarili, ka-

---

• 18. Isinasabuhay ng Israel ang kanyang pananampalataya sa pag-awit, pagsasayaw at pagdiriwang ng alaala ng mga kahanga-hangang gawa ni Yawe. Kaya kailangan nila ang mga pangkat na ito ng mga propeta. Nababanggit sila rito sa kauna-unahang pagkakataon sa Biblia: sa sariling gawa ay nawawala sa sarili ang mga lalaking ito. At nang panahong iyon, itinuturing itong gawa ng Espiritu ni Yawe na siyang sanhi ng pagkawala sa sarili ng tao. Sa kanilang simula, walang gaanong kaibahan ang mga propeta ng Israel sa "mga propeta" ng iba pang mga karatig-bayang pagano. Sa bandang huli, gagamitin sa Biblia ang tawag na propeta para sa ibang mga taong katangi-tangi, mga tinawag ng Diyos para sa isang natatanging misyon. At tilamsik na lamang ng relihiyosong pagkawala sa sarili ang maiiwan sa kanila.

Magandang ihambing ang mga kilos na ito ng mga propeta sa iba pang makikita sa simula ng Iglesya (tingnan Mga Gawa 21) at basahin ang sinasabi ni Pablo tungkol sa mga pagpapahayag ng Espiritu sa 1 Cor 12-14. Hinding-hindi lamang gawa ng Espiritu ng Diyos ang pagpapahayag ng Espiritu kundi depende rin ito nang malaki sa kakayahan ng taong ginagamit ng Espiritu para kumilos, gaya ng kung paanong nagkakakulay ang liwanag ng araw ayon sa kulay ng kristal na pinaglalagusan nito. Sa mga grupo ng mga taong simple at walang gaanong pinag-aralan, kumilos (at kumikilos pa rin) ang Espiritu ng Diyos sa pagpukaw sa mga katangiang pang-ekstasi na mapapansin din sa ibang relihiyon na hindi naman Kristiyano. Pero para sa kanila ang mga bagay na ito ang nagpapalakas sa kanila sa kanilang pananampalataya.

sama ni Samuel na nakatayo roon bilang
pinuno, nilukuban din ng espiritu ng Diyos
ang mga sugo ni Saul at nagpropesiya rin
sila.
21 Nang malaman ni Saul ang nangyari,
nagpadala siya ng iba pang mga sugo
ngunit nagpropesiya rin ang mga ito. Sa
ikatlong pagkakataon, nagpadala si Saul
ng mga sugo at nagpropesiya rin sila.
22 Kayat siya na mismo ang nagpunta
sa Rama at dumating siya sa malaking
balon sa Seku. Nagtanong siya: "Nasaan
sina Samuel at David?" Sinabi nila: "Nasa
Mga Kuweba sila ng Rama." 23 Kaya
nagpunta si Saul sa Mga Kuweba ng
Rama, ngunit nilukuban din siya ng Es-
piritu ng Diyos. At nagpropesiya siya
sa kanyang paglakad hanggang sa Mga
Kuweba ng Rama. 24 Hinubad niya ang
kanyang damit at nagpropesiya rin sa
harap ni Samuel. At nabuwal siya sa lupa
at maghapo't magdamag na hubo't hu-
bad.
Kaya sinabi nilang "Kabilang na rin ba
si Saul sa mga propeta?"

**20** 1 Tumakas si David mula sa Mga
Kuweba ng Rama at nagpunta kay
Yonatan at sinabi sa harap niya: "Ano ang
nagawa ko? Ano ang kasalanan ko?
Anong krimen ang nagawa ko sa harap ng
iyong ama at hangad niya akong pata-
yin?"
2 Sumagot si Yonatan: "Hindi! Hindi ka
mamamatay. Tingnan mo, walang
ginagawa ang aking ama, maliit na bagay
man o malaki, na hindi niya sinasabi sa
akin. Bakit niya ililihim sa akin ang bagay
na ito? Hindi, hindi ito maaari." 3 Ngunit
sumumpa si David at sinabing "Alam na
alam ng iyong ama na mabuti ang pag-
tingin mo sa akin kaya inisip niyang hindi
mo ito dapat malaman at tiyak na
malulungkot ka. Ngunit saksi ko si Yawe,
iisang hakbang na lamang ang layo ko sa
kamatayan!" 4 At sinabi ni Yonatan kay
David: "Gagawin ko para sa iyo anuman
ang gusto mong gawin ko."
5 Sumagot si David: "Bukas ang Ba-
gong Buwan at kailangang makisalo ako
sa hari. Pero paalisin mo ako at mag-
tatago ako sa bukid hanggang sa makal-
awa ng gabi. 6 Kapag hinanap ako ng
iyong ama, sabihin mo sa kanyang 'Na-
kiusap sa akin si David na payagan ko
siyang pumunta sa Betlehem na kanyang
lunsod sapagkat doon gaganapin ang
taunang paghahandog para sa buo niyang
angkan.' 7 Kapag sinabi niyang 'Mabuti',
ibig sabihi'y wala ako sa panganib. Ngunit
kapag lubha siyang nagalit, malalaman
mong hangad nga niyang gawan ako ng
masama. 8 Gawin ang kabutihang ito para
sa iyong lingkod sapagkat ikaw ang nag-
hatid sa kanya sa isang pakikipagtipan sa
iyo sa harap ni Yawe. At kung mayroon
man akong kasalanan, ikaw na ang pu-
matay sa akin. Ba't kailangang dalhin mo
pa ako sa iyong ama?"
9 Sumagot si Yonatan: "Kalokohan!
Kung alam kong talaga ngang hangad ng
aking ama na gawan ka ng masama,
maaari bang hindi ko ito sabihin sa iyo?"
10 At tinanong siya ni David: "Sino ang
magsasabi sa akin kung pagalit ang sagot
sa iyo ng iyong ama?" 11 Sinabi ni Yona-
tan: "Halika, pumunta tayo sa bukid." At
kapwa sila nagpunta sa bukid.

• 12 Sinabi ni Yonatan kay David: "Si Yaweng
Diyos ng Israel, siya ang ating saksi! Sa ganito
ring oras bukas makalawa, aalamin ko kung ano
ang iniisip ng aking ama. At kung mabuti ito
para sa iyo, pasasabihan kita. 13 Ngunit kung
may balak na masama sa iyo ang aking ama,
parusahan nawa ako ni Yawe at higit pa kapag
hindi ko ito sinabi sa iyo para makatakas kang
mapayapa.
Sumaiyo nawa si Yawe kung paanong suma-

---

• **20.**12 Narito ang salaysay tungkol sa pagiging magkaibigan nina David at Yonatan. Ipinapakita ng Biblia (2 S 20:7) na kailanma'y hindi nilimot ni David ang kanilang kasunduan ni Yonatan.

aking-ama siya. 14 At kung mabuhay ako, ma-
ging mabuti ka sa akin. Ngunit kung patay na
ako, 15 huwag mong pawiin kailanman ang
iyong kabutihang-loob sa aking sambahayan,
pawiin man ni Yawe ang lahat ng kaaway ni
David sa balat ng lupa sa paghihiganti ni Yawe
sa kanila." 16 At nakipagtipan si Yonatan sa
sambahayan ni David. 17 Minsan pang pina-
sumpa ni Yonatan si David dahil mahal niya ito
sapagkat mahal niya si David gaya ng pagma-
mahal niya sa kanyang sarili.

18 At sinabi sa kanya ni Yonatan: "Bukas ang
Bagong Buwan. Mapapansing wala ka sapagkat
mababakante ang iyong upuan. 19 At lalo iyong
magiging kapansin-pansin sa makalawa. Kaya
magtago ka agad sa dati mong pinagtaguan
noon at manatili roon sa tabi ng batong palatan-
daan. 20 Tatlong beses kong papanain ang bato
na parang tinatarget iyon. 21 At magpapadala
ako ng isang bata na pagbibilinan kong hanapin
ang mga palaso. Kapag sinabi ko sa batang
'Hayun, nasa gawi roon ang mga palaso. Dalhin
mo dito ang mga iyon', ibig sabihi'y maka-
lalabas ka na sapagkat kung paanong buhay si
Yawe, ligtas ka na sa kapahamakan. 22 Ngunit
kung sabihin ko sa batang 'Tingnan mo, nasa
dako pa roon ang mga palaso', tumakas ka
sapagkat pinaaalis ka ni Yawe. 23 At si Yawe nga
ang saksi nating dalawa magpakailanman
tungkol sa pinag-usapan natin."

24 Nagtago nga si David sa bukid. At nang
sumapit ang Bagong Buwan, dumulog sa hapag
ang hari para kumain. 25 Naupo siya sa dati
niyang luklukan sa tabi ng dingding. Nakaupo
sa tapat niya si Yonatan at katabi naman niya si
Abner. Ngunit bakante ang lugar ni David.
26 Walang anumang sinabi si Saul nang araw na
iyon sa pag-aakalang may kung anong nang-
yari lamang kay David para siya'y maging di-
malinis. 27 Sa ikalawang araw ng Bagong Bu-
wan, bakante pa rin ang lugar ni David kayat
tinanong ni Saul si Yonatang kanyang anak:
"Ba't hindi dumulog sa hapag maging kahapon
o ngayon ang anak ni Jese?" 28 Sumagot si
Yonatan: "Nakiusap sa akin si David na papun-
tahin ko siya sa Betlehem 29 at sinabi niyang
'Sige na, paalisin mo ako dahil mag-aalay ang
aming pamilya sa lunsod at pinapupunta ako ng
aking kapatid. Kayat kung mabuti ang tingin mo
sa akin, paalisin mo na ako para makita ang
aking mga kapatid.' Kaya hindi siya dumudulog
sa hapag ng hari."

30 Nag-apoy ang galit ni Saul kay Yonatan at
sinabi sa kanya: "Anak ng sutil at walanghiyang
babae! Kung hindi ko pa alam na kampi ka sa
anak ni Jese sa kahihiyan ng iyong sarili at ng
iyong ina? 31 Hanggang nabubuhay ang anak ni
Jese sa daigdig na ito, hindi ka magiging ma-
tatag ni ang iyong kaharian. Ipatawag mo siya
ngayon at iharap sa akin sapagkat dapat siyang
mamatay!"

32 Tinanong ni Yonatan ang kanyang ama:
"Ba't kailangan siyang patayin? Ano ang na-
gawa niya?" 33 Ngunit itinuon ni Saul kay Yona-
tan ang kanyang sibat, at naunawaan nitong
talaga ngang balak ng kanyang amang patayin
si David. 34 Galit na tumindig si Yonatan mula sa
hapag at hindi na kumain sa ikalawang araw ng
Bagong Buwan sapagkat ikinalungkot niya ang
sinabi ng kanyang ama laban kay David.

35 Kinaumagahan, nagpunta si Yonatan sa
bukid, kasama ang isang batang lalaki, para
makipagkita kay David. 36 Sinabi niya sa bata:
"Tumakbo ka't hanapin ang mga palasong ipa-
pana ko." Tumakbo ang bata at pumana naman
si Yonatan nang lampas sa bata. 37 Nang duma-
ting ang bata sa lugar na pinagtudlaan ni Yona-
tan sa palaso, sumigaw si Yonatan at sinabi
sa bata: "Nasa gawi pa roon ang palaso!" 38 At
isinigaw pa niya sa bata: "Magmadali ka! Bilis, at
huwag kang titigil!" Dinampot ng bata ang
palaso at bumalik sa kanyang amo. 39 Walang
kaalam-alam ang bata, sina Yonatan at David
lamang ang nakaaalam tungkol dito.

40 At ibinigay ni Yonatan sa bata ang kanyang
mga sandata at sinabi: "Sige, iuwi mo na ang
mga ito sa lunsod." 41 Pagkaalis ng bata, lum-
abas si David mula sa batong palatandaan at
tatlong beses na yumukong sayad sa lupa ang
mukha sa harap ni Yonatan. Nagyakap ang
dalawa at kapwa sila umiyak hanggang tuma-
han si David. 42 At sinabi ni Yonatan kay David:
"Humayo kang mapayapa dahil nagsumpaan
tayong dalawa sa ngalan ni Yawe sa pagsasa-
bing si Yawe ang saksi nating dalawa at ng aking
lahi at ng iyong lahi magpakailanman."

### Si David at ang paring si Ahimelek

**21** • 1 Umalis si David at bumalik na-
man si Yonatan sa lunsod. 2 Du-
mating si David sa Nob at nagpunta sa
paring si Ahimelek. Nanginginig na si-

• **21**.1 Kumakatawan sa labindalawang tribu ng Israel ang *Mga Tinapay ng Presensya.* Iniaalay ang mga ito tuwing Araw ng Pahinga at nananatili sa ibabaw ng altar sa loob ng sanlinggo. Nalalarawan dito ang katapatan ng bayan kay Yawe. Para sa mga pari ang mga ito, at sila lamang ang makakakain nito (Lev 24:5-9).

nalubong ni Ahimelek si David at tinan-
ong: "Bakit ka nag-iisa? Ba't wala kang
kasama?" 3 Sumagot si David: "Inutusan
ako ng hari at sinabing walang dapat ma-
kaalam sa misyong ito na iniutos niya sa
akin. Kaya sinabihan ko ang aking mga
tauhan na magtatagpo kami sa isang
lugar. 4 Ano'ng meron ka rito? Bigyan mo
'ko ng limang tinapay o anumang meron
ka."
5 Sumagot kay David ang pari: "Wala
akong ordinaryong tinapay dito, sagra-
dong tinapay lamang ang mayroon – kung
hindi nagkaroon ng anumang relasyon sa
babae ang mga tauhan mo."
6 Sumagot si David: "Sigurado. Bawal
sa amin ang babae nitong mga huling
araw mula nang umalis ako. Nanatiling
malinis ang aking mga tauhan kahit na
ordinaryong misyon lamang ito, kaya
malinis sila ngayon."
7 At ibinigay sa kanya ng pari ang sag-
rado sapagkat walang ibang tinapay liban
sa Tinapay ng Presensya na kinuha sa
harap ni Yawe para palitan ng mainit na
tinapay sa araw na kunin iyon.
8 Ngunit nang araw na iyon, naroon ang
isa sa mga tauhan ni Saul. Ito ang
Edomitang si Doeg na punong pastol ni
Saul.
9 Tinanong ni David si Ahimelek: "Wala
ka bang sibat o tabak dito? Di ko dala ang
aking tabak ni ang aking mga sandata
sapagkat madalian ang utos ng hari."
10 Sumagot ang pari: "Ang tabak ni
Goliat, ang Pilisteong pinatay mo sa
lambak ng Ela. Hayu't nakabalot sa isang
tela sa likod ng efod. Kunin mo kung
gusto mo, sapagkat wala nang iba pa rito
kundi 'yon lang." At sinabi ni David: "Akin
na, wala nang iba pang tulad nito!"

• 11 Nang araw ding iyon, umalis si
David at lumayo kay Saul. Nagpunta siya
kay Akis na hari ng Gat. 12 Sinabi ng mga
utusan ni Akis: "O Hari ng lupain, di ba't
ito si David? Di ba't siya ang sinasayawan
nila sa kanilang awitan, 'Napatay ni Saul
ang kanyang libu-libo at ni David naman
ang kanyang laksa-laksa'?"
13 Naunawaan ni David ang mga
katagang ito at lubha siyang natakot kay
Akis na hari ng Gat. 14 Kayat pinapaniwala
niya silang nasisiraan siya ng bait at
nagkunwaring baliw. Ginuhitan niya ng
kung anu-ano ang mga pinto at pina-
bayaang tumulo ang laway sa kanyang
balbas.
15 Sinabi ni Akis sa kanyang mga
utusan: "Hayan, tingnan ninyo, baliw ang
taong 'yan! Ba't pa ninyo siya dinala sa
akin? 16 Kulang pa ba ako ng mga baliw at
dinala pa ninyo ang isang iyan para mag-
pakita ng kabaliwan sa akin? Iyan ba ang
papasok sa aking bahay?"

**Simula ng paggagala ni David**

**22** • 1 Umalis si David sa Gat at tumakas
sa yungib ng Adulam. Nalaman ito ng

---

Ginagamit ni Jesus ang tekstong ito bilang halimbawa nang manguha ng makakain ang kanyang mga alagad sa paraang di ipinahihintulot sa Araw ng Pahinga (tingnan Marco 2:13). Gusto tayong palayain ni Jesus mula sa pagkaalipin sa "sagrado" sapagkat ang tao ang siyang pinakasagrado sa lahat.

Higit pa kaysa mga tinapay lamang ang pangyayaring ito. Para sa Diyos, hindi kasinghalaga ng bawat taong tumutupad nang mabuti sa kanyang misyon ang paggalang sa sagradong tinapay. Kailangang makita ng mga sumasampalataya na sagrado na ang kanilang mga gawain sa araw-araw nang dahil lamang sa sila'y mga anak ng Diyos at tahanan ng Espiritu Santo. Ang paglalaba ng ina sa kanyang tahanan, ang trabaho sa pabrika, ang pangangatawang pabutihin ang lagay ng komunidad – pinauunlad ng mga ito at ng lahat nating gawa ang gawa ng Maykapal tulad ng ipinaaalaala ng Konsilyo Vaticano. (Tingnan 1 P 2:9.)

• 11. Kailangang magkunwaring loko si David. Ipinapakita ng Biblia na hiniya muna ang hinirang na ito ni Yawe bago siya lumuklok sa kanyang trono. Sa ganito'y mahiwagang ipinagpapauna ang mga kahihiyang sinapit ni Kristo. Minahal niya tayo hanggang sa pagkabaliw, nang magpakababa siya sa pagiging lingkod hanggang sa nakahihiya at masakit na kamatayan sa krus (tingnan Fil 2:7-9).

• **22.**1 Hindi itinatago ng kabanata 22:2 na nagigipit o may mga utang o mga hinanakit ang mga sumama kay David. Hindi gawa ng taong pawang mga

kanyang mga kapatid at ng buong sambahayan
ng kanyang ama, at siya'y kanilang pinuntahan
doon. 2 At nagkaisa sa kanya ang lahat ng nasa
gipit o may utang o may sama ng loob, siya ang
naging pinuno nila – mga apatnaraang katao.
3 Mula roon, nagpunta si David sa Mizpa ng
Moab at sinabi sa hari ng Moab: "Maaari bang
dumito muna sa inyo ang aking ama at ina
hanggang malaman ko ang gagawin sa akin ng
Diyos?" 4 Kaya iniwan niya sila sa hari ng Moab,
at nanatili silang kasama nito habang nasa kuta
naman si David.
5 Sinabi ng propetang si Gad kay David:
"Huwag ka nang tumigil sa kuta; pumunta ka sa
lupain ng Juda." At umalis nga si David at
nagpunta sa gubat ng Heret.
6 Nalaman ni Saul na may nakakita kay David
at sa kanyang mga kasama. Nasa Gibea noon si
Saul at nakaupo sa lilim ng punong-tamariskong
nasa burol, may hawak na sibat at nakapaligid sa
kanya ang lahat niyang opisyal. 7 Kinausap sila ni
Saul: "Makinig kayo, lipi ni Benjamin! Bibigyan
kaya ng anak ni Jese ang sinuman sa inyo ng
mga bukirin at ubasan? Gagawin ba niyang
pinuno ng tigsasanlibo o tigsasandaan ang bawat
isa sa inyo 8 kaya kayo nagsabwatang lahat laban
sa akin? Wala ni isa mang nagsabi sa akin na
nakipagkasunduan ang aking anak sa anak ni
Jese. Walang sinuman sa inyo ang nagmalasakit
sa akin para ibalitang sarili ko pang anak ang
nagsulsol sa aking lingkod na maghimagsik sa
akin tulad sa araw na ito."
9 Ngunit sumagot si Doeg na Edomita na
nakatayong kasama ng mga opisyal ni Saul, at
sinabi niyang "Nakita kong dumating sa Nob
ang anak ni Jese at nagpunta kay Ahimelek na
anak ni Ahitub. 10 Sinangguni ni Ahimelek si
Yawe para sa kanya, at binigyan siya ng pagkain
at ibinigay din sa kanya ang tabak ni Goliat na
Pilisteo." 11 Kaya ipinatawag ng hari ang paring
si Ahimelek na anak ni Ahitub, at buong samba-
hayan ng kanyang ama na mga pari sa Nob.
Nagpunta silang lahat sa hari.
12 At sinabi ni Saul: "Makinig ka, anak ni
Ahitub." Sumagot si Ahimelek: "Narito ako,
panginoon ko." 13 Tinanong siya ni Saul: "Bakit
ka nakipagsabwatan sa anak ni Jese laban sa
akin sa pagbibigay sa kanya ng tinapay at ng
tabak, at sinangguni mo pa ang Diyos para sa
kanya upang maghimagsik laban sa akin at
abangan ako tulad sa araw na ito." 14 Sumagot si
Ahimelek sa hari: "Sino sa lahat ninyong lingkod
ang kasintapat ni David na manugang ng hari,
kapitan ng inyong mga badigard at iginagalang
sa inyong sambahayan? 15 Ngayon lang ba ako
sumangguni kay Yawe para sa kanya? Nag-
kakamali kayo, huwag sanang paratangan ng
hari ang kanyang lingkod at ang sinuman sa
sambahayan ng aking ama sapagkat walang
anumang kinalaman ang inyong lingkod sa
buong pangyayari." 16 Ngunit sinabi ng hari:
"Mamamatay ka, Ahimelek, ikaw at ang buong
sambahayan ng iyong ama!"
17 At iniutos ng hari sa mga tanod sa kanyang
tabi: "Sige, patayin ang mga pari ni Yawe sa-
pagkat kumampi sila kay David. Alam nilang
tumatakas si David ngunit wala silang sinabi sa
akin." Subalit tumanggi ang mga opisyal ng hari
na pagbuhatan ng kamay ang mga pari ni Yawe.
18 Kayat sinabi ng hari kay Doeg: "Halika at
saksakin mo ang mga pari." Lumapit si Doeg na
Edomita at sinaksak nga ang mga pari. Nang
araw na iyon, walumpu't limang lalaking naka-
efod na linen ang pinatay niya. 19 Pagkatapos
niyon, ipinapatay rin ni Saul sa tabak lahat ng
taga-Nob, ang lunsod ng mga pari – lalaki at
babae, bata at pasusuhing sanggol, pati mga
baka, mga asno at mga tupa.
20 Subalit isang anak na lalaki ni Ahimelek na
anak ni Ahitub ang nakatakas. Abiatar ang
kanyang pangalan, at nagpunta siya kay David.
21 Sinabi ni Abiatar kay David na pinatay ni Saul
ang mga pari ni Yawe. 22 Sinabi ni David sa
kanya: "Nang araw na iyon na naroon si Doeg na
Edomita, alam kong tiyak na magsusumbong
siya kay Saul. Ako ang dapat managot sa
pagkamatay ng buong sambahayan ng iyong
ama. 23 Dumito ka sa akin at huwag kang ma-
takot sapagkat hangad din ng naghahangad ng
iyong kamatayan ang aking kamatayan. Ligtas
ka ritong kasama ko."

**Kinonsulta ni David ang Diyos**

**23** 1 Sinabi nila kay David na sinasalakay
ng mga Pilisteo ang Keila at ninana-
kawan ang mga giikan. 2 Sinangguni ni David si

---

santo ang mga digmaang naging daan para mabuhay at umunlad ang bayan ng Diyos. Ganito rin ang nangyayari sa mga pakikibakang nagaganap saan mang lugar sa daigdig alang-alang sa katarungan. Makasisiguro tayo na hindi mawawalan ng mga nakadududang mga bagay o mga katiwalian kahit na sa pinakamagagandang simulain. Mapalad kayo kung may napakalalim na pagkaunawa sa kanilang misyon ang inyong mga lider gaya ni David, at tunay na nakadarama ng pagkakabuklod sa kanilang bayan.

Tinatalakay rito ang mga pagkonsulta kay Yawe sa paggamit ng *efod* na isang bagay na ginagamit sa pagpapalabunutan. Isa itong matandang kaugalian, at karaniwan na sa mga pari ng Israel. Ngunit naglaho ang kaugaliang ito nang tumigil sa panghuhula ang mga propeta (tingnan kab. 9).

Yawe at tinanong: "Aalis ba ako para lumaban
sa mga Pilisteong iyon?" At sinabi ni Yawe:
"Humayo ka't makipaglaban sa mga Pilisteo at
iligtas ang Keila." [3] Ngunit sinabi kay David ng
kanyang mga tauhan: "Tingnan mo, dito na
lamang sa Juda e takot na tayo, gaano pa kung
pupunta tayo sa Keila para harapin ang hukbo
ng mga Pilisteo?"
[4] At muling sinangguni ni David si Yawe at
sinabi sa kanya ni Yawe: "Magpunta ka sa Keila
sapagkat ibinibigay ko sa iyong mga kamay ang
mga Pilisteo." [5] Nagpunta nga sa Keila si David
at ang kanyang mga tauhan, at nakipaglaban sa
mga Pilisteo. Tinangay nila ang mga hayop ng
mga Pilisteo at naghatid ng malaking pagkatalo
sa mga ito. At sinagip ni David ang mga taga-
Keila.
[7] Nang maipagbigay-alam kay Saul na nag-
punta si David sa Keila, sinabi niya: "Ipinaubaya
rin siya ng Diyos sa aking mga kamay sapagkat
siya mismo ang nagkulong sa kanyang sarili sa
isang lunsod na may mga pintuan at rehas."
[8] Tinawag ni Saul ang buong bayan para sa
labanan, upang lumusong sa Keila at kubkubin
si David at ang mga tauhan nito. [9] Nang mala-
man ni David ang masamang balak ni Saul sa
kanya, sinabi niya sa paring si Abiatar na dalhin
sa kanya ang efod. ([6] Nang tumakas si Abiatar
na anak ni Ahimelek papunta kay David sa
Keila, lumusong siyang dala ang efod.)
[10] At sinabi ni David: "O Yaweng Diyos ng
Israel, narinig kong balak pumarito ni Saul sa
Keila at wasakin ang lunsod dahil sa akin.
[11] Paparito nga ba si Saul tulad ng narinig ko? O
Yaweng Diyos ng Israel, sabihin mo sana sa
iyong lingkod." Sumagot si Yawe: "Darating
siya." [12] At muling nagtanong si David: "Ipa-
uubaya ba ako at ang aking mga tauhan ng mga
pinuno ng Keila sa kamay ni Saul?" Sumagot si
Yawe: "Ipauubaya nila kayo."
[13] Kaya umalis sa Keila si David at ang mga
animnaraan niyang tauhan, at nagpalipat-lipat
sa maaari nilang puntahan. Nang masabi kay
Saul na nakatakas si David mula sa Keila, hindi
na siya nagpatuloy roon.
[14] Nanatili si David sa mga kuta sa kaburulan
ng disyerto ng Zif. At walang tigil naman siyang
pinaghanap ni Saul ngunit hindi siya ibinigay ng
Diyos sa mga kamay nito.
[15] Alam ni David na pinaghahanap siya ni
Saul para patayin. At nanatili siya sa Hores sa
disyerto ng Zif. [16] Pinuntahan siya ni Yonatang
anak ni Saul at pinalakas ang kanyang loob sa
Diyos. [17] At sinabi nito sa kanya: "Huwag kang
matakot sapagkat hindi ka pagbubuhatan ng
kamay ng aking amang si Saul. Maghahari ka sa
Israel at magiging pangalawa lamang ako sa
iyo. Alam ito kahit ng aking ama." [18] Muling
gumawa ng kasunduan ang dalawa sa harap ni
Yawe, at nanatili sa Hores si David at umuwi
naman si Yonatan.
[19] Pinuntahan ng ilang taga-Zif si Saul sa Gibea
at sinabi sa kanya: "Nagtatago si David sa amin sa
mga kuta sa Hores sa burol ng Hakila sa timog ng
Yesimon. [20] At ngayon, mahal na hari, pumunta
kayo sa amin kailanman ninyo gusto at ibibigay
namin siya sa inyong mga kamay." [21] Sumagot si
Saul: "Pagpalain kayo ni Yawe dahil sa malasakit
ninyo sa akin. [22] Humayo kayo at tiyakin kung
nasaan siya at kung saan siya pumupunta at kung
sino ang nakakita sa kanya sapagkat may
nakapagsabi sa aking napakatalino niya. [23] Ala-
min ninyo ang lahat ng lugar na kanyang pinag-
tataguan at saka kayo bumalik sa akin, at sasama
ako sa inyo. Kung naroon nga siya, hahanapin ko
siya sa lahat ng angkan ng Juda."
[24] Kayat umalis sila at nagpauna kay Saul
papunta sa Zif. Nasa disyerto naman ng Maon sa
Araba sa timog ng Yesimon si David at ang
kanyang mga tauhan.
[25] Lumakad na si Saul at ang kanyang mga
tauhan para hanapin si David. Nang malaman ito
ni David, bumaba siya sa batuhan at nanatili sa
disyerto ng Maon. Nalaman iyon ni Saul at hina-
bol niya si David sa disyerto ng Maon. [26] Nasa
isang panig ng bundok si Saul samantalang nasa
kabila naman si David at ang kanyang mga
tauhan. Nagmamadali si David na makalayo kay
Saul. Malapit nang masukol ni Saul at ng kan-
yang mga tauhan si David at ang mga tauhan nito
[27] nang may dumating na sugo kay Saul at sina-
bing "Madali! Bumalik kayo agad sapagkat ni-
lusob ng mga Pilisteo ang lupain." [28] Iniwan ni
Saul ang paghabol kay David at umalis para
harapin ang mga Pilisteo. Kaya tinawag nilang
Batuhan ng Paghihiwalay ang lugar na iyon.

**Pinatawad ni David si Saul**

**24** • [1] Mula roon, umahon si David at
nanatili sa mga kuta ng Engedi.
[2] Nang magbalik si Saul mula sa pag-
tugis niya sa mga Pilisteo, nalaman ni-
yang nasa disyerto ng Engedi si David.

---

• **24.1** Ekspresyon ng pananampalataya ni David ang respeto niya sa "pinahiran" o hinirang ng Panginoon (dahil pinahiran ni Samuel si Saul). Alam ng taong tinuruan ng Biblia na nakikibahagi sa Diyos ang mga pinuno ng bayan pagdating sa mga obligasyon at kapangyarihang lampas sa kakayahan at

3 Kaya nagsama si Saul ng tatlong libong
piling tauhan mula sa buong Israel at
lumakad para hanapin si David at ang mga
tauhan nito sa silangan ng Kabatuhan ng
Maiilap na Kambing. 4 Dumating siya sa
mga kural ng tupa sa tabi ng daan, may
isang yungib doon na pinuntahan ni Saul
para dumumi.

Nasa dulo naman ng nabanggit na
yungib si David at ang kanyang mga
tauhan. 5 Sinabi kay David ng kanyang
mga tauhan: "Ito na ang araw na sinabi
sa iyo ni Yawe, 'Heto, ipinauubaya ko sa
iyong mga kamay ang iyong kaaway,
gawin mo sa kanya ang gusto mo'."

Kumilos si David at lihim na ginupit ang
laylayan ng kapa ni Saul. 6 Ngunit kinon-
siyensya si David sa pagkakagupit niya sa
laylayan ng kapa ni Saul, 7 at sinabi niya sa
kanyang mga tauhan: "Huwag sanang
ipahintulot ni Yawe na gawin ko ang bagay
na ito sa aking panginoon na pinahiran ni
Yawe. Hindi ko siya maaaring pagbuhatan
ng kamay sapagkat siya ang pinahiran ni
Yawe." 8 Sa mga katagang ito, pinigil ni
David ang kanyang mga tauhan at hindi
niya pinayagan ang mga itong sugurin si
Saul.

Tumindig naman si Saul at lumabas
mula sa yungib at nagpatuloy sa pag-
lakad. 9 Lumabas din sa yungib si David at
tinawag si Saul: "Aking panginoon, mahal
na Hari!" Paglingon ni Saul, lumuhod si
David at yumukong sayad sa lupa ang
mukha bilang pamimitagan. 10 At sinabi
niya kay Saul: "Bakit kayo nakikinig sa
sabi-sabi ng mga tao na hangad raw ni
David ang inyong kapahamakan?

11 Nakita ng inyong mga mata sa araw
na ito na inilagay kayo ni Yawe sa aking
mga kamay sa yungib. May nagsabi sa
aking patayin na kayo ngunit naawa ako
sa inyo at sinabi kong hindi ko mapagbu-
buhatan ng kamay ang aking panginoon
na siyang pinahiran ni Yawe. 12 Ama ko,
tingnan ninyo, hawak ko ang kapirasong
ito ng laylayan ng inyong kapa! Pinutol ko
ito sa inyong kapa ngunit hindi ko kayo
pinatay. Makikita ninyong wala akong
hangad na masama sa inyo o pagtaksilan
kayo. Wala akong nagagawang mali sa
inyo ngunit pinaghahanap ninyo ako para
patayin.

13 Si Yawe nawa ang humatol sa ating
dalawa! Si Yawe na ang bahalang maningil
sa inyo para sa akin pero hindi ko kayo
maaaring pagbuhatan ng kamay.

14 Tulad nga ng kasabihan ng matatanda,
'Kasamaa'y nanggagaling sa masasama,' ngu-
nit hindi ko kayo maaaring pagbuhatan ng
kamay. 15 Sino ba ang inuusig ng hari ng Israel?
Sino ang inyong tinutugis? Isang asong patay!
Isang pulgas lamang! 16 Si Yawe nawa ang ma-
ging hukom natin at siyang humatol sa ating
dalawa! Makita nawa niya at ipagtanggol ang
aking usapin at iligtas ako sa inyong mga
kamay."

17 Matapos magsalita ni David, sinabi ni Saul:
"Iyan ba ang boses mo, David, anak ko?" At
malakas na umiyak si Saul 18 at sinabi kay
David: "Tama ka at mali ako sapagkat ginan-
tihan mo ng kabutihang-loob ang kasamaang
ginawa ko sa iyo. 19 Ipinakita mo sa araw na ito
ang iyong kabutihan na ginawa mo sa akin.
Ibinigay na nga ako ni Yawe sa iyong mga
kamay pero hindi mo ako pinatay. 20 Sapagkat
pababayaan pa ba ng isa na magpatuloy nang
matiwasay ang kanyang kaaway kung matag-
puan niya iyon? Gantimpalaan ka nawang
mabuti ni Yawe dahil sa ginawa mo sa akin sa
araw na ito. 21 Natitiyak ko na ngayon na ikaw
nga ang maghahari sa Israel at sa iyong mga
kamay magiging matatag ang kaharian ng Is-

---

karapatan ng tao. Ang tungkulin nating magbigay-puna o palitan ang masama o mahinang mga pinuno kailanma'y di dapat maging sagabal sa paggalang sa kanilang pagkatao at sa mabigat na responsabilidad na ipinagkatiwala ng Diyos sa kanilang mga kamay. (Rom 13:1)

*Ipagtanggol nawa ni Yawe ang aking usapin.* Hindi ito reklamong may sama ng loob ng isang di makapangahas ipagtanggol ang sarili kundi katiyakan ng isang nakikipaglaban para sa inaakala niyang matuwid. Ngunit kinikilala rin niya na ang Diyos lamang ang panginoon ng kasaysayan. Sa ilang mga pangyayari, mas ginugusto niyang huwag ipaglaban ang kanyang mga karapatan bilang paraan ng pagpapakita ng ganap niyang tiwala sa Diyos. Ito ang sinasabi ni Jesus sa Mateo 5:38-42.

rael. 22 Isumpa mo sa akin ngayon sa ngalan ni Yawe na hindi mo lilipulin ang aking lipi at hindi buburahin ang aking pangalan sa sambahayan ng aking ama."

23 Sumumpa si David kay Saul at umuwi na si Saul. Umahon naman sa kuta si David at ang kanyang mga tauhan.

**David at Abigail**

**25** • 1 Namatay si Samuel at nagtipon ang buong Israel at ipinagluksa siya. At inilibing siya sa kanyang tahanan sa Rama.

Pagkatapos, bumaba si David sa disyerto ng Maon. 2 May isang napakayamang lalaki sa Maon, na may tatlong libong tupa at sanlibong kambing at may bukirin din sa Karmel.

3 Nabal ang pangalan ng lalaki at si Abigail naman ang kanyang asawa. Matalino at maganda ang babae pero bastos at walanghiya ang lalaking mula sa lipi ni Kaleb. 2b Nasa Karmel siya noon at ginugupitan ang kanyang mga tupa.

4 Nabalitaan ni David sa disyerto na ginugupitan ni Nabal ang kanyang kawan, 5 at nagsugo siya ng sampung binata at sinabing "Pumunta kayo kay Nabal sa Karmel at kumustahin siya para sa akin 6 at sabihing: Mabuhay! Sumaiyo ang kapayapaan, sa iyong sambahayan at sa lahat ng iyong ari-arian. 7 Nabalitaan kong naggugupit ka ngayon ng mga tupa. Nang kasama namin ang iyong mga pastol, hindi kami naging marahas sa kanila at walang anumang nawala sa kanila sa buong panahong itinigil nila sa Karmel. 8 Tanungin mo ang iyong mga lingkod at sila ang magsasabi sa iyo. Kaya pagmagandahang-loob mo sana ang aking mga binata sapagkat dumating kami sa araw ng piyesta. Bigyan mo naman sana sila at ang iyong anak na si David sa abot ng iyong makakaya."

9 Nang dumating ang mga binata ni David, sinabi nila kay Nabal ang lahat ng ito sa ngalan ni David at naghintay sila. 10 Ngunit sinabi ni Nabal sa mga lingkod ni David: "Sino ba si David? Sino ba ang anak ni Jese? Talagang maraming alipin ngayon ang lumalayas sa kanilang mga amo. 11 Kukunin ko ba ang aking tinapay at ang aking tubig at ang aking karne na kinatay ko para sa aking mga manggugupit para ibigay sa mga taong hindi ko alam kung saan nanggaling?" 12 Tumalikod ang mga tauhan ni David at nagbalik sa kanya at sinabi ang lahat ng sinabi ni Nabal. 13 At sinabi ni David sa kanyang mga tauhan: "Isakbat ng bawat isa ang kanyang tabak!" At isinakbat nga ng bawat isa pati na ni David ang kanyang tabak. Mga apatnaraang lalaki ang umahong kasunod ni David, at dalawandaan naman ang naiwan sa mga kagamitan.

14 Isa sa mga alipin ni Nabal ang nagsabi sa kanyang asawang si Abigail: "Nagpadala si David ng mga sugo mula sa disyerto para batiin ang aming amo pero sinigawan niya ang mga iyon. 15 Napakabuti pa naman ng mga lalaking iyon sa amin, hindi sila naging marahas sa amin at walang anumang nawala sa amin sa buong panahong kasama namin sila sa bukid. 16 Sa araw at gabi'y para silang pader sa aming tabi samantalang kasama namin sila sa pagpapastol. 17 Pag-isipan ninyo ngayon ang dapat gawin sapagkat lagot ngayon ang aming amo at ang buo niyang sambahayan. Napakasama niya kaya walang makapagsabi nito sa kanya."

18 Agad-agad na naghanda si Abigail ng dalawandaang tinapay, dalawang sisidlang puno ng alak, limang kinatay na tupa, limang sukat ng binusang trigo, isandaang buwig na pasas at dalawandaang bibingkang igos, at ikinarga ang mga ito sa mga asno. 19 At sinabi niya sa kanyang mga utusan: "Mauna kayo at susunod ako."

Ngunit hindi niya sinabi sa kanyang asawa ang tungkol dito.

20 Samantalang sakay si Abigail ng asno palusong sa bundok, palusong din naman si David at ang kanyang mga tauhan, papunta sa kanya. Bago sila magkasalubong, 21 kasasabi lamang ni David na "Sayang lamang ang pagbabantay ko sa lahat ng ari-arian sa disyerto ng taong iyon upang walang anumang mawala sa mga pag-aari niya. Masama ang iginanti niya sa aking kabutihan. 22 Gawin ito ng Diyos kay David at higit pa kung bukas ng umaga'y may iniwan akong isang lalaking buhay sa kanyang sambahayan."

23 Nang makita ni Abigail si David, agad itong bumaba mula sa asno at yumukong sayad sa lupa ang mukha sa harap ni David. 24 At samantalang nakayuko sa kanyang paanan, sinabi ni Abigail: "Panginoon ko, sa akin ninyo ibagsak ang sisi! Ipahintulot sana ninyong magsalita sa inyo ang inyong lingkod at pakinggan

---

• **25.1** Pinaghahambing ng pangyayaring nababasa natin dito ang dalawang tao at dalawang takbo ng isip: walang ikinalamang sa iba ang taong may mga ari-arian. Gusto nitong sabihin na kailangang ibahagi ang kayamanan. Binibigyang-diin ang papel ng babae. Naitataboy ng kanyang karunungan ang kapahamakang gawa ng mga lalaki. Sa kababaang-loob ni David, nakita niya na napapasubo siya sa karahasan at kawalang-katarungan dahil sa pagiging mapusok niya.

ang kanyang sasabihin. 25 Huwag sanang
isaalang-alang ng aking panginoon ang walang-
hiyang lalaking si Nabal sapagkat tulad nga siya
ng kanyang pangalan: Nabal – hangal! At hindi
ko naman nakita – ako na inyong lingkod – ang
mga lalaking isinugo ng aking panginoon.

26 At ngayon, panginoon ko, kung paanong
buhay si Yawe at kayo man ay buhay, hinadla-
ngan kayo ni Yawe sa pagpapadanak ng dugo
para ipaghiganti ang inyong sarili. Matulad nawa
kay Nabal ang inyong mga kaaway at lahat ng
naghahangad ng masama sa aking panginoon!
27 Tanggapin sana ninyo ang regalong ito na
dala ng inyong lingkod para sa inyo, at ibigay sa
mga kabataang sumusunod sa inyo. 28 At pata-
warin sana ninyo ang pagkukulang ng inyong
lingkod.

Palalawigin nga ni Yawe ang angkan ng aking
panginoon sapagkat ipakikipaglaban ninyo ang
mga digmaan ni Yawe at walang kasamaang
matatagpuan sa inyo sa buong buhay ninyo.
29 Kung may magtangka man sa inyong buhay,
buhay ng aking panginoo'y ibibigkis sa bigkis ng
buhay sa pangangalaga ni Yaweng inyong
Diyos. At ibabala niya sa tirador ang buhay ng
inyong mga kaaway.

30 Kapag tinupad na ni Yawe ang aking pangi-
noon ang kabutihang ipinangako niya sa inyo at
hinirang kayong pinuno ng Israel, 31 hindi ma-
giging pabigat o kargo de konsiyensya ng aking
panginoon ang walang kabuluhang pagdanak
ng dugo o paghihiganti para sa sarili. Pagpalain
nawa ni Yawe ang aking panginoon, at alala-
hanin naman ninyo ang inyong alipin."

32 At sinabi ni David kay Abigail: "Purihin si
Yaweng Diyos ng Israel na nagsugo sa iyo sa
araw na ito para salubungin ako! 33 Pagpalain
ang iyong magaling na paghatol at pagpalain ka
sapagkat nahadlangan mo ako ngayon sa pag-
papadanak ng dugo at sa aking paghihiganti.
34 At saksi ko si Yaweng Diyos ng Israel na
hinadlangan niya akong gawan ka ng masama.
Kung hindi ka nagmadaling salubungin ako,
tiyak na walang malalabing buhay sa mga lalaki
sa sambahayan ni Nabal pagsapit ng umaga."

35 Tinanggap ni David mula kay Abigail ang
dala nito at sinabi: "Umuwi kang mapayapa.
Narinig ko ang iyong tinig at tinanggap ang
iyong pagsamo." 36 Bumalik si Abigail kay
Nabal na may malaking handaan sa bahay,
parang handaan ng hari. Masaya si Nabal at
lasing na lasing kaya walang binanggit na
anuman sa kanya si Abigail hanggang mag-
umaga. 37 At kinaumagahan, nang mahimas-
masan na si Nabal, sinabi ni Abigail sa kanya
ang lahat. Inatake siya sa puso at naparalisado.
38 At makaraan ang sampung araw, binawian
siya ng buhay ni Yawe.

39 Nang mabalitaan ni David na patay na si
Nabal, sinabi niya: "Purihin si Yawe na ipinag-
higanti ang paghamak na tinanggap ko sa
kamay ni Nabal at hinadlangan ako sa paggawa
ng masama. Pinabalik din ni Yawe sa ulo ni
Nabal ang kasamaang ginawa nito."

Nagpasabi si David kay Abigail para maging
asawa niya. 40 Pinuntahan ng mga lingkod ni
David si Abigail sa Karmel at kinausap siya:
"Pinapunta kami ni David upang kunin ka bilang
asawa niya." 41 Yumuko sa lupa si Abigail at
sinabing "Narito ang iyong lingkod na tagapag-
hugas lamang ng mga paa ng mga utusan ng
aking panginoon." 42 Agad siyang tumindig at
sumakay sa asno, kasama ang lima sa kanyang
mga dalagang utusan. Umalis siyang kasunod
ng mga sugo ni David at naging asawa nito.

43 Kinuha rin ni David bilang asawa si Ahi-
noam ng Jezrael, at kapwa sila naging mga
asawa niya. 44 Ibinigay naman ni Saul ang kan-
yang anak na si Micol na asawa ni David kay
Palti na anak ni Lais na taga-Galim.

**26** • 1 Pinuntahan si Saul sa Gibea ng mga
taga-Zif para sabihin sa kanyang nag-
tatago si David sa burol ng Hakila sa silangan ng
Yesimon. 2 Kaya lumusong si Saul sa disyerto ng
Zif kasama ang tatlong libong piling tauhan niya
mula sa Israel upang hanapin si David. 3 Nag-
kampo siya sa burol ng Hakila sa tabi ng daan sa
silangan ng Yesimon. Nasa disyerto noon si
David at nang makita niyang nasundan siya ni
Saul sa disyerto, 4 nagpadala siya ng mga espiya
at nalaman niyang dumating nga si Saul. 5 Nag-
punta si David sa pinagkakampuhan ni Saul at
minanmanan ang hinihigaan nina Saul at Abner
na anak ni Ner at heneral ng hukbo ni Saul.
Natutulog si Saul sa loob ng kampo at naka-
paligid sa kanya ang mga tauhan niya.

6 At tinanong ni David ang Heteong si Ahi-
melek at si Abisai na anak ni Sarvia at kapatid ni
Yoab: "Sino ang sasama sa akin sa kampo ni
Saul?" Sumagot si Abisai: "Sasama ako sa iyo."
7 Nang gabing iyon, nagpunta sina David at
Abisai sa kampo, at naroon si Saul na naka-
higang tulog sa loob ng kampo, nakatusok sa

---

• **26.1** Malamang na ang pangyayaring isinalaysay na sa kabanata 24 ang siya ring tinatalakay rito. Dalawang magkaibang salaysay ang mga ito na nagsasaad ng iisang saloobin ni David sa harap ni Saul.

lupa sa ulunan niya ang kanyang sibat, saman-
talang sina Abner at ang iba pang mga tauhan
niya ay nakahiga sa paligid nito.
8 Sinabi ni Abisai kay David: “Sa araw na ito,
inilagay ng Diyos sa iyong mga kamay ang
iyong kaaway. Bayaan mong ipako ko siya
ngayon sa lupa sa isang ulos lamang ng sibat, at
hindi na kailangang ulitin pa.” 9 Ngunit sinabi ni
David kay Abisai: “Huwag mo siyang patayin.
Sapagkat sino ang makapagbubuhat ng kamay
sa pinahiran ni Yawe at hindi maparurusahan?
10 Buhay si Yawe – bahala si Yawe sa kanya. Si
Yawe lamang ang makahahampas sa kanya
pagsapit ng kanyang oras at siya'y mamatay o
mapatay sa labanan. 11 Huwag nawang itulot ni
Yawe na mapagbuhatan ko ng kamay ang pi-
nahiran ni Yawe! Kunin mo ngayon ang sibat sa
kanyang ulunan at ang sisidlan ng tubig, at
umalis na tayo.” 12 Kinuha ni David ang sibat at
ang sisidlan ng tubig sa ulunan ni Saul at umalis
na sila. Walang nakakita at walang nakaalam at
walang nagising. Tulog silang lahat sapagkat
pinatulog sila nang mahimbing ni Yawe.
13 Nagpunta si David sa kabilang libis at
tumindig sa tuktok ng burol – malayo sa kanila
– 14 at sumigaw sa mga tauhan ni Saul at kay
Abner na anak ni Ner: “Ba't di ka sumagot,
Abner?” Sumagot si Abner: “Sino ka na tumata-
wag sa hari?” 15 Sinabi ni David kay Abner:
“Hindi ka ba lalaki? Sino ang katulad mo sa
Israel? Bakit hindi mo binantayang mabuti ang
iyong panginoong hari? May nakapasok sa
kampo para patayin ang haring panginoon mo!
16 Ganito mo ba tinutupad ang iyong tungkulin?
Saksi ko si Yawe na dapat kang mamatay sa-
pagkat hindi mo binantayan ang iyong pangi-
noon, ang hinirang ni Yawe. Hanapin mo ngayon
kung nasaan ang sibat ng hari at ang sisidlan ng
tubig na nasa kanyang ulunan.”
17 Nakilala ni Saul ang tinig ni David at nag-
tanong: “Boses mo ba 'yan, David, anak ko?”
Sumagot si David: “Boses ko nga, aking pangi-
noon, mahal na Hari! 18 Bakit ako tinutugis ng
aking panginoon? Ano ang nagawa ko? Anong
kasalanan ang nagawa ko? 19 Pakinggan nga-
yon ng aking panginoong hari ang sasabihin ng
kanyang lingkod. Kung si Yawe ang may kaga-
gawan para usigin ninyo ako, maglubag nawa
ang loob niya sa pamamagitan ng handog;
ngunit kung mga tao ang may gawa nito, sum-
pain sila sa harap ni Yawe sapagkat ipinagta-
buyan nila ako ngayon mula sa pakikibahagi ko
sa pamana ni Yawe na waring sinasabing 'Hu-
mayo ka at maglingkod sa ibang mga diyos.'
20 Huwag sanang pumatak sa lupa ang aking
dugo na malayo sa harap ni Yawe! Sapagkat
lumabas ang hari ng Israel para maghanap ng
isang pulgas lamang, gaya ng pangangaso sa
isang ibon sa kabundukan.”
21 Sinabi naman ni Saul: “Nagkasala ako!
Bumalik ka na, David, anak ko. Hindi na kita
muling gagawan ng masama sapagkat pinaha-
lagahan mo ang aking buhay sa araw na ito. Para
akong loko at labis na nagkamali.” 22 Sumagot si
David: “Heto ang inyong sibat, mahal na Hari!
Paparituhin ninyo ang isa sa inyong mga lingkod
para kunin ito. 23 Ginagantimpalaan ni Yawe ang
pagiging matuwid at matapat ng bawat isa. Sa
araw na ito, inilagay kayo ni Yawe sa aking mga
kamay ngunit ayaw kong pagbuhatan ng kamay
ang pinahiran ni Yawe. 24 Kung paano kong
pinahalagahan ngayon ang inyong buhay, pa-
halagahan din nawa ni Yawe ang aking buhay at
sagipin ako sa lahat ng kagipitan.”
25 At sinabi ni Saul kay David: “Pagpalain ka,
David, anak ko! Magtatagumpay ka sa lahat
mong gagawin.” Nagpatuloy na si David sa
kanyang landas at umuwi naman si Saul.

**Si David sa mga Pilisteo**

27 1 Naisip ni David: “Mamamatay ako
balang araw sa kamay ni Saul, mabuti
pang tumakas ako sa lupain ng mga Pilisteo at
nang magsawa si Saul sa paghanap sa akin sa
buong Israel at makawala ako sa kanyang mga
kamay.” 2 Kaya umalis si David at ang anim-
naraang tauhang kasama niya, at nagpunta kay
Akis na anak ni Maok at hari ng Gat. 3 Tumira
siya at ang kanyang mga tauhan sa piling ni Akis
sa Gat; kasama ng bawat isa ang kanyang
pamilya at kasama naman ni David ang dalawa
niyang asawang sina Ahinoam ng Jezrael at
Abigail ng Karmel na biyuda ni Nabal. 4 Nang
malaman ni Saul na tumakas si David sa Gat,
hindi na niya ito hinanap.
5 Sinabi ni David kay Akis: “Kung mabuti ang
pagtingin mo sa akin, pakibigyan mo naman
ako ng lugar na matitirhan sa isa sa mga bayan
sa kabukiran. Bakit maninirahang kasama mo
sa siyudad ng hari ang iyong lingkod?” 6 Nang
araw ding iyon, ibinigay ni Akis kay David ang
Siklag na hanggang ngayo'y sa mga hari na ng
Juda. 7 Isang taon at apat na buwang nanirahan
si David sa lupain ng mga Pilisteo.
8 Umahon si David at ang kanyang mga tau-
han at sinalakay ang mga Gesurita, ang mga
Gergeseo at ang mga Amalecita – sapagkat ang
mga ito ang nakatira sa lupaing sumasakop
mula Telem hanggang Sur at sa lupain ng
Ehipto. 9 Sa pagsalakay ni David sa isang lupain,
wala siyang itinitirang buhay, lalaki o babae, at
tinatangay ang mga tupa, baka, asno, kamelyo

at mga damit. At saka siya bumabalik kay Akis.
10 Tuwing tatanungin siya ni Akis: "Saan kayo
lumusob ngayon?" sumasagot si David, "Sa
timog ng Juda," o "Sa timog ng Jerameel," o "Sa
timog ng mga Kenita." 11 Walang itinitirang
buhay si David, lalaki o babae, para dalhin sa
Gat sapagkat naisip niyang "Baka magsalita sila
laban sa amin at sabihing 'Ito ang ginawa ni
David'." Gayon ang ginawa niya habang naka-
tira siya sa lupain ng mga Pilisteo. 12 Pinagka-
tiwalaan ni Akis si David at naisip niyang
"Kamuhi-muhi na si David sa kanyang bayang
Israel kayat magiging lingkod ko na siya habam-
panahon."

**Sumangguni si Saul sa babaeng espiritista**

28 • 1 Nang panahong iyon, tinipon
ng mga Pilisteo ang kanilang
hukbo para labanan ang Israel. Sinabi ni
Akis kay David: "Dapat mong malaman
na sasama ka sa akin sa hukbo pati ang
iyong mga tauhan." 2 Sumagot si David:
"Kaya makikita mo rin kung ano ang ma-
gagawa ng iyong lingkod." Sinabi ni Akis
kay David: "Gagawin kitang badigard ko
habang buhay."

3 Patay na noon si Samuel at ipinag-
luksa siya ng buong Israel, at inilibing siya
sa Rama na kanyang lunsod.

4 Nagtipon ang mga Pilisteo sa Sumen
at doon nagkampo; tinipon naman ni Saul
ang buong Israel at sa Gilboa sila nag-
kampo. 5 Nang makita ni Saul ang hukbo
ng mga Pilisteo, natakot siya at labis na
nangilabot ang kanyang puso.

6 Sinangguni ni Saul si Yawe pero hindi
sumagot si Yawe, maging sa panaginip o
sa Urim o sa mga propeta. 7 At sinabi ni
Saul sa kanyang mga utusan: "Ihanap
ninyo 'ko ng isang babaeng nakasasang-
guni sa espiritu ng mga patay upang ma-
kapunta ako sa kanya at makasangguni."
Sinabi sa kanya ng mga utusan: "Mayroon
sa Endor." 6b Sapagkat pinalayas na ni
Saul mula sa lupain ang mga midyum at
mga espiritista.

8 Nagbalatkayo si Saul, nagsuot ng
ibang damit at lumakad kasama ang
dalawa niyang tauhan. Gabi na nang
dumating sila sa babae at sinabi niya:
"Sumangguni ka sa espiritu para sa akin
at tawagin mo ang sasabihin ko sa iyo."
9 Ngunit sumagot ang babae: "Naku, alam
mo naman ang ginawa ni Saul, pinalayas
niya sa lupain ang mga midyum at espi-
ritista. Bakit mo inilalagay sa bitag ang
aking buhay, para ba patayin ako?"

10 Ngunit sumumpa si Saul sa ngalan ni
Yawe: "Saksi ko si Yawe – hinding-hindi ka
mapapahamak dahil dito."

11 At sinabi ng babae: "Sino ang gusto
mong tawagin ko?" At sumagot siya:
"Tawagin mo si Samuel."

12 Sumigaw nang malakas ang babae
nang makita niya si Samuel at sinabi kay
Saul: "Bakit ninyo ako nilinlang? Si Saul
kayo!" 13 At sinabi naman sa kanya ng
hari: "Huwag kang matakot. Pero ano ang
nakikita mo?" Sinabi ng babae: "Isang
diyos ang nakikita kong lumilitaw mula
sa lupa." 14 Tinanong ni Saul ang babae:
"Ano'ng itsura niya?" Sumagot ang ba-
bae: "Isang matandang nakakapa ang lu-
militaw."

At alam na ni Saul na si Samuel iyon, at
yumuko siyang abot sa lupa ang mukha.
15 Sinabi ni Samuel kay Saul: "Ba't mo 'ko

---

• **28.**1 Saanma'y hindi lumilitaw si Saul na napakalapit sa atin at taung-tao. Habang nakikipaglaro si David sa mga panganib nang hindi nawawalan ng kapanatagan, taglay ang pananalig kay Yawe at mahal ng lahat, mag-isa namang pinapasan ni Saul ang bigat ng kanyang kabalisahan. Wala na si Samuel na kaaway niya na puwede sana niyang kausapin at di sang-ayunan. Hindi na rin nagsasalita ang Diyos para kay Saul. Kaya naiwang nag-iisa ang tao sa harap ng isang mundong laban sa kanya at pinahihirapan ng kanyang mga pag-aalinlangan at kabalisahan.

Gustong pilitin ni Saul na magbigay ng magandang sagot ang Diyos. Ngunit sentensya ng kamatayan ang ibinibigay sa kanya ni Samuel. At payapa siyang umalis dahil hindi naman takot sa kamatayan ang nagpapabigat ng kanyang kalooban kundi ang pangungulila na bahagi na niya habang nasa poder siya. Naging pangkaraniwang tao na lamang gaya ng iba ang lalaking "matangkad mula balikat hanggang ulo sa lahat ng tao." At sa tulong ng isang babaeng pobre siya umaasa, isang makasalanan sa harap ng batas ng Diyos pero puno ng pang-unawa.

ipinatawag at ginambala?" Sumagot si
Saul: "Balisang-balisa ako. Nakikipagla-
ban sa akin ang mga Pilisteo at pinaba-
yaan na ako ng Diyos. Hindi na niya ako
sinasagot sa pamamagitan man ng mga
propeta o sa panaginip. Kaya ipinatawag
kita para sabihin sa akin ang dapat kong
gawin."
16 Sinabi ni Samuel: "Bakit mo 'ko tina-
tanong kung isinaisantabi ka na ni Yawe at
naging kaaway mo na siya. 17 Tinotoo ni
Yawe ang ipinasabi niya sa akin. Pinunit ni
Yawe ang kaharian mula sa iyong kamay
at ibinigay ito sa iyong kapwa, kay David.
18 Sapagkat hindi mo pinakinggan ang
tinig ni Yawe o isinakatuparan ang nag-
aapoy niyang poot sa mga Amalecita
kaya ginawa ito ngayon sa iyo ni Yawe.
19 At ibibigay pa ni Yawe ang Israel, ka-
sama ka, sa kamay ng mga Pilisteo. Bu-
kas, ikaw at ang iyong mga anak na lalaki
ay makakasama ko, at ibibigay ni Yawe
pati ang hukbo ng Israel sa kamay ng mga
Pilisteo."
20 Biglang nabuwal sa lupa si Saul nang
tuwid na tuwid dahil sa matinding sindak
sa mga salita ni Samuel. Wala nang na-
lalabing lakas sa kanya sapagkat mag-
hapo't magdamag siyang hindi kumakain
ng anuman.
21 Nilapitan ng babae si Saul at nakita
ang matinding takot nito, at sinabing "Si-
nunod kayo ng inyong lingkod at isinuong
sa panganib ang aking buhay at ginawa
ko ang inyong sinabi. 22 At ngayon, kayo
naman sana ang makinig sa inyong ling-
kod. Pabayaan ninyong hainan ko kayo
ng kaunting pagkain para magkaroon
kayo ng lakas na magpatuloy sa inyong
lakad."
23 Ngunit tumanggi si Saul at sinabing
"Hindi ako kakain." Pinilit siya ng kan-
yang mga utusan at ng babae, at pinag-
bigyan niya ang mga ito. Bumangon siya
mula sa lupa at naupo sa higaan. 24 Agad
namang kinatay ng babae ang pinatabang
guya sa bahay; kumuha ng harina, mi-
nasa at nilutong tinapay na walang leba-
dura. 25 At inihain ang mga ito kay Saul at
sa mga utusan nito. Kumain sila at saka
umalis nang gabi ring iyon.

**29** 1 Tinipon ng mga Pilisteo ang lahat
nilang hukbo sa Afek, at nagkampo
naman ang mga Israelita sa tabi ng bukal sa
Jezrael. 2 Samantalang nangunguna ang mga
pinuno ng mga lunsod ng mga Pilisteo sa kani-
lang mga pangkat ng daan-daan at libu-libo,
kasama naman ni Akis sa hulihan si David at ang
kanyang mga tauhan. 3 Nagtanong ang mga
pinunong Pilisteo: "Sino ba ang Hebreong ito?"
Sinabi ni Akis sa mga pinunong Pilisteo: "Ito
si David na lingkod ni Saul na hari ng Israel.
Matagal ko na siyang kasama, mahigit nang
isang taon, at wala naman akong maipipintas sa
kanya."
4 Ikinagalit iyon ng mga pinunong Pilisteo at
sinabi sa kanya: "Pabalikin mo ang taong iyan
nang makauwi siya sa lugar na ibinigay mo sa
kanya. Hindi siya dapat sumama sa atin sa
labanan sapagkat baka bumaligtad pa siya la-
ban sa atin. At paano pa siya muling mapapa-
lapit sa kanyang amo kundi sa pamamagitan ng
mga ulo ng ating mga tauhan? 5 Hindi ba't ito ang
David na sinayawan nila't inawitan ng 'Napatay
ni Saul ang kanyang libu-libo at ni David naman
ang kanyang laksa-laksa'?"
6 Kaya tinawag ni Akis si David at sinabi sa
kanya: "Alam ni Yawe na ikaw ay mapagka-
katiwalaan at ikalulugod kong makasama ka sa
kampo sapagkat wala akong nakitang masama
sa iyo mula nang lumapit ka noon sa akin
hanggang sa araw na ito. Pero hindi maganda
ang tingin sa iyo ng mga pinuno. 7 Bumalik ka na
at tahimik na umalis, at huwag inisin ang mga
pinunong Pilisteo."
8 Tinanong ni David si Akis: "Pero ano ang
nagawa ko? Ano ang nakita mo sa iyong lingkod
mula nang humarap ako sa iyo hanggang sa
araw na ito para hindi ako makasama at maki-
paglaban sa mga kaaway ng panginoon kong
hari?" 9 Sumagot si Akis kay David: "Alam kong
para kang isang anghel ng Diyos na kalugud-
lugod sa akin pero ayaw ng mga pinunong
Pilisteo na pasamahin ka sa labanan. 10 Kaya
maaga kang gumising bukas pati na ang ka-
sama mong mga lingkod ng iyong panginoon."
11 At maaga ngang gumising kinabukasan si
David at ang kanyang mga tauhan, umalis pag-
bubukanliwayway at nagbalik sa lupain ng mga
Pilisteo. Umahon naman sa Jezrael ang mga
Pilisteo.

**Ang paglupig sa Siklag**

**30** • 1 Dumating si David at ang kan-
yang mga tauhan sa Siklag sa
ikatlong araw pero nalusob na ng mga
Amalecita ang Negeb pati ang Siklag at
sinunog iyon. 2 Binihag nila ang mga
babae at lahat ng naroon, bata man o
matanda. Wala silang pinatay kundi
isinama ang mga iyon sa kanilang pag-
alis.

3 Pagdating ni David at ng kanyang
mga tauhan sa lunsod, hayu't sunog ito at
natangay ang kanilang mga asawa't mga
anak. 4 Umiyak nang malakas si David at
ang kanyang mga kasama hanggang
wala na silang mailuha. 5 Nabihag ang da-
lawang asawa ni David na sina Ahinoam
ng Jezrael at Abigail ng Karmel na biyuda
ni Nabal.

6 Balisang-balisang si David sapagkat
pinag-uusapan ng mga tao na batuhin
siya dala ng sama ng loob dahil sa sinapit
ng kanilang mga anak. Ngunit nakatagpo
ng lakas si David kay Yaweng kanyang
Diyos. 7 Sinabi ni David sa paring si
Abiatar na anak ni Ahimelek na dalhin sa
kanya ang efod. Dinala nga ni Abiatar ang
efod kay David, 8 at sinangguni ni David si
Yawe: "Hahabulin ko ba ang mga suma-
lakay? Maaabutan ko ba naman sila?" At
sumagot si Yawe: "Habulin mo sila sapag-
kat maaabutan mo sila at mababawi ang
mga bihag."

9 Lumakad si David kasama ang anim-
naraan niyang tauhan, at dumating sila sa
sapa ng Besor. Naiwan doon 10 ang dala-
wandaang tauhan na pagod na para ma-
katawid pa sa sapa. At nagpatuloy si David
sa paghabol kasama ang apatnaraan.

11 May natagpuan silang isang Ehipsiyo
sa bukid at iniharap nila ito kay David.
Binigyan siya ng pagkain at kanilang pi-
nainom, 12 at binigyan pa rin ng kapira-
song bibingkang igos at dalawang buwig
na pasas. Kumain ang Ehipsiyo at na-
numbalik ang kanyang lakas dahil tatlong
araw at tatlong gabi na itong hindi kuma-
kain at hindi umiinom. 13 At sinabi sa
kanya ni David: "Sino ang amo mo at
tagasaan ka?" Sumagot siya: "Ako'y
isang Ehipsiyo, alipin ng isang Amalecita.
Iniwan ako ng aking amo noong maka-
lawa sapagkat nagkasakit ako. 14 Sinala-
kay namin ang Negeb ng mga Kereteo at
ang lupain ng Juda at ang Negeb ng
Kaleb, at sinunog namin ang Siklag."

15 At sinabi ni David sa kanya: "Masa-
samahan mo ba ako sa pangkat na ito?"
Sumagot siya: "Isumpa ninyo sa ngalan
ng Diyos na hindi ninyo 'ko papatayin o
ibabalik sa aking amo, at sasamahan ko
kayo sa kanila."

16 At sinamahan ng Ehipsiyo si David.
Hayun sila nakakalat sa buong kampo,
nagkakainan, nag-iinuman at pinagpipi-
yestahan ang napakaraming nasamsam
sa lupain ng mga Pilisteo at sa lupain ng
Juda. 17 Nakipaglaban si David sa mga ito
mula dapithapon hanggang kinagabihan
ng sumunod na araw, at walang nakata-
kas sa kanila liban sa apatnaraang kaba-
taang nakaalis na sakay sa kamelyo.

18 Nabawi ni David ang lahat ng kinuha
ng mga Amalecita pati ang dalawa niyang
asawa. 19 Walang nawala, mula sa maliit
hanggang sa malaki, sa mga anak na lalaki
o babae, sa mga nasamsam at sa lahat ng
kinuha ng mga Amalecita – nabawing lahat

• **30.1** Isa ito sa mga pangyayaring iyon na parang lubos na napuksa na si David.

*Ngunit nakatagpo ng lakas si David kay Yaweng kanyang Diyos.* Hindi pa rin siya nawawalan ng pag-asa kahit na nasa kailalim-ilaliman siya.

*Patas lamang ang kaparte ng nakipaglaban at ng naiwan sa mga gamit.* Itinataguyod ni David ang pagkakabuklod ng mga mandirigma: babahaginan ang lahat, sa halip na bayaran ang bawat isa ayon sa bunga ng kanyang mga pagsisikap. Hindi niya tinatanggap ang pagkakabukod na madalas nating ginagawa sa mga naglilingkod at "sa mga di naglilingkod." Ang konseptong ito ng panlipunang pagkakabuklod ang siya ring nagbibigay-buhay sa lahat ng batas sa Deuteronomio.

Si David ang nagiging kaluluwa at tagapagbigay-buhay ng grupo. Makikita rito kung paano siya mamumuno kapag naging hari na siya at tagapagturo ng kanyang bayan.

ni David. 20 At kinuha ni David ang lahat ng
tupa at baka, at itinaboy nila ang kawang
ito na nauuna kay David, at sinabing "Ito ang
samsam ni David!"

21 Binalikan ni David ang dalawan-
daang lalaking pagod na pagod na para
makasunod pa sa kanya at kanya na-
mang pinaiwan sa sapa ng Besor. Sina-
lubong ng mga ito si David at lahat ng
kasama niya. Nilapitan sila at kinumusta
ni David.

22 Ngunit may mga taong masama at
patapon sa mga kasama ni David at
sinabi ng mga ito: "Dahil hindi sila su-
mama sa atin, hindi sila dapat partihan sa
ating nasamsam. Kunin lang ng bawat isa
sa kanila ang kanyang asawa at mga
anak, at makakaalis na sila."

23 Sinabi naman ni David: "Mga kapa-
tid, hindi ninyo dapat gawin 'yan sa bigay
sa atin ni Yawe. Iningatan niya tayo at
ibinigay sa ating mga kamay ang pangkat
na lumusob sa atin. 24 Sino ang makikinig
sa inyo sa bagay na ito? Patas lamang ang
kaparte ng nakipaglaban at ng naiwan sa
mga gamit; sama-sama silang makiki-
bahagi." 25 Mula nga nang araw na iyon
hanggang ngayon, naging tuntunin na ito
at kaugalian sa Israel.

26 Pagkarating ni David sa Siklag, pina-
dalhan niya ng kaparte sa nasamsam ang
mga matatanda ng Juda, ang kanyang
mga kaibigan, at sinabing "Narito ang pa-
salubong para sa inyo mula sa nasamsam
sa mga kaaway ni Yawe."

27 Pinadalhan niya ang mga nasa Betel,
Ramot, Negeb, Yatir, 28 Aroer, Sifmot, Este-
moa, 29 Karmel, mga lunsod ng Jerameel
at ng mga Kenita, 30 Horma, Bor-Asan,
Atak, 31 Hebron, at lahat ng lugar ng tinigi-
lan ni David at ng kanyang mga tauhan.

**Pagkamatay ni Saul**

**31** • 1 Nakipagdigma ang mga Pilisteo
sa Israel, at tumakas ang mga Is-
raelita at marami ang nabuwal at namatay
sa Bundok Gilboa.

2 Nasukol ng mga Pilisteo si Saul at ang
kanyang mga anak na lalaki, at pinatay
nila sina Yonatan, Abinadab at Malkisua
na mga anak ni Saul. 3 Naging matindi
ang sagupaan sa paligid ni Saul at natakot
siya nang makita siya ng mga manu-
nudla.

4 At sinabi ni Saul sa kanyang tagapag-
dala ng kalasag: "Bunutin mo ang iyong
tabak at saksakin ako, kung hindi'y ang
mga supot na ito ang darating at sasaksak
sa akin at paglalaruan ako." Ngunit ayaw
iyong gawin ng kanyang tagapagdala ng
kalasag dahil sa labis na takot. Kaya binu-
not ni Saul ang sariling tabak at ibinagsak
ang katawan dito. 5 Nang makita ng taga-
pagdala ng kalasag na patay na si Saul,
nagsaksak na rin siya sa sarili at kasa-
mang namatay ni Saul.

6 Kaya magkakasamang namatay nang
araw na iyon si Saul at ang kanyang tat-
long anak na lalaki at ang tagapagdala
niya ng kalasag pati ang lahat niyang
tauhan.

7 Nang makita ng mga Israelita sa kabi-
lang dako ng lambak at ng mga nasa
kabilang ibayo ng Jordan na tumakas na
ang hukbo ng Israel at patay na si Saul at
ang mga anak nito, iniwan na rin nila ang
kanilang mga lunsod at nagsitakas. Du-
mating naman ang mga Pilisteo at ang
mga ito ang tumira roon.

8 Kinabukasan, dumating ang mga
Pilisteo para hubaran ang mga patay, at
nakita nilang patay si Saul at ang tatlo
nitong anak sa Bundok Gilboa. 9 Pinu-
gutan nila ng ulo si Saul at kinuha ang
kanyang mga sandata at nagpasugo sa
buong lupain ng mga Pilisteo upang ipa-
hayag ang magandang balita sa mga
templo ng kanilang mga diyus-diyusan at
sa mga tao. 10 Inilagay nila ang mga
sandata ni Saul sa templo ni Astarte at
ipinako ang kanyang bangkay sa pader
ng Betsan.

11 Nang mabalitaan ng mga taga-